ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • PEBRERO 2014

# Liahona



## 10 Paraan para Masunod ang Plano ng Panginoon sa Inyong Buhay, p. 14

**Pagkakaisa sa mga Korum ng Pitumpu—Isang Huwarang Dapat Sundan, p. 38**

**Bakit Mahalaga ang Inyong mga Pagpili? p. 62**

**Si Paul at ang Desisyon Ko sa Pakikipagdeyt, p. 65**



*"Mapalad ang tao na tumitiwala sa Panginoon, at ang pagasa ay ang Panginoon.*

*"Sapagka't siya'y magiging parang punong kahoy na itinanim sa tabi ng tubig, at naguugat sa tabi ng ilog, at . . . ang kaniyang dahon ay magiging sariwa."*

Jeremias 17:7–8

# Liahona, Pebrero 2014



4

## MGA MENSAHE


**4 Mensahe ng Unang Panguluhan: Paglingkuran ang Panginoon nang May Pagmamahal**
Ni Pangulong Thomas S. Monson

**7 Mensahe sa Visiting Teaching: Ang Banal na Misyon ni Jesucristo: Mabuting Pastol**


## TAMPOK NA MGA ARTIKULO


**14 Pamumuhay nang May Kapayapaan, Kagalakan, at Layunin**
Ni Elder Richard G. Scott
*Matutulungan kayo ng 10 pagpipiliang ito na magtakda ng huwaran para sa tagumpay at kaligayahan sa buhay.*

**22 Tipang Abraham**
*Kabahagi ang bawat miyembro ng Simbahan sa tipang Abraham. Ipakikita sa inyo ng tsart na ito ang kasaysayan nito.*

**26 Mga Pioneer sa Bawat Lupain: "Ang Napakalawak na Imperyong Iyon"—Ang Pag-unlad ng Simbahan sa Russia**
Ni James A. Miller
*Ang mga Banal sa mga Huling Araw ay sumalig sa mga makabagong propesiya para maitatag ang Simbahan sa Russia.*

**32 Pangangalaga sa Ating Bagong Buhay**
Ni Eve Hart
*Ibinabahagi ng mga miyembro sa iba't ibang panig ng mundo kung paano sila nagtanim ng binhi ng pananampalataya at matibay na nakakapit sa ebanghelyo.*

**38 Pagkakaroon ng Espirituwal na Kapangyarihan sa mga Korum ng Priesthood**
Ni Elder Ronald A. Rasband
*Ang pagkakaisa at pagmamahalan sa mga Korum ng Pitumpu ay maaaring magsilbing huwaran sa lahat ng korum ng priesthood.*


## MGA BAHAGI


**8 Notebook ng Kumperensya ng Oktubre 2013**

**10 Mga Propeta sa Lumang Tipan: Noe**

**11 Pagtuturo ng *Para sa Lakas ng mga Kabataan:* Paglilingkod**


**12 Ating mga Tahanan, Ating mga Pamilya: Paghahanda na Maging Walang-Hanggang Pamilya**
Ni Marco Castro Castro

**44 Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

**80 Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Mga Palatandaan**
Ni Jerry Peak


**SA PABALAT**
Harap: Paglalarawan ni Leslie Nilsson. Panloob na pabalat sa harap: Larawang kuha © Yann Arthus-Bertrand/Altitude.

MGA YOUNG ADULT



48 **Magsalita, Makinig, at Magmahal**
Ni Mark Ogletree
*Ang pagbalanse sa tatlong uri ng pag-uusap ay maaaring humantong sa magandang relasyon.*

MGA KABATAAN

52 **Mga Pagpapala ng Templo**
Ni Elder Robert D. Hales
*Ang paghahanda natin sa pagpasok sa templo ay isa sa mga pinakamahalagang karanasan sa buhay.*

56 **Mga Tanong at mga Sagot**
*Napakalayo ng templo kaya hindi ako madalas pumunta roon. Paano magiging mas malaking bahagi ng buhay ko ngayon ang templo?*

58 **Para sa Lakas ng mga Kabataan: Tapat at Mapagmahal na Paglilingkod**
Ni Carol F. McConkie

60 **Pamamahagi ng mga Home-Return Kit**
Ni Olivet Gasang
*Libu-libong tahanan ang sinira ng mapaminsalang bagyo. Ngayon ang pagkakataon kong maglingkod.*

61 **Paano Punuin ang Inyong Aklat ng Buhay**
Ni Elder L. Tom Perry
*Paano pupunuin ang inyong buhay ng mga aktibidad na "Natutuwa ako na ginawa ko."*

62 **Bakit Mahalaga ang Pagpili**
Ni Mindy Raye Friedman

65 **Makipagdeyt o Huwag Makipagdeyt**
Ni Savannah M. Smithson
*Gusto akong ideyt ni Paul, at mabuti siyang kaibigan. Bakit hindi ako puwedeng sumama?*

MGA BATA



66 **Ang Pag-aani**
Ni Elder Koichi Aoyagi
*Kalahati pa lang ang naaaning palay. Sa ganitong sitwasyon, hindi ako papayagang magsimba.*

67 **Mahal Kayo ng Ama sa Langit**
Ni Pangulong Thomas S. Monson

68 **Pinakamabuting Pamilya Magpakailanman**
Ni Olivia Corey
*Ayaw isali ng ibang mga bata si Olivia. Hindi niya inisip na makatutulong ang isang baldeng pintura.*

70 **Natatanging Saksi: Bakit napakahalagang maglingkod sa iba?**
Ni Elder M. Russell Ballard

71 **Ang Ating Pahina**

72 **Pakikipagkaibigan sa Iba't Ibang Panig ng Mundo: Ako si Arina mula sa Russia**
Ni Amie Jane Leavitt


74 **Dalhin sa Tahanan ang Turo sa Primary: May Plano ang Ama sa Langit para sa Kanyang mga Anak**

76 **Para sa Maliliit na Bata**

81 **Larawan ng Propeta: Spencer W. Kimball**




***Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Mahalaga ito.***



**PEBRERO 2014 TOMO 17 BLG. 2**
**LIAHONA 10982 893 (ISSN 1096-5165)**
Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Craig A. Cardon
**Mga Tagapayo:** Jose L. Alonzo, Mervyn B. Arnold, Shayne M. Bowen, Stanley G. Ellis, Christoffel Golden

**Namamahalang Direktor:** David T. Warner
**Direktor ng Operations:** Vincent A. Vaughn
**Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:** Allan R. Loyborg

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson
**Assistant na Namamahalang Patnugot:** Ryan Carr
**Writing and Editing Team:** Susan Barrett, Brittany Beattie, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Mindy Raye Friedman, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Jennifer Grace Jones, Michael R. Morris, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe, Marissa Widdison

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Tadd R. Peterson
**Disenyo:** Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, C. Kimball Bott, Tom Child, Nate Gines, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Mark W. Robison, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst

**Intellectual Property Coordinator:** Collette Nebeker Aune
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Production Team:** Kevin C. Banks, Connie Bowthorpe Bridge, Julie Burdett, Bryan W. Gygi, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Gayle Tate Rafferty
**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick
**Direktor sa Pamamahagi:** Stephen R. Christiansen

**Pagsasalin:** Maria Paz San Juan

Para sa suskrisyon ng magasin at pagpapanibago ng suskrisyon nito, bisitahin ang http://store.lds.org. Huwag kalimutang isaad ang iyong ward/branch bilang address na pagpapadalhan ng iyong suskrisyon.

Kung mayroong mga tanong tungkol sa suskrisyon tawagan lamang ang Global Service Center (GSC) ng Simbahan sa bilang na 1800-8-680-3950 para sa mga PLDT at Smart subscriber o 1800-1-441-0687 para sa mga Globe subscriber.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong** online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2014 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Pilipinas. Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

# Mga Ideya para sa Family Home Evening

*Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang dalawang halimbawa.*



PAGLALARAWAN NI CRAIG DIMOND

**"Noe,"** pahina 10: Isiping isalaysay ang kuwento ni Noe gamit ang mga shadow puppet. Sa isang madilim na silid, ilawan (ng flashlight o iba pang pang-ilaw) ang dingding. Magagamit ninyo ng inyong pamilya ang inyong mga braso at kamay upang gumawa ng mga anino sa dingding para magkuwento tungkol sa bangka, mga hayop, ulan, kalapati, at bahaghari. Isiping tapusin ang aktibidad sa pamamagitan ng pagtalakay sa mga paraan na masusunod natin ang ating mga buhay na propeta ngayon at sa pagkanta ng "Propeta'y Sundin" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 58–59) o isa pang awitin tungkol sa mga propeta.

**"Pinakamabuting Pamilya Magpakailanman,"** pahina 68: Isiping magdaos ng isang aktibidad na magpapatibay sa pagkakaibigan ng mga miyembro ng pamilya. Maaari kayong magpintura, tulad ng ginawa nina Olivia at Jane, o gumawa ng ibang proyekto. Pagkatapos, maaari ninyong talakayin kung paano harapin ang pamimilit ng barkada at pag-isipan ang mga pagpapala ng pagkakaroon ng matibay na pagkakaibigan sa inyong pamilya. Maaari ninyong pag-usapan ang mga tao mula sa mga banal na kasulatan na napalakas ng pakikipagkaibigan sa mga kapamilya: halimbawa, sina Maria at Elisabet, Nephi at Sam, at Joseph at Hyrum Smith.


## SA INYONG WIKA

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa **languages.lds.org.**

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*

***Binyag,*** *71*
***Espiritu Santo,*** *45, 80*
***Gawaing misyonero,*** *26, 32, 66, 71*
***Gawain sa templo,*** *14, 26, 32, 52, 56*
***Ilaw, liwanag,*** *45*
***Jesucristo,*** *7, 14, 47*
***Kagalakan,*** *14*
***Kalayaan,*** *61, 62*
***Kapayapaan,*** *14*
***Kasal, pag-aasawa,*** *12, 48, 52*
***Kautusan, mga,*** *62, 66*
***Kimball, Spencer W.,*** *81*
***Korum, mga,*** *38, 44*
***Mithiin, mga,*** *62*
***Noe,*** *10*
***Pagbabalik-loob,*** *32, 46*
***Paglilingkod,*** *4, 11, 14, 32, 38, 44, 58, 60, 70*
***Pagmamahal,*** *4, 46, 48, 67*
***Pagsubok, mga,*** *32*
***Pakikipagdeyt,*** *65*
***Pamantayan, mga,*** *14, 65*
***Pamilya,*** *12, 32, 68*
***Pananampalataya,*** *14, 47*
***Pasasalamat,*** *60*
***Patotoo,*** *32*
***Pioneer, mga,*** *26*
***Plano ng kaligtasan,*** *22, 61, 62, 74*
***Priesthood,*** *22, 38*
***Russia,*** *26, 72*
***Sabbath,*** *66*
***Tipan,*** *22*
***Tungkulin, mga,*** *14, 32*



Ni Pangulong
Thomas S. Monson

# PAGLINGKURAN ANG PANGINOON NANG MAY Pagmamahal

Itinuro ng Panginoong Jesucristo, "Sinomang magibig iligtas ang kaniyang buhay, ay mawawalan nito: datapuwa't sinomang mawalan ng kaniyang buhay dahil sa akin, ay maililigtas nito yaon" (Lucas 9:24).

"Naniniwala ako," sabi ni Pangulong Thomas S. Monson, "na sinasabi sa atin ng Tagapagligtas na maliban na kalimutan natin ang ating sarili sa paglilingkod sa iba ay [kakatiting] lamang ang layunin ng ating buhay. Ang mga nabubuhay para sa sarili lamang nila ay nangunguluntoy at nawawalan ng buhay, samantalang ang mga lumilimot sa kanilang sarili sa paglilingkod sa iba ay umuunlad at nananagana—at tunay na naliligtas ang kanilang buhay."[1]

Sa sumusunod na mga halaw mula sa paglilingkod ni Pangulong Monson, ipinaalala niya sa mga Banal sa mga Huling Araw na sila ay mga kamay ng Panginoon at na naghihintay ang mga pagpapala ng kawalang-hanggan sa mga taong tapat na naglilingkod sa kapwa.

## Paglilingkod sa Templo

"Dakilang paglilingkod ang ibinibigay kapag nagsasagawa tayo ng mga ordenansa para sa mga namatay na. Maraming [pagkakataon] na hindi natin alam kung para kanino natin ginagawa ito. Hindi tayo naghihintay na pasalamatan, ni wala tayong katiyakan na tatanggapin nila ang iniaalok natin. Gayunman, naglilingkod tayo, at sa prosesong iyan nakakamtan natin ang bagay na di-makakamtan sa ibang paraan: tayo ay tunay na nagiging mga tagapagligtas sa Bundok ng Sion. Kung paanong ibinigay ng Tagapagligtas ang Kanyang buhay sa sakripisyong ginawa para sa atin, kahit paano ginagawa rin natin iyon kapag gumagawa tayo sa templo para sa mga walang magawa upang sumulong maliban na may gawin para sa kanila ang mga tao dito sa lupa."[2]

## Tayo ang mga Kamay ng Panginoon

"Mga kapatid, napaliligiran tayo ng mga taong nangangailangan ng ating pansin, ating paghikayat, ating suporta, pag-alo, kabaitan—sila man ay mga kapamilya, kaibigan, kakilala o dayuhan. Tayo ang mga kamay ng Panginoon dito sa lupa, na inutusang maglingkod at tulungan ang Kanyang mga anak. Umaasa Siya sa bawat isa sa atin. . . .

"Ang paglilingkod kung saan tinawag tayong lahat ay ang paglilingkod ng Panginoong Jesucristo."[3]

## Paglilingkod na Katulad ng Tagapagligtas

"Sa Lupain ng Amerika, ipinahayag ng nabuhay-na-muling Panginoon, 'Alam ninyo ang mga bagay na kinakailangan ninyong gawin sa aking simbahan; sapagkat ang mga gawang nakita ninyong ginawa ko ay siya rin ninyong gagawin; sapagkat yaong nakita ninyong ginawa ko ay gayon din ang nararapat ninyong gawin' [3 Nephi 27:21].

"Pinagpapala natin ang iba kapag naglingkod tayo nang katulad ni 'Jesus na taga Nazaret . . . na naglilibot na gumagawa ng mabuti' [Mga Gawa 10:38]. Nawa'y pagpalain tayo ng Diyos na magalak tayo sa paglilingkod sa ating Ama sa Langit habang naglilingkod tayo sa Kanyang mga anak sa daigdig."[4]

## Ang Pangangailangang Maglingkod

"Kailangan [tayong] mabigyan ng pagkakataong maglingkod. Para sa mga miyembrong hindi aktibo o nag-aatubili at ayaw magkompromiso, maaari tayong



mapanalanging maghanap ng ilang paraan na matulungan sila. Ang paghiling sa kanila na maglingkod sa isang tungkulin ay maaaring ang mismong dahilan na kailangan nila upang maging lubos na aktibo. Ngunit yaong mga lider na maaaring tumulong sa ganitong paraan ay nag-aatubili kung minsan na gawin ito. Dapat nating isaisip na maaaring magbago ang mga tao. Maaari nilang talikuran ang kanilang masasamang bisyo. Maaari silang magsisi sa kanilang mga kasalanan. Maaari silang maging karapat-dapat na humawak ng priesthood. At maaari silang maglingkod sa Panginoon nang buong sigasig."[5]

## Ginagawa Ba Natin ang Lahat ng Nararapat?

"Kailangan ng daigdig ang ating tulong. Ginagawa ba natin ang lahat ng nararapat? Naaalala ba natin ang mga salita ni Pangulong John Taylor: 'Kung hindi ninyo gagampanan ang inyong mga tungkulin, papanagutin kayo ng Diyos sa mga maaari sana ninyong nailigtas kung ginawa ninyo ang inyong tungkulin'? [*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: John Taylor* (2001), 197]. May mga paa na dapat mapatatag, kamay na dapat abutin, isipan na dapat mahikayat, puso na dapat mapasigla, at mga kaluluwa na dapat mailigtas. Ang pagpapala ng kawalang-hanggan ay naghihintay sa inyo. Pribilehiyo ninyo na hindi maging tagapanood kundi maging kabahagi sa entablado ng paglilingkod."[6] ■

### MGA TALA

1. "Ano ang Nagawa Ko Ngayon para sa Isang Tao?" *Liahona,* Nob. 2009, 85.
2. "Hanggang sa Muli Nating Pagkikita," *Liahona,* Mayo 2009, 113–14.
3. "Ano ang Nagawa Ko Ngayon para sa Isang Tao?" 86, 87.
4. "Ang Panawagan ng Tagapagligtas na Maglingkod," *Liahona,* Ago. 2012, 5.
5. "Tingnan ang Kapwa ayon sa Maaaring Kahinatnan Nila," *Liahona,* Nob. 2012, 68.
6. "Handa at Karapat-dapat na Maglingkod," *Liahona,* Mayo 2012, 69.
7. *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin: Mapagkukunang Gabay sa Pagtuturo ng Ebanghelyo* (2000), 14

### PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

"Kung mayroon kayong pag-ibig na tulad ng kay Cristo, kayo ay mas nahahanda na ituro ang ebanghelyo. Kayo ay mabibigyang-inspirasyon na tulungan ang iba na makilala ang Tagapagligtas at tularan Siya."[7] Isiping ipagdasal na maragdagan ang inyong pag-ibig sa kapwa para sa mga binibisita ninyo. Kapag nagkaroon kayo ng pag-ibig na tulad ng kay Cristo para sa kanila, mas makapaglilingkod kayo sa makabuluhang mga paraan kapwa sa Panginoon at sa inyong mga tinuturuan.

PAGLALARAWAN NI JERRY L. GARNS

MGA KABATAAN

## Paglilingkod sa Tag-init

**Ni Elizabeth Blight**

Isang tag-init nag-ukol ako ng panahon sa ibang bansa sa pagtulong sa mga batang may kapansanan. Nang una kong makilala ang mga bata, sobra ang kaba ko. Hindi ako marunong ng wika nila, pero nagtiwala ako na gagabayan ako ng Espiritu sa pakikisalamuha ko sa kanila. Nang makilala ko ang bawat bata, natanto ko na hindi hadlang ang wika sa pagmamahal. Naglaro, tumawa, at gumawa kami ng mga likhang-sining ng mga bata at hindi ko napigilang mahalin sila nang lubusan. Nadama ko ang pagmamahal ng Ama sa Langit para sa Kanyang mga anak, at hindi ko maipaliwanag ang galak sa puso ko.

Tuwing naglilingkod ako sa iba, nakadarama ako ng pagmamahal hindi lamang para sa mga pinaglilingkuran ko kundi maging para sa Ama sa Langit. Talagang nalaman ko na "kung kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos" (Mosias 2:17). Ang layunin ng aking paglilingkod, sa malalaking proyektong pangserbisyo man o sa mumunting mga kabaitan, ay para luwalhatiin ang Diyos (tingnan sa Mateo 5:16). Umaasa ako na habang naglilingkod ako sa iba, makikita ng mga tao ang aking pagmamahal para sa Ama sa Langit at ang Liwanag ni Cristo na nag-aalab sa aking kalooban.

*Ang awtor ay naninirahan sa Virginia, USA.*

MGA BATA

## Dugtung-dugtong na Pagmamahal

Magpatulong sa isang adult sa paggupit ng 28 maninipis na piraso ng papel, na bawat isa ay mga 1 pulgada (2.5 sentimetro) ang lapad at mga 8 pulgada (20 sentimetro) ang haba. Bawat araw sa buwang ito, maglingkod para ipakita ang pagmamahal mo sa isang tao. Matutulungan mo ang iyong mga magulang na linisin ang bahay ninyo o abutan ng maikling liham ang isang kapitbahay.

Isulat sa isa sa iyong mga piraso ng papel kung paano ka naglingkod bawat araw, at saka mo iteyp o pagdikitin ang magkabilang dulo ng papel para makagawa ng bilog. Pagdugtung-dugtungin ang mga bilog mo sa pagsusulot ng isang dulo ng bagong papel sa binilog na papel na ginawa mo kahapon bago mo iteyp o pagdikitin ang magkabilang dulo ng bagong papel. Masdan ang pagdami ng iyong dugtung-dugtong na pagmamahal! Maaari mo pang dagdagan ang iyong kawing ng paglilingkod pagkaraan ng Pebrero.



LARAWANG KUHA NI CHRISTINA SMITH

*Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at hangaring malaman kung ano ang ibabahagi. Paano pag-iibayuhin ng pag-unawa sa buhay at misyon ng Tagapagligtas ang inyong pananampalataya sa Kanya at pagpapalain ang mga pinangangalagaan ninyo sa pamamagitan ng visiting teaching? Para sa iba pang impormasyon, magpunta sa* ***reliefsociety.lds.org****.*

# Ang Banal na Misyon ni Jesucristo: Mabuting Pastol

*Ito ay bahagi ng isang serye ng Mga Mensahe sa Visiting Teaching tampok ang mga aspeto ng misyon ng Tagapagligtas.*

Itinuro ni Jesucristo, ang Mabuting Pastol:

"Aling tao sa inyo, na kung mayroong isang daang tupa, at mawala ang isa sa mga yaon ay hindi iiwan ang siyam na pu't siyam sa ilang, at hahanapin ang nawala, hanggang sa ito'y kaniyang masumpungan? . . .

"Sinasabi ko sa inyo, na . . . magkakatuwa sa langit dahil sa isang makasalanang nagsisisi" (Lucas 15:4, 7).

Kapag naunawaan natin na si Jesucristo ang Mabuting Pastol, madaragdagan ang ating hangaring tularan ang Kanyang halimbawa at paglingkuran yaong mga nangangailangan. Sinabi ni Jesus: "Ako ang mabuting pastor; at nakikilala ko ang sariling akin, at ang sariling akin ay nakikilala ako. . . . At ibinibigay ko ang aking buhay dahil sa mga tupa" (Juan 10:14–15). Dahil sa Pagbabayad-sala ni Cristo, wala ni isa sa atin ang lubhang maliligaw ng landas na hindi natin makikita ang ating daan pauwi (tingnan sa Lucas 15).



Sabi ni Pangulong Thomas S. Monson, "Responsibilidad nating pangalagaan ang kawan. . . . Bawat isa nawa'y tumanggap ng tungkulin."[1]

### *Mula sa mga Banal na Kasulatan*

Mga Awit 23; Isaias 40:11; Mosias 26:21

**MGA TALA**

1. Thomas S. Monson, "Mga Tahanang Banal, mga Walang Hanggang Pamilya," *Liahona,* Hunyo 2006, 70.
2. Elizabeth Ann Whitney, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 152.
3. Thomas S. Monson, "Ano ang Nagawa Ko Ngayon para sa Isang Tao?" *Liahona,* Nob. 2009, 86.
4. James E. Faust, "Ang mga Nawawalay Kanyang Hinahanap Din," *Liahona,* Mayo 2003, 68.

### *Ano ang Magagawa Ko?*

1. Paano naghahatid ng kapayapaan sa ating buhay ang kaalaman na ang Tagapagligtas ang Mabuting Pastol?

2. Paano ko matutulungan ang mga magulang na ang mga anak ay nalihis mula sa pamumuhay ng ebanghelyo?

**Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan**

### *Mula sa Ating Kasaysayan*

Sinabi ni Elizabeth Ann Whitney, na dumalo sa unang miting ng Relief Society, tungkol sa pagpapabinyag niya noong 1830: "Pagkarinig ko sa Ebanghelyo na ipinangaral ng mga Elder, alam ko na iyon ang tinig ng Mabuting Pastol."[2] Sinunod ni Elizabeth ang tinig ng Mabuting Pastol at nabinyagan at nakumpirma.

Maririnig din natin ang tinig ng Mabuting Pastol at maibabahagi ang Kanyang mga turo sa iba. Sinabi ni Pangulong Monson, "Tayo ang mga kamay ng Panginoon dito sa lupa, na inutusang maglingkod at tulungan ang Kanyang mga anak."[3]

Tulad ng paghahanap ng isang pastol sa isang tupang nawawala, maaaring hanapin ng mga magulang ang isang anak na nalihis ng landas. Sabi ni Pangulong James E. Faust (1920–2007), Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan: "Sa nagdurusang mga magulang na naging mabuti, masikap, at madasalin sa pagtuturo sa kanilang suwail na mga anak, sinasabi namin sa inyo, binabantayan sila ng Mabuting Pastol. Batid at nauunawaan ng Diyos ang matindi ninyong hapis. May pag-asa."[4]

DETALYE MULA SA *ANG PANGINOON ANG AKING PASTOL,* NI SIMON DEWEY, SA KAGANDAHANG-LOOB NG ALTUS FINE ARTS

# NOTEBOOK NG KUMPERENSYA NG OKTUBRE 2013

*"Kung ano ang sinabi ko, ang Panginoon, ay sinabi ko; . . . maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa"* (D at T 1:38).

*Habang nirerepaso ninyo ang pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2013, magagamit ninyo ang mga pahinang ito (at ang mga Notebook ng Kumperensya sa susunod na mga isyu) para matulungan kayong pag-aralan at ipamuhay ang mga itinuro kamakailan ng mga buhay na propeta at apostol at ng iba pang mga pinuno ng Simbahan.*



## Mga Sagot para sa Inyo

Bawat kumperensya, nagbibigay ng inspiradong mga sagot ang mga lider ng Simbahan sa mga tanong ng mga miyembro ng Simbahan. Gamitin ang inyong isyu ng Nobyembre 2013 o bisitahin ang conference.lds.org para makita ang mga sagot sa mga tanong na ito:

- Bakit lubhang binibigyang-diin ng Diyos ang batas ng kalinisang-puri? Tingnan sa Dallin H. Oaks, "Walang Ibang mga Diyos."
- Paano tayo higit na mapapalapit sa Diyos? Tingnan sa Terence M. Vinson, "Pagiging Mas Malapit sa Diyos."
- Paano natin maiiwasan ang malinlang? Tingnan sa Adrián Ochoa, "Tumingala."

## Mga Salita ng Propeta Tungkol sa mga Hamon sa Isipan at Damdamin

"Paano kayo pinakamainam na makatutugon kapag kayo o ang mga mahal ninyo sa buhay ay nakararanas ng matinding depresyon? Higit sa lahat, huwag mawalan ng pananampalataya sa inyong Ama sa Langit, na nagmamahal sa inyo nang higit pa sa kaya ninyong maunawaan. . . . Huwag na huwag ninyo itong pagdudahan, at huwag ninyong tigasan ang puso ninyo. Tapat na ipagpatuloy ang mabubuting gawain na naghahatid ng Espiritu ng Panginoon sa inyong buhay. Humingi ng payo sa mga may-hawak ng susi para sa inyong espirituwal na kapakanan. Humingi ng mga basbas ng priesthood at pahalagahan ito. Makibahagi sa sakramento linggu-linggo, at kumapit nang mahigpit sa nakasasakdal na mga pangako ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Maniwala sa mga himala. Nakita ko nang dumating ang marami sa mga ito nang ang lahat ay nagpapahiwatig na wala nang pag-asa. Ang pag-asa ay *hindi kailanman* nawawala. Kung hindi man dumating kaagad o nang lubusan o hindi na talaga dumating ang mga himalang iyon, alalahanin ang sariling halimbawa ng pagdurusa ng Tagapagligtas: kung hindi lumampas ang mapait na saro, inumin ito at maging matatag, na nagtitiwalang darating ang mas masasayang araw. . . .

". . . Pinatototohanan ko ang araw na iyon kung saan ang ating mga mahal sa buhay na alam nating may mga kapansanan sa mortalidad ay tatayo sa ating harapan na niluwalhati at maringal, sakdal-ganda sa katawan at isipan."

**Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Parang Basag na Sisidlan," *Liahona,* Nob. 2013, 40–41, 42.**

Para mabasa, mapanood, o mapakinggan ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, bisitahin ang **conference.lds.org.**

KALIWA: PAGLALARAWAN NI ROBERT CASEY; KANAN: LARAWAN NI PANGULONG MONSON SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY ARCHIVES; LARAWAN NG MGA MISYONERO SA MONTEVIDEO, URUGUAY, NA KUHA NI STACEY MARIE ARMSTRONG



## MGA PAGHAHAMBING: PAGSISISI

Ang ilan sa pinakamahahalagang paksa ay hindi lamang tinatalakay ng isang tagapagsalita sa pangkalahatang kumperensya. Narito ang sinabi ng tatlong tagapagsalita tungkol sa pagsisisi:

- "May mahalagang kaibhan sa pagitan ng kalungkutan dahil sa kasalanan na humahantong sa pagsisisi at ng kalungkutang humahantong sa kawalan ng pag-asa. Itinuro ni Apostol Pablo na ang "*kalumbayang mula sa Dios* ay gumagawa ng pagsisisi sa ikaliligtas . . . datapuwa't ang *kalumbayang ayon sa sanglibutan* ay [na]kamamatay [II Mga Taga Corinto 7:10; idinagdag ang pagbibigay-diin]."[1] —Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan
- "Tandaan, ang pagsisisi ay hindi kaparusahan. Ito ang landas na puno ng pag-asa tungo sa mas maluwalhating kinabukasan."[2] —Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol
- "Ang nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas ay nagbibigay-daan sa ating kaligtasan at kadakilaan sa pamamagitan ng alituntunin ng pagsisisi. Kung tunay at taos-puso tayong magsisisi, matutulungan tayo ng Pagbabayad-sala na maging malinis, baguhin ang ating ugali, at matagumpay na pagtiisan ang ating mga hamon."[3] —Elder Richard J. Maynes ng Pitumpu

**MGA TALA**

1. Dieter F. Uchtdorf, "Magagawa Ninyo Iyan Ngayon!" *Liahona,* Nob. 2013, 56.
2. Richard G. Scott, "Sariling Lakas sa Pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo," *Liahona,* Nob. 2013, 84.
3. Richard J. Maynes, "Lakas na Magtiis Hanggang Wakas," *Liahona,* Nob. 2013, 79.

### AYON SA MGA BILANG*

**50 taon** na simula nang maging Apostol si Pangulong Thomas S. Monson


**15 milyon** ang mga miyembro ng Simbahan

**197 bansa** ang nakapanood o nakapakinig sa kumperensya

**80,333** ang mga full-time missionary

***Noong pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2013***





# Pangako ng Propeta

"Hindi natin mapipilit ang mga anak ng Diyos na piliin ang landas tungo sa kaligayahan. Hindi iyan magagawa ng Diyos dahil sa kalayaang ibinigay Niya sa atin.

"Mahal ng Ama sa Langit at ng Kanyang Pinakamamahal na Anak ang lahat ng anak ng Diyos anuman ang piliin nilang gawin o kahinatnan. Tinubos ng Tagapagligtas ang lahat ng kasalanan, gaano man ito kabigat. Kahit kailangang magkaroon ng katarungan, ipinagkakaloob ang awa kung hindi nito maaagawan ang katarungan. . . . Lagi tayong humuhugot ng lakas ng loob sa katiyakan na minsan ay nadama natin ang kagalakang magkasama-sama bilang miyembro ng mahal na pamilya ng ating Ama sa Langit. Sa tulong ng Diyos maaari nating madamang muli ang pag-asa at kagalakang iyan."

**Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Sa Aking mga Apo,"** ***Liahona,*** **Nob. 2013, 71, 72.**

# NOE

*"Kasunod [si Noe] ni Adan sa awtoridad sa Priesthood; tinawag siya ng Diyos sa katungkulang ito, at siya ang ama ng lahat ng nabubuhay sa kanyang panahon."*[1]
*—Propetang Joseph Smith*

Ibinigay sa akin ng aking ama ang pangalang Noe, na ibig sabihin ay "kapahingahan," dahil naniniwala siya na maghahatid ako ng kaaliwan sa aking pamilya. Nabuhay ako sa panahong puno ng kasamaan na laganap ang karahasan, poot, at iba pang mga kasalanan.[2]


Ang Diyos, na binalaan ako na malilipol sa baha ang masasama, ay inutusan ako na gumawa ng barko at magtipon ng pagkain at mga hayop. Sa tulong ng tatlong anak ko at sa pamamagitan ng inspirasyon ng Diyos, ginawa ko ang barko sa sumunod na 120 taon. Ni walang pagbabadya na uulan.[3]

Nangaral din ako ng pagsisisi, sa pag-asang ang ilan ay makikinig at makakaligtas sa Baha. Mula sa pagdala kay Enoc sa langit hanggang sa Baha, maraming matatapat na tao ang dinala sa langit nang hindi nakaranas ng kamatayan, ngunit ang iba ay ayaw magsisi.[4]

Nang sa huli ay sumakay sa arka ang aking pamilya, sinarhan namin ang pinto at hindi ito binuksang muli hanggang sa tumigil ang ulan at matuyo ang lupa, pagkaraan ng halos isang taon.[5] Paglabas namin sa arka, nakipagtipan ang Diyos na hindi na muling babahain ang mundo. Isang bahaghari ang lumitaw sa kalangitan bilang sagisag ng Kanyang pangako. Iniutos Niyang magpakarami ang aming pamilya at na patuloy naming ipamuhay ang ebanghelyo, at ako ang naging pangalawang ama ng sangkatauhan.[6]

Pagkalipas ng daan-daang taon, bilang anghel na si Gabriel,[7] ipinahayag ko sa saserdoteng si Zacarias na siya ang magiging ama ni Juan Bautista, at nagpakita ako kay Maria at sinabi ko sa kanya na siya ang magsisilang sa Tagapagligtas.[8]

Makikita sa buhay ko, kahit sa mahihirap na sandali, na hindi kayo mag-iisa kailanman kung susundin ninyo ang Diyos. Kalaunan ay huhupa ang mga baha sa buhay, at makikita ninyo ang kagandahan ng ebanghelyo sa inyong buhay, tulad ng bahaghari sa kalangitan. ■



**MGA TALA**

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 121.
2. Tingnan sa Genesis 6:11; Moises 8:9; Bible Dictionary, "Noah."
3. Tingnan sa Genesis 6:14–22; Moises 8:17; *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* (2006), 168–69.
4. Tingnan sa Moises 7:21, 27; 8:15–24.
5. Tingnan sa Genesis 7:11; 8:13–14.
6. Tingnan sa Genesis 9:1–17.
7. Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Gabriel," scriptures.lds.org.
8. Tingnan sa Lucas 1:11–20, 26–33.
9. Tingnan sa Genesis 5:3–28.
10. Tingnan sa Genesis 9:29.
11. Tingnan sa Daniel 8:15–19; 9:21–23.

## KAHON NG IMPORMASYON: NOE

**Mga pangalan:** Noe, Gabriel


**Petsa ng kapanganakan:** mga 1,056 taon pagkamatay ni Adan[9]


**Edad nang mamatay:** 950 taong gulang[10]

**Genealogy:** anak ni Lamec, apo ni Matusalem, ikasiyam na henerasyon pagkatapos ni Adan

**Mga tungkulin sa mortalidad:** mangangaral ng kabutihan bago nangyari ang Baha; tagapagligtas ng pamilya at mga hayop mula sa Baha; pangalawang ama ng sangkatauhan

**Tungkulin sa kabilang-buhay:** bilang si Gabriel, nagpakita siya kay Daniel para turuan ito tungkol sa Ikalawang Pagparito;[11] kay Zacarias, ama ni Juan Bautista; at kay Maria, ina ni Jesus





MULA KALIWA: *HINAMAK ANG PANGANGARAL NI NOE,* NI HARRY ANDERSON; *TINUPAD NI JEHOVA ANG PANGAKO,* NI SAM LAWLOR; *ANG PAGBABALITA NG ANGHEL,* NI JOHN SCOTT; BACKGROUND MULA SA ISTOCKPHOTO/THINKSTOCK

# PAGLILINGKOD

Sa mga pahina 58–59 ng isyung ito ipinaliwanag ni Carol F. McConkie, unang tagapayo sa Young Women general presidency, na paglilingkod ang gawain ng ebanghelyo ni Jesucristo: "Kapag naglilingkod tayo sa iba, tayo ay gumagawa sa gawain ng kaligtasan. Tulad ng itinuro ni Haring Benjamin, 'Kung kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos' (Mosias 2:17)." Ang mga mungkahi sa ibaba ay tutulong sa inyo na maituro sa mga kabataan at bata ang tungkol sa paglilingkod at ang tungkulin nito sa ebanghelyo ni Jesucristo.

### Mga Mungkahi sa Pagtuturo sa mga Kabataan

- Ibinabahagi ng Mormon Messages for Youth video "Extraordinary Gift" (online sa lds.org/go/E24service) ang kuwento tungkol sa isang bulag na binata na ginamit ang kanyang mga talento para mapagpala ang iba. Maaari ninyong panoorin ng inyong pamilya ang video at pag-usapan ninyo ang pambihirang mga kaloob na naibigay sa bawat miyembro ng pamilya. Paano magagamit ang mga kaloob na ito sa paglilingkod sa kapwa?
- Sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan,* mababasa natin, "Ilan sa pinakamahahalagang paglilingkod na maibibigay ninyo ay sa loob ng inyong sariling tahanan" (32). Talakayin sa inyong mga kabataan ang kahalagahan ng paglilingkod sa tahanan. Anong mga pagpapala ang dumarating kapag pinaglingkuran ng mga miyembro ng pamilya ang isa't isa? Magplano ng isang paraan na makapagbibigay ng mas makabuluhang paglilingkod sa tahanan ang inyong mga kabataan.
- "Kadalasan ay naipapahayag ang pinakamakabuluhang paglilingkod sa mga simple at araw-araw na pagpapakita ng kabaitan" (*Para sa Lakas ng mga Kabataan,* 32). Anyayahan ang inyong kabataan na gumawa ng isang aktibidad sa paglilingkod na binubuo ng "araw-araw na pagpapakita ng kabaitan." Talakayin kung ano ang kaugnayan ng paglilingkod sa mga tipang ginagawa natin sa binyag (tingnan sa Mosias 18:8–10).
- Isiping gawin ang general conference scavenger hunt sa family home evening kung saan gagamit ang mga miyembro ng pamilya ng mga clue para hanapin ang mga pahayag tungkol sa paglilingkod mula sa pinakahuling pangkalahatang kumperensya. Ibahagi ang inyong nahanap at talakayin kung paano ninyo masusunod ang payo na ibinigay ng ating mga lider.

### Mga Mungkahi sa Pagtuturo sa mga Anak

- Ipaunawa sa inyong mga anak na may mga pagkakataong maglingkod sa lahat ng dako. Magpahanap sa mga miyembro ng pamilya ng mga paraan na makapaglilingkod sila sa araw-araw nilang mga gawain, at saka kayo magtipon at mag-usap tungkol sa inyong mga karanasan.
- Magbahagi ng mga kuwento tungkol sa paglilingkod mula sa inyong family history, sa magasin ng Simbahan, o sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya. Basahin ang Mosias 2:17 at pag-usapan kung paano tayo makapaglilingkod sa Ama sa Langit sa pamamagitan ng paglilingkod sa kapwa.
- Magpadrowing sa inyong mga anak ng mga larawang nagpapakita kung paano sila naglilingkod sa iba. Itanong sa kanila kung ano ang magagawa nila para mapaglingkuran ang kanilang mga kapatid, kaibigan, guro, o magulang. ■



### MGA BANAL NA KASULATAN TUNGKOL SA PAKSANG ITO

Mateo 25:35–45

Lucas 10:25–37

Santiago 2:14–17

PAGLALARAWAN NI TAIA MORLEY

# PAGHAHANDA NA MAGING WALANG-HANGGANG PAMILYA

**Ni Marco Castro Castro**

*Walang magic recipe para magtagumpay ang pagsasama ng mag-asawa, ngunit ang mga sangkap ay hindi nagbabago.*

Naobserbahan naming mag-asawa nang may kalungkutan at pagtataka ang pagdaan ng ilan sa aming mga kaibigan sa proseso ng diborsyo. Ang unang nadama namin ay takot na baka mangyari iyon sa amin kung maharap kami sa mahihirap na hamon sa aming pagsasama. Nang dumating nga ang matinding problema sa aming pagsasama, nagpasiya kaming bigyan ng huling pagkakataon ang aming sarili—ngunit gagawin namin ito sa tamang paraan. Matagal-tagal din naming sinikap na lutasin ang aming mga problema sa pagsasaalang-alang sa mga kuru-kuro at damdamin ng isa't isa. Pansamantalang umigi ang aming relasyon, ngunit pagkaraan ng kaunting panahon ay laging nagbabalik ang aming mga problema.


Nagsimula lamang magbago ang aming relasyon nang matanto namin na kailangan namin ang tulong ng Panginoon sa aming pagsasama. Natanto namin na hinding-hindi namin malulunasan, ni malulutas, ang aming mga alitan nang kami-kami lang. Nang isantabi namin ang aming pagmamataas, may ginawa kami na hindi pa namin nagagawa kailanman. Kinalimutan namin ang aming mga opinyon at hiniling sa Panginoon kung ano ang nais Niyang gawin namin. Nang ibilang namin Siya noon lamang nagsimulang bumuti ang aming pagsasama—nang paunti-unti at sa Kanyang paraan at sa Kanyang sariling takdang panahon.

Maraming taon na ang lumipas mula nang lumuhod kami sa altar ng Santiago Chile Temple, at naharap kami sa maraming hamon at paghihirap. Sa paggunita sa nakaraan, masasabi namin na lahat ng napagdaanan namin ay naging para sa aming kabutihan. Ang paghihirap ay nagturo sa amin na maging mapagpakumbaba at mas nagpalakas sa amin. Patuloy pa rin kaming natututo kung paano isaayos ang aming buhay—kapwa kami natututong magtulungan nang may pagmamahal at pag-unawa bilang pantay na magkatuwang—at sulit ang aming pagsisikap.

Walang magic recipe para magtagumpay ang pagsasama ng mag-asawa. Ang mga sangkap ay matatagpuan, tulad ng dati, sa ebanghelyo ni Jesucristo. Kaya, bilang pamilya, sumulat kami ng isang pagpapahayag na ginagamit namin kaagapay ng pagpapahayag tungkol sa mag-anak na inilabas ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol.[1] Ang aming pagpapahayag, na pinamagatang







MGA PAGLALARAWAN NI J. BETH JEPSON

"Paghahandang Maging Walang-Hanggang Pamilya," ay nagsisimula sa mga salitang ito: "Kami, ang pamilya Castro Martínez, ay nagpapatotoo na ang kasal ay inorden ng Diyos at na ang mga ugnayan ng pamilya ay maaaring maging walang hanggan sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo kung susundin namin ang mga batas at ordenansa ng ebanghelyo."


Kasunod nito ang 17 alituntunin na sa aming palagay ay naglalaman ng mga pangunahing pinahahalagahan sa ebanghelyo na magbibigay sa amin ng pinakamagandang pagkakataon para magtagumpay ang pagsasama naming mag-asawa at ang aming pamilya. Ang aming listahan ay hindi na bago; kabilang dito ang mga bagay na tulad ng personal at pampamilyang panalangin, pag-aaral ng banal na kasulatan, lingguhang family home evening, pagdalo sa mga miting tuwing Linggo, regular na pagpunta sa templo, pakikitungo sa isa't isa nang may pagmamahal at paggalang, at paglilingkod. Nauunawaan din namin na ang mga alituntunin mismo ay walang anumang epekto—kailangan naming ipamuhay ang mga ito.

Nang isantabi namin ang aming pagmamataas at sinunod namin ang Panginoon at ang Kanyang kalooban sa aming pagsasama, natuwid ang aming landas tungo sa pagiging walang-hanggang pamilya. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Valparaíso, Chile.*

**TALA**

1. Tingnan sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129.




## NAKASALIG SA PUNDASYON NG PANANAMPALATAYA

"Ang mga matagumpay na buhay mag-asawa ay itinatag sa pananampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang mga turo [tingnan sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129]. Naobserbahan ko na kaya naging napakahalaga sa mga mag-asawa ang kanilang pagsasama ay dahil ginagawa nila ang mga huwaran ng pananampalataya: dumadalo sila sa sacrament at iba pang mga pulong linggu-linggo, nagpa-family home evening, nagdarasal at pinag-aaralan ang mga banal na kasulatan nang indibiduwal at nang magkasama, at nagbabayad [ng] buong ikapu. Ang mithiin nilang dalawa ay maging masunurin at mabuti."

**Elder L. Whitney Clayton ng Panguluhan ng Pitumpu, "Pagsasama ng Mag-asawa: Magmasid at Matuto",** ***Liahona,*** **Mayo 2013, 83.**



**Ni Elder**
**Richard G. Scott**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol



# Pamumuhay
## NANG MAY KAPAYAPAAN, KAGALAKAN, AT LAYUNIN

*Nawa'y palakasin ng Panginoon ang inyong determinasyon, ang inyong pananampalataya, at ang bumubuti ninyong pagkatao upang maaari kayong maging kasangkapan ng kabutihan na gusto Niyang kahinatnan ninyo.*

Ang mundong ito ay may mabigat na problema. Ang mga pangunahing pinahahalagahan ng Estados Unidos at iba pang mga bansa sa Kanluran ay unti-unting humihina. Patuloy na nawawalan ng kabuluhan ang alituntunin, kabanalan, integridad, at pagpapahalaga sa relihiyon—ang mga pundasyon ng sibilisasyon at malinaw na mga sangkap ng kapayapaan at kaligayahan. Ibabahagi ko sa inyo nang simple at malinaw sa abot ng aking makakaya ang huwaran sa tagumpay at kaligayahan sa buhay sa kabila ng mga sitwasyong ito.

Binigyan kayo ng Diyos ng kakayahang sumampalataya upang makamtan ninyo ang kapayapaan, kagalakan, at layunin sa buhay. Gayunman, upang magamit ang kapangyarihan nito, ang pananampalatayang iyon ay dapat na nakabatay sa isang tiyak na bagay. Wala nang mas matibay na pundasyon kaysa pagmamahal ng Ama sa Langit sa inyo, pananampalataya sa Kanyang plano ng kaligayahan, at pananampalataya sa kahandaan at kapangyarihan ni Jesucristo na tuparin ang lahat ng Kanyang pangako.

MGA PAGLALARAWAN NINA CRAIG DIMOND AT CODY BELL, MALIBAN KUNG IBA ANG NAKASAAD



Kabilang sa ilan sa mga alituntuning pinagbabatayan ng pananampalataya ang:

- Pagtitiwala sa Diyos at sa Kanyang hangaring tumulong kapag kailangan, gaano man kahirap ang sitwasyon.
- Pagsunod sa Kanyang mga utos at isang buhay na nagpapakita na mapagkakatiwalaan Niya kayo.
- [Madaling makaramdam] sa banayad na mga pahiwatig ng Espiritu at pagsunod nang may determinasyon sa mga impresyong bunga nito.
- Pagtitiis at pag-unawa kapag hinayaan kayo ng Diyos na maghirap upang umunlad at kapag paisa-isang dumarating ang mga sagot sa loob ng mahabang panahon.

Makatutulong sa inyo na maunawaan at gamitin ang kapangyarihan ng pagkakaugnay ng pananampalataya at pagkatao. Ginagamit ng Diyos ang inyong pananampalataya para hubugin ang inyong pagkatao. Ang pagkatao ay unti-unting nahuhubog sa pamamagitan ng doktrina, alituntunin, at pagsunod. Ang pagkatao ang magsasabi kung ano ang kahihinatnan ninyo. Ang inyong pagkatao ang panukat na gagamitin ng Diyos upang malaman kung gaano kabuti ang inyong pamumuhay sa mundong ito. Ang matatag na moralidad ay bunga ng mga tamang pagpapasiya sa oras ng mga pagsubok sa buhay. Ang gayong mga pagpapasiya ay ginagawa nang may tiwala sa mga bagay na pinaniniwalaan at, kapag isinagawa, ay mapapatunayang totoo.

### Ang Mabuting Pagkatao

Kapag hanggang doon na lang ang kaya ninyong maunawaan at dumating kayo sa kawalang-katiyakan habang kayo ay nananampalataya, masusumpungan ninyo ang mga solusyon sa mga hamon ng buhay na hindi ninyo makakamtan sa ibang paraan. Kahit napakalakas ng inyong pananampalataya, hindi kaagad ipagkakaloob sa inyo ng Diyos sa tuwina ang inyong mga ninanais. Sa halip, paunti-unti Siyang tutugon sa oras na pinakamainam para sa inyo ayon sa Kanyang walang-hanggang plano. Ang patuloy ninyong pagsampalataya ay magpapatatag sa inyong pagkatao na magagamit ninyo sa mga panahon ng matinding pangangailangan. Ang matatag na pagkatao ay hindi nahuhubog sa mga sandali ng malaking hamon o tukso. Ito ay ginagamit sa sandaling iyon.

Ang pundasyon ng pagkatao ay integridad. Ang mabuting pagkatao ay magpapaibayo sa kakayahan ninyong makilala ang patnubay ng Espiritu at sundin ito. Ang matatag na pagkatao ay mas mahalaga kaysa inyong ari-arian, dunong, o anumang mithiing naisagawa ninyo. Ang palagian ninyong pagsampalataya ay nagpapatatag sa pagkatao. Sa kabilang dako, ang matatag na pagkatao ay nagpapalawak sa inyong kakayahang sumampalataya, kaya nadaragdagan ang inyong kakayahan at tiwala na madaig ang mga pagsubok sa buhay. Patuloy ang pagpapalakas na ito, sapagkat kapag mas matatag ang inyong pagkatao, mas kaya ninyong gamitin ang kapangyarihan ng pananampalataya.

Saanman kayo nakatira, anuman ang inyong trabaho o pinagtutuunan sa buhay, magiging bahagi kayo ng digmaan para sa mga kaluluwa ng kalalakihan at kababaihan. Maging magiting sa digmaang iyan. Malalabanan ito sa pamamagitan ng katatagan ng inyong pagkatao. Ipinakita ni Satanas at ng kanyang mga hukbo ang kanilang pagkatao sa tahasang pagsalungat sa kalooban ng ating Ama at palagiang paglabag sa Kanyang mga utos. Ang inyong pagkatao ay nagiging matatag sa palagiang pagpili ng tama. Buong buhay kayong gagantimpalaan sa mga pagsisikap ninyong piliin ang tama.

Hindi kayang pahinain o wasakin ni Satanas o ng anumang iba pang kapangyarihan ang inyong tumatatag na pagkatao. Kayo lang ang makagagawa niyan sa pamamagitan ng pagsuway. Iyan ang dahilan kaya nakatuong mabuti si Satanas sa pagtukso sa inyong gumawa ng mga desisyon na magpapahina sa inyong pagkatao. Napakahusay ni Satanas sa paggawa ng mga pagpiling mukhang kaakit-akit at makatwiran pa. Kaya maging maingat. Sa mahalagang panahong ito ng

*Panatilihing nag-aalab ang liwanag ng ebanghelyo sa inyong tahanan sa pamamagitan ng pag-aaral ng banal na kasulatan, panalangin, at iba pang bagay na alam ninyong gawin. Palaging basahin at pag-aralan ang mga inihayag na salita ng Diyos. Mahigpit na kumapit sa Kanyang salita.*



buhay, kayo ay mahaharap sa maraming pagpili. Ang mga desisyong gagawin ninyo ay makakaapekto nang malaki sa inyong buhay ngayon at sa kawalang-hanggan. Gawin ito nang matalino at may panalangin.

### Paggawa ng mga Desisyon Batay sa mga Walang-Hanggang Katotohanan

May dalawang paraan sa paggawa ng mga desisyon sa buhay: (1) mga desisyong batay sa kalagayan at (2) mga desisyong batay sa walang-hanggang katotohanan. Si Satanas ay nang-uudyok na gawin ang mga pagpili ayon sa mga kalagayan: Ano ang ginagawa ng iba? Ano ang tila katanggap-tanggap sa lipunan o pulitika? Ano ang magbibigay ng pinakamabilis at pinakamagandang tugon? Ang paraang iyan ay nagbibigay kay Lucifer ng napakalaking pagkakataong tuksuhin ang isang tao na gumawa ng mga desisyon na makapipinsala at makasisira kahit tila kasiya-siya ang mga ito noong gawin ang desisyon.

Sa paraaang ito walang pinagbabatayang mga pinahahalagahan o pamantayan na palagiang gagabay sa mga desisyon. Bawat desisyon ay ginagawa batay sa kung ano ang tila pinakamagandang piliin sa sandaling iyon. Hindi makaaasa sa tulong ng Panginoon ang isang taong pumipili sa landas na ito kundi naiiwan siya sa kanyang sariling lakas at sa lakas ng iba na gustong tumulong. Nakalulungkot na karamihan sa mga anak ng Diyos ay nagdedesisyon sa ganitong paraan. Iyan ang dahilan kung bakit magulo ang mundo.

Ang paraan ng Panginoon ay makagawa ang Kanyang mga anak ng mga desisyon batay sa walang-hanggang katotohanan. Kailangan dito na patuloy na nakasentro ang inyong buhay sa mga utos ng Diyos. Kaya nga, ang mga desisyon ay ginagawa ayon sa hindi nagbabagong mga katotohanan sa tulong ng pagdarasal at patnubay ng Espiritu Santo. Bukod pa sa sarili ninyong lakas at kakayahan, matatamasa ninyo ang banal na inspirasyon at kapangyarihan kapag kailangan. Malinaw ninyong makikita ang inyong gagawin at pagpapalain nito ang buhay ng lahat ng taong maiimpluwensyahan ninyo. Magkakaroon kayo ng makabuluhang buhay na may layunin, kapayapaan, at kaligayahan.

Walang garantiya na ang buhay ay magiging madali para sa sinuman. Umuunlad tayo at mas mabilis na natututo sa pagharap at pagdaig sa mga hamon. Narito kayo para patunayan ang inyong sarili, umunlad, at manaig. Magkakaroon palagi ng mga hamon upang makapag-isip kayo, makagawa ng mga wastong pagpapasiya, at makakilos nang matwid. Uunlad kayo mula sa mga ito. Gayunman, may ilang hamon na hindi ninyo kailangang maranasan kailanman. Ito yaong mga nauugnay sa mabibigat na kasalanan. Kapag patuloy ninyong iniwasan ang gayong trahedya, ang inyong buhay ay magiging mas simple at masaya. Makikita ninyo ang iba sa paligid ninyo na hindi gumagawa ng ganoong pasiya, na gumagawa ng mga bagay na mali at masama at nagdudulot ng kalungkutan. Magpasalamat sa inyong Ama sa Langit na iba ang takbo ng inyong buhay at natulungan kayong gumawa ng mga pasiya sa paggabay ng Espiritu Santo. Ang pahiwatig na iyan ang magpapanatili sa inyo sa tamang landas.

Itinuturo sa atin ng ebanghelyo na gumawa ng mga desisyon batay sa walang-hanggang katotohanan. Huwag sanang tulutan ang inyong sarili na gumawa ng eksepsyon sa huwaran ng buhay na iyon upang magtamo ng pansamantala at tila kaakit-akit na pagkakataon o makibahagi sa isang bagay na alam ninyong hindi karapat-dapat. Nakita ko ang maraming bata pang mag-asawa at mga indibidwal na nakakagawa ng malalaking pagkakamali sa buhay dahil mali ang sinusunod nila. Sila ay nalalayo sa tunay na mga alituntunin dahil natukso silang magkompromiso nang kaunti upang magkaroon ng impluwensya, katayuan, o maging katanggap-tanggap. Binibigyan nila ng dahilan ang mga paglihis na iyon, at nangangatwiran na kalaunan ay mas malaking kabutihan ang maisasakatuparan. Sa huli, ang gayong uri ng pamumuhay ang magdadala sa inyo sa lugar na talagang hindi ninyo gustong puntahan.

*Kailangan natin ang mga ama at ina na magpapanatili sa kasagraduhan at kaligtasan ng tahanan at integridad ng pamilya kung saan itinuturo ang pananampalataya sa Diyos at pagsunod sa Kanyang mga utos bilang pundasyon ng makabuluhang buhay.*



**Ipagpatuloy ang Inyong Determinasyon**

Paano ninyo ipagpapatuloy ang inyong determinasyong mamuhay nang karapat-dapat? Paano ninyo matitiyak na ang determinasyon sa puso ninyo ay hindi iguguho ng mga impluwensya sa paligid ninyo? Kung kayo ay pinalad na makapag-asawa, magalak sa pagsasama ninyo ng inyong asawa at mga anak. Huwag na huwag kayong maglilihim sa isa't isa. Iyan ang magbibigay-katiyakan sa patuloy na kabutihan at kaligayahan. Magkasamang pagpasiyahan ang mga bagay-bagay.

Panatilihing nag-aalab ang liwanag ng ebanghelyo sa inyong tahanan sa pamamagitan ng pag-aaral ng banal na kasulatan, panalangin, at ng iba pang mga bagay na alam ninyong gawin. Igalang at ipamuhay ang mga tipan sa templo kapag natanggap na ninyo ang mga ito. Laging basahin at pag-aralan ang mga inihayag na salita ng Diyos. Mahigpit na kumapit sa Kanyang salita. Panatilihing banal ang araw ng Sabbath. Sa madaling salita, patuloy na gawin ang batid ninyong nararapat gawin. Saanman kayo magtungo, manatiling nakaugnay nang mahigpit sa Simbahan at laging maglingkod dito. Habang wala pa kayong asawa, sundin ang mga alituntuning ito kapag naaangkop.

Bilang katangi-tanging anak ng Diyos, kayo ay kailangang-kailangan. May agarang pangangailangan sa mas marami pang kalalakihan at kababaihang tulad ninyo na maninindigan sa mga alituntunin laban sa lumalaking impluwensya na ikompromiso ang mga alituntuning iyon. Kailangan ang kalalakihan at kababaihan na kikilos nang marangal at buong tapang para sa sinabi ng Panginoon na tama—hindi para sa kung ano ang tama sa pulitika o tanggap ng lipunan. Kailangan natin ang mga tao na may espirituwal at mabuting impluwensya na hihikayat sa iba na mamuhay nang marangal. Kailangan natin ng mga mambabatas na may integridad, mga negosyanteng tapat at malinis ang moralidad, mga abugadong magtatanggol sa katarungan at sistema ng hustisya, at mga opisyal ng gobyerno na mangangalaga sa prinsipyo dahil ito ay tama. Higit sa lahat, kailangan natin ang mga ama at ina na magpapanatili sa kasagraduhan at kaligtasan ng tahanan at integridad ng pamilya kung saan itinuturo ang pananampalataya sa Diyos at pagsunod sa Kanyang mga utos bilang pundasyon ng makabuluhang buhay.

Maaari kayong maging mahalagang bahagi ng maningning na liwanag na iyon, ng mabuting impluwensyang iyon para mapataas ang moralidad ng inyong bansa at ng mga tahanan nito. Marami sa inyong mga kaibigan ang nabubuhay para sa pansamantalang kasiyahan lamang. Hindi nila nauunawaan ang pangangailangan sa mga alituntunin, walang-hanggang batas, at katotohanan. Pinalaki sila sa isang kapaligiran kung saan ang mga desisyon ay ibinatay sa kalagayan ngayon o sa mga pagkakataon bukas para makinabang. Ipakita sa kanila ang mas magandang buhay—ang mas mainam na paraan. May ilang bagay na mali dahil ipinahayag ng Diyos na mali ang mga ito. Ang katotohanan ay hindi pinagpapasiyahan ayon sa iniisip ng mga tao, gaano man kalaki ang impluwensya nila. Ang katotohanan ay pinagpasiyahan ng Makapangyarihang Diyos bago pa ang Paglikha ng daigdig na ito. Ang katotohanan ay hindi magbabago magpakailanman.

Ah, maaaring may panandaliang kaligayahan dahil sa kapangyarihan, impluwensya, o materyal na kayamanan, ngunit ang tunay at walang-hanggang kaligayahan, na nadarama sa madaling-araw kapag kayo ay tunay na tapat sa inyong sarili, ay makakamtan lamang sa pamamagitan ng pagsunod sa mga turo ng Diyos. Kailangang kayo ay tapat, may integridad, malinis ang puri, banal, at handang

talikuran ang isang bagay na kaakit-akit—kahit tila kanais-nais ito sa sandaling iyon—para sa higit na kabutihan sa hinaharap. Ang tinutukoy ko ay ang ating kahandaang isakripisyo ang lahat kung kinakailangan upang sundin ang tunay na mga alituntunin.

**Tagumpay sa Pagsunod sa Plano**

Gusto kong imungkahi ang 10 partikular na bagay na tutulong sa inyo na magtagumpay sa planong nais ng Panginoon na sundin ninyo sa inyong buhay.

*Una, bumuo ng isang set ng mga alituntunin na gagabay sa lahat ng aspeto ng inyong buhay—sa inyong tahanan, sa inyong paglilingkod sa Simbahan, sa inyong propesyon, sa inyong komunidad.* Sinisikap ng maraming tao na paghiwa-hiwalayin ang iba't ibang aspeto ng kanilang buhay at magkaroon ng pamantayan para sa Simbahan at ibang pamantayan para sa ginagawa nila sa negosyo at sa iba pang mga aspeto ng kanilang buhay. Pinapayuhan ko kayo na huwag ninyong gawin iyan. Talagang iisa lang ang set ng mga pamantayan na may kabuluhan. Iyon ay ang mga turo ni Jesucristo, na nagsasabi sa atin ng kahalagahan ng pananampalataya, paglilingkod, pagsunod, at integridad.

*Ikalawa, huwag gumawa ng mga eksepsyon sa inyong mga pamantayan.* Huwag ikompromiso ang mga ito kailanman. Ang isa sa mga paraan na pinoprotektahan tayo ng Panginoon ay sa pagpatnubay sa ating buhay. Ang isa sa mga paraan na sinusubukan tayong wasakin ni Satanas ay sa tusong paglalayo sa atin mula sa alam nating napakahalaga sa ating buhay. Matagal akong nanirahan sa Washington, D.C., at naaalala ko na paminsan-minsang nagpupunta sa lungsod na iyon ang mga taong nahalal [bilang] mga kinatawan ng pamahalaan na mga miyembro ng Simbahan. Ginamit ng ilan sa kanila ang mga turo ng Tagapagligtas sa buong propesyon nila at naging dakilang mga lingkod. Ang iba sa simula pa lang ng kanilang propesyon ay nagsimulang mangatwirang, "Kung mas kakaibiganin namin ang iba at mas mauunawaan nila tayo, tatanggap kami ng mga katungkulan kung saan higit kaming makapaglilingkod." Nagsimula silang gumawa ng maliliit na eksepsyon sa mga pamantayan na alam nilang dapat gumabay sa kanilang buhay. Iilan nga lang ang nakakaalala sa kanila. Natalo sila dahil gumawa sila ng mga eksepsyon sa mga pamantayan. Huwag gawin ang pagkakamaling iyan.


Maging tapat sa mga turong natanggap ninyo mula sa inyong mga magulang at lider ng Simbahan. Ito ang mga bagay na pinakamahalaga. Kung ihahalo ninyo ang inyong pormal na edukasyon sa nalalaman ninyo tungkol sa mga turo ng Panginoon at sa mga halimbawa ng mga taong karapat-dapat na mga huwaran ninyo, magkakaroon kayo ng matibay na pundasyon. Marami kayong magagawa at gagawin ninyo ang mga bagay na kapaki-pakinabang sa iba.

*Ikatlo, maging tapat.* Maging tapat sa inyong mga magulang at mahal sa buhay. Higit sa lahat, maging tapat kay Jesucristo, na Tagapagligtas. Dumarating ang tagumpay kapag naaayon sa mga turo ng Panginoon ang inyong mga ginagawa. Kapag naghanap kayo ng trabaho, hanapin ang trabahong may hamon sa inyo, na maglalagay sa inyo sa mas mataas na antas ng paggawa. Maaaring mas mahirap, ngunit kayo ay uunlad, huhusay, at mag-aambag ng higit na kabutihan. Talagang wala pa kayong ideya kung sino kayo at kung ano ang magagawa ninyo sa buhay. Higit na malaki ang inyong potensyal kaysa naiisip ninyo ngayon.

*Ikaapat, mamuhay sa paraan na magagabayan kayo ng Panginoon kung saan Niya kayo nais ilagay at maglingkod.* Magagawa Niya iyan kung ipamumuhay ninyo nang marapat ang Kanyang mga utos at sisikapin ninyo tuwina na sundin ang Kanyang mga turo.

*Ikalima, maglingkod sa iba.* Ang pagbabahagi ng nalalaman ninyo sa iba ay magpapaligaya sa inyo at magpapala sa kanilang buhay.

*Ikaanim, ngumiti.* Hindi ko sinasabi na kailangan kayong magbiro araw-araw, ngunit ang paminsan-minsang magandang biro ay pumapawi sa tensyon. Hindi naman masama ang buhay. Hindi magtatagal



PAGLALARAWAN NI KEVIN CHRISTIANSEN, HINDI MAARING KOPYAHIN



*Isantabi ang inyong mga problema at ngumiti. Maging masayahin, gaya ng mga propeta.*

malalaman ninyo na lahat ay may problema at walang gustong makinig sa problema ninyo. Isantabi ang mga bagay na iyon at ngumiti. Maging masayahin, gaya ng mga propeta. Sana'y masabi ko sa inyo ang ilan sa mga bagay na pinag-uusapan namin. Hindi mga bagay na walang kabuluhan, hindi mga bagay na hindi angkop—pampatawa lang. Sasabihin ko sa inyo ang isang sikreto kung paano gumising sa umaga nang may ngiti sa inyong mga labi anuman ang nadarama ninyo: matulog na may hanger sa bibig ninyo. Tandaan, ang pagiging masayahin ay malaking tulong sa inyo.

*Ikapito, huwag magreklamo.* Hindi laging patas ang buhay. Totoo iyan. Ngunit palagi itong puno ng magagandang pagkakataon kung alam ninyo kung paano hanapin ang mga ito. Naaalala ko noong minsan na nagtrabaho ako nang husto sa abot ng makakaya ko. Nagkataon na nagtatrabaho ako noon para sa isang tao na kinuha ang lahat ng ideya at mungkahi at trabahong ginawa ko at ipinasa ang mga ito sa boss niya na parang kanya ang mga mungkahing iyon. Matagal-tagal din akong nainis dahil doon. Habang pinag-iisipan ko ito, may naisip ako, at ipinasiya ko na magmula noon ay isusulat ko sa kanya ang lahat ng aking ginagawa o sinisikap gawin, at padadalhan ko ng kopya ang boss niya. Hindi niya nagustuhan iyon, pero maganda ang kinalabasan.

*Ikawalo, laging magkaroon ng tungkulin sa Simbahan.* Hindi ko sinasabi na dapat kayong humiling ng partikular na tungkulin, kundi saanman kayo mapunta sa mundo, saanman kayo dalhin ng Panginoon, laging ialok ang inyong paglilingkod sa presiding authority. Hayaang ang awtoridad na iyon ang magpasiya kung saan at paano kayo maglilingkod. Alamin ang mga bagay ng Diyos at ang mga paraan para makapaglingkod sa Kanya.

Ang pinakamahalaga ay ang huling dalawa.

*Ikasiyam, magpunta sa templo.* Magdala ng current temple recommend. Maaaring may ilang tao na gusto pang hintaying mabuklod sila sa asawa nila bago pumasok sa templo para sa kanilang endowment. Ngunit halos lahat ay maaaring kumuha at magkaroon ng temple recommend. Pananatilihin nito ang inyong espirituwalidad, ipapaalala nito ang pinakamahahalagang bagay sa buhay, at hihikayatin kayo nitong magbigay ng malaking paglilingkod sa iba.

*Ikasampu, gawing halimbawa ang Tagapagligtas na si Jesucristo sa inyong buhay.* Gamitin ang Kanyang mga turo bilang gabay ninyo sa buhay. Huwag gumawa ng mga eksepsyon sa mga ito.

Mapanalangin ba ninyong pag-iisipan ang mga bagay na napag-usapan natin? Maraming handang sumunod sa inyong mabuting halimbawa. Dahil kayo ay naliwanagan, dapat lang na bigyan ninyo ng pinakamagandang halimbawang kaya ninyong ibigay ang mga taong sumusunod sa inyo. Hindi lamang sila pagpapalain, kundi pagyayamanin din ang inyong buhay. Alamin ang malaking impluwensya sa kabutihan na dumadaloy mula sa bawat gawaing bunga ng budhi at prinsipyo na nakabatay sa katotohanan. Magpasiya na sa bawat sandali ng inyong buhay ay mabanaag ang inyong determinasyon na mapagpakumbabang maging halimbawa ng kabutihan, integridad, at pananalig. Sa gayong buhay tiyak na magtatagumpay kayo sa layunin ng pagparito ninyo sa lupa.

## Gawin ang Tama

Sinimulan ko ang mensaheng ito na isinasaad na napatunayan ko sa sarili kong buhay ang katotohanan ng mga alituntuning ibinahagi. May mga pagkakataon na ang pasiya kong panindigan ang alituntunin laban sa malalakas na puwersa ay nagsaad na malaki ang mawawala sa akin kapag ginawa ko ang gayong hakbang. Ngunit hindi iyon nakahadlang sa akin. Determinado akong gawin ang tama. Gayunman, ang inaasahan kong mawala ay hindi dumating. Kahit paano, ang paggawa ng tama ay nagbukas ng mas malaki at mas makabuluhang mga oportunidad. Pinatototohanan ko na hindi kayo kailanman magkakamali kapag nagtiwala kayo sa Panginoon at sa Kanyang mga pangako, gaano man kahirap ang pagsubok.

Maaari ba akong magbahagi ng isang karanasan sa inyo? Naglingkod ako sa US Navy kasama si Admiral Hyman G. Rickover, isang taong napakahigpit. Nang tawagin akong maging mission president, tinangka niyang pigilan ako sa pag-alis. Nang sabihin ko na isang propeta ng Diyos ang tumawag sa akin, sabi niya, "Kung ganyan ang mga Mormon, ayaw ko nang magtrabaho ang sinuman sa kanila sa aking programa." Alam ko na maraming pamilya sa Idaho, USA, ang nakadepende sa trabaho sa programang iyon, at nag-alala ako tungkol dito.

Habang nagdarasal ako, pumasok sa isipan ko ang isang awitin: "Tama'y gawin, ang bunga'y makikita" ("Gawin ang Tama," *Mga Himno,* blg. 144). Ginawa ko iyon. Hindi ko makita kung paano maaayos ang ilan sa mga hamong nakaharap namin sa paraan na inasahan kong gagawin ng taong papalit sa akin, gayunpaman "tama'y gawin, ang bunga'y makikita." Naging maayos naman ang lahat.

Nang malaman ni Admiral Rickover na aalis ako papuntang misyon, sinabi niyang ayaw na niya akong makita at makausap na muli kailanman. Sa huling araw ng pagtatrabaho ko sa kanya, humingi ako ng appointment. Kinabahan ang secretary, na inaasahang may mangyayaring matinding pagtatalo.

Pumasok ako, at sabi niya, "Scott, maupo ka. May sasabihin ka ba sa akin? Ginawa ko na ang lahat para mabago ang desisyon mo. Ano ba talaga ang sasabihin mo?"

Inabutan ko siya ng kopya ng Aklat ni Mormon at sinabing, "Admiral, naniniwala ako sa Diyos. At naniniwala ako na kapag ginawa natin ang lahat, tutulungan Niya tayo."

Pagkatapos ay may sinabi si Admiral Rickover na hindi ko kailanman inasahang marinig. Sabi niya, "Kapag natapos mo ang misyon mo, gusto kong bumalik ka at magtrabaho sa akin."


"Tama'y gawin; ang bunga'y makikita."

Nawa'y palakasin ng Panginoon ang inyong determinasyon, ang inyong pananampalataya, at ang bumubuti ninyong pagkatao upang maaari kayong maging kasangkapan ng kabutihan na gusto Niyang kahinatnan ninyo. Pinatototohanan ko na Siya ay buhay. Kapag marapat ninyong hiningi ang Kanyang tulong, gagabayan Niya kayo sa inyong buhay. Pinatototohanan ko iyan nang buo kong lakas. Si Jesucristo ay buhay. Ginagabayan Niya ang Kanyang gawain sa lupa.

Bilang mga Apostol ng Panginoong Jesucristo, may mga karanasan kami na napakasagrado na nagtutulot sa amin na patotohanan ang Kanyang pangalan at Kanyang kapangyarihan. Ginagawa ko iyan nang may malalim na pananalig. Mahal kayo ni Jesucristo. Gagabayan Niya kayo sa inyong buhay. Sa panahon ng malaking hamon, kapag naguguluhan kayo sa pagdedesisyon, lumuhod at humiling sa inyong Ama sa Langit na pagpalain kayo at hayaang ang inyong pananampalataya sa Tagapagligtas at sa Kanyang Pagbabayad-sala ang maging bato at pundasyon ng inyong matagumpay na buhay. ■

*Mula sa mensahe sa pagtatapos na ibinigay sa Brigham Young University noong Abril 21, 2011. Para sa buong teksto sa Ingles, magpunta sa speeches.byu.edu.*

PAGLALARAWAN NI KEVIN CHRISTIANSEN, HINDI MAAARING KOPYAHIN



**PARA MAGTAGUMPAY SA BUHAY**

1. Magtakda ng mga alituntuning gagabay sa inyong buhay.
2. Huwag gumawa ng mga eksepsyon sa inyong mga pamantayan.
3. Maging tapat.
4. Mamuhay sa paraan na magagabayan kayo ng Panginoon.
5. Maglingkod sa iba.
6. Ngumiti.
7. Huwag magreklamo.
8. Laging magkaroon ng tungkulin sa Simbahan.
9. Sumamba sa templo.
10. [Tularan] ang halimbawa ng Tagapagligtas.

## ISANG SULYAP SA MGA PANAHON

Bahagi 1 ng 2
Mula kay Abraham hanggang kay Jesucristo

*(Ang Bahagi 2 ay ilalathala kalaunan sa 2014)*

# TIPANG ABRAHAM

Si Abraham—ang dakilang patriarch ng Lumang Tipan—ay nakaugnay sa lahat ng sumapi sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ang pag-unawa sa kanyang buhay at ang tipan ng Diyos sa kanya at sa kanyang mga inapo ay tutulong sa inyo na tingnan ang inyong buhay at mga tipang ginagawa ninyo sa Diyos bilang disipulo ni Jesucristo sa mas kumpletong paraan (tingnan sa Gabay sa mga banal na Kasulatan, "Tipang Abraham," scriptures.lds.org).

Mga 4,000 taon na ang nakararaan si Jehova, na pangalan ni Jesucristo bago Siya isinilang, ay nangako kay Abraham na ang kanyang mga inapo ay magiging isang pagpapala sa lahat ng tao at na dahil sa tipang ito, may mga dakilang bagay na magaganap sa mga huling araw (tingnan sa Abraham 2:9–11). Pinagtibay muli ni Jesucristo ang tipang ito sa marami pang iba sa nagdaang mga siglo. Sa makabagong panahon pinanibago Niya ang tipang Abraham kay Propetang Joseph Smith (tingnan sa D at T 124:58; 132:30–31). Sa pagpasok sa ipinanumbalik na tipang ito, kayo ay biniyayaan ng walang-hanggang ebanghelyo at, tulad nila noong sinaunа, maaari ninyong matanggap ang lahat ng ordenansa ng banal na priesthood, pati na ang kasal hanggang sa kawalang-hanggan (tingnan sa Gabay sa mga banal na Kasulatan, "Tipan," scriptures.lds.org). Kasama sa inyong patriarchal blessing ang binigyang-inspirasyong pahayag tungkol sa angkan kung saan sa pamamagitan nito ay matatamo ninyo ang mga pagpapalang ito sa pamamagitan ng pananampalataya, pagsisisi, pagtanggap ng mga ordenansa ng priesthood, at pagtitiis hanggang wakas sa pagtupad sa inyong mga tipan.

Habang pinag-aaralan ninyo ang tsart na ito, mas malinaw ninyong makikita ang inyong bahagi sa plano ng kaligayahan ng Diyos.

**1** Si Abraham ay isinilang sa Ur, sa lupain ng mga Caldeo. Sumamba ang kanyang ama sa mga diyus-diyusan.
**Abraham 1:1, 5–7, 27**

**2** Si Abraham ay nabinyagan; natanggap niya ang priesthood mula kay Melquisedec.
**Doktrina at mga Tipan 84:14; Abraham 1:2–4**

**3** Nagpakita si Jehova (Jesucristo) kay Abraham, at iniligtas siya mula sa kamatayan bilang sakripisyo sa diyus-diyusan.
**Abraham 1:8–16**


**4** Inutusan ni Jehova si Abraham na iwan ang Ur, at nangako na sa pamamagitan ng ministeryo ni Abraham kikilalanin ang Kanyang pangalan sa mundo magpakailanman.
**Abraham 1:16–19**


**MGA DISPENSASYON** **Eastern Hemisphere**
**Western Hemisphere**

***2025 B.C.** ***2000 B.C.**



**1** **2** **3** **4** **5**




**Sara**

**ABRAHAM**

**PAGTITIPON**

**12 PROPESIYA** Ilan sa mga inapo ni Abraham ang magiging "taga-ibang bayan [dayuhan]" sa Egipto.
**Genesis 15:13–14**

**13** Sa utos ng Diyos, ibinigay ni Sara ang kanyang katulong na babae, si Agar, kay Abraham para maging asawa.
**Genesis 16:1–4; Doktrina at mga Tipan 132:28–35**

**14** Nagpakita ang isang anghel ng Diyos kay Agar. Ang kanyang mga inapo ay labis ding pagpapalain bilang mga inapo ni Abraham. Isinilang si Ismael.
**Genesis 16:7–16**

**15** Nagpakita si Jehova kay Abraham, at muling pinagtibay ang Kanyang mga pangako. Tinuli ni Abraham ang lahat ng lalaki sa kanyang sambahayan bilang tanda ng tipan.
**Genesis 17:1–27**

*** Ang mga petsa ay tinantiya**

**Pangyayari** **Propesiya**

**5** Nanirahan sina Abraham, Sara (kanyang asawa), at ang iba pang mga miyembro ng pamilya sa lupain ng Haran.
**Abraham 2:1–5**

**6** Pinagtibay ni Jehova ang Kanyang tipan kay Abraham; ang mga inapo ni Abraham ay magiging pagpapala sa lahat ng pamilya sa mundo.
**Abraham 2:6–11**


**7** Nanirahan si Abraham at ang kanyang pamilya sa lupain ng Canaan. Ipinangako ni Jehova ang lupain sa kanyang mga inapo kapag sila ay mabubuti. Pagkatapos ay naglakbay sila patungong Egipto.
**Abraham 2:6, 12–25**

**8** Sa pamamagitan ng Urim at Tummim, nakita ni Abraham ang luklukan ng Diyos, ang mundo bago tayo isinilang, at ang paglikha ng mundo.
**Abraham 3–5**

**9** Sa Egipto, si Abraham ay naging dakilang mangangaral ng ebanghelyo at umunlad.
**Isang Paksimile mula sa Aklat ni Abraham, Blg. 3**

**10** Bumalik si Abraham at ang kanyang pamilya sa Canaan. Pinagtibay ni Jehova ang Kanyang walang-hanggang tipan kay Abraham.
**Genesis 13:1–4, 12–18**

**11** Kinausap ni Jehova si Abraham sa isang pangitain, at nagpahayag si Abraham ng hangaring magkaroon ng mga anak. Muling pinagtibay ng Panginoon ang Kanyang tipan.
**Genesis 15:1–21**




**16 PROPESIYA** Magkakaanak ng lalaki si Sara na nagngangalang Isaac at sa kanya pagtitibayin ang tipang Abraham.
**Genesis 17:15–21**

**17** Isinilang si Isaac. Sinabi ni Jehova kay Abraham na pagpapalain Niya kapwa si Ismael at si Isaac. (Tingnan sa propesiya 16.)
**Genesis 21:1–5, 12–13**

**18 PROPESIYA** Ang anak ni Agar na si Ismael ang magiging ama ng "isang dakilang bansa." Ang kanyang mga inapo ay naging 12 bansa o lipi.
**Genesis 21:17–20; 25:12–16**

**19** Pinagtibay ni Jehova ang Kanyang tipan kay Abraham matapos nitong ipakita ang kanyang kahandaang ialay ang kanyang anak na si Isaac bilang sakripisyo.
**Genesis 22:1–19; Jacob 4:5**

**20** Sa utos ng Diyos, pinakasalan ni Abraham si Cetura. Ang anim na anak nilang lalaki ay labis ding pagpapalain.
**Genesis 25:1–4; Doktrina at mga Tipan 132:28–35**

**21** Si Abraham ay pinagpala at binigyan ng mga kaloob ang lahat ng kanyang anak, at saka namatay sa edad na 175.
**Genesis 25:5–10**

**22** Nagpakita si Jehova kay Isaac, at pinagtibay ang tipang Abraham sa kanya, sa kanyang asawang si Rebeca, at sa kanilang mga inapo.
**Genesis 26:2–5, 24–25; Doktrina at mga Tipan 132:37**

**23** Nagpakita si Jehova kay Jacob, na pinagtitibay ang tipang Abraham sa kanya at sa kanyang mga inapo.
**Genesis 28:10–22**

**24** Sa utos ng Diyos, pinakasalan ni Jacob si Lea, saka si Raquel, pati si Bilha, at si Zilpa. Labindalawang anak na lalaki at isang anak na babae ang isinilang.
**Genesis 29–30; Doktrina at mga Tipan 132:37**

**25** Inutusan ni Jehova si Jacob na bumalik sa lupang pangakong Canaan. Ginawang Israel ang pangalan ni Jacob.
**Genesis 31–32**

**26** Nagpakita si Jehova kay Jacob (Israel) sa Betel, at pinanibago ang tipang Abraham.
**Genesis 35:1–13**

**27** Nagpakita si Jehova kay Israel at inutusan itong dalhin ang kanyang pamilya sa Egipto.
**Genesis 46:1–7**

**28** Binasbasan ni Israel ang kanyang mga anak at apo na sina Ephraim at Manases at ang kanilang mga pamilya. Ipinangako niya sa kanila na tutulungan sila ng Diyos na makabalik balang-araw sa lupain ng Canaan.
**Genesis 48:21**

**29 PROPESIYA**
Bilang bahagi ng kanyang patriarchal blessing, pinangakuan si Jose na magkakaroon siya ng marami at pinagpalang mga inapo.
**Genesis 48:19; 49:22–26**


**MGA DISPENSASYON** **Eastern Hemisphere** — **Moises**
**Western Hemisphere** — **Kapatid ni Jared** (mga Jaredita)


***1800 B.C.** — **1600 B.C.** — **1300 B.C.**

23 24 25 26 27 28 29 30 31 32 33 34 35 36 37 38

**ESAU** — Judit — Basemat — **MGA EDUMEO**

**JACOB**
- **Lea**: RUBEN, SIMEON, LEVI (**Moises, Aaron**), JUDA, ISSACHAR, ZABULON
- **Zilpa**: GAD, ASER
- **Bilha**: DAN, NEPHTALI
- **Raquel**: JOSE (**Ephraim at Manases**), BENJAMIN









**MGA ISMAELITA**

**MGA MADIANITA** — **Jethro**

**PAGTITIPON** — **PAGKALAT** — **PAGTITIPON**

**37** Nagpakita si Jehova kay Josue, at pinanibago ang Kanyang tipan at inutusan ang mga anak ni Israel na pumasok sa lupain ng Canaan bilang isang mana.
**Josue 1:1–9**

**38** Pagkaraan ng maraming taon sa Canaan, hindi na tinupad ng mga anak ni Israel ang tipan. Inusig sila ng kanilang mga kaaway.
**Mga Hukom 2–3**

**39** Sa pamamagitan ng propetang si Nathan, gumawa si Jehova ng walang-hanggang tipan kay Haring David at sa kanyang mga inapo.
**2 Samuel 7:1–17; Doktrina at mga Tipan 132:38**

**40 PROPESIYA**
Ang mga tao ng Hilagang Kaharian (na tinutukoy na Israel) at ang Timugang Kaharian (Juda) ay ikakalat sa lahat ng bansa.
**Amos 9:5–10; Mikas 3:9–12**

**41 PROPESIYA**
Ang Mesiyas (si Jesucristo) ay magdurusa at magbabayad-sala para sa mga kasalanan ng sanlibutan.
**Isaias 53**

**42 PROPESIYA**
Mababawi ng Panginoon ang labi ng Kanyang mga tao at magtatakda Siya ng isang sagisag para sa lahat ng bansa.
**Isaias 11:11–12; Amos 9:9**

**43 PROPESIYA**
Papanatagin ng Panginoon ang Kanyang mga tao, tutubusin ang Jerusalem, at ipapakita ang Kanyang kapangyarihan sa lahat ng bansa.
**Isaias 40:1–2, 11; 41:10; 52:9–10**

**30** Sa Egipto dumami ang mga inapo ni Israel at nakilala bilang mga anak ni Israel (tinatawag ding sambahayan ni Israel). (Tingnan sa propesiya 12.)
**Genesis 50**

**31 PROPESIYA**
"Ibabangon" ng Diyos ang isang propeta (si Moises) para palayain ang Israel mula sa pagkaalipin sa Egipto.
**Pagsasalin ni Joseph Smith (PJS), Genesis 50:24, 34–36 (sa Bible appendix); 2 Nephi 3:10, 17**

**32 PROPESIYA**
Ang mag-anak ni Israel ay makakalat, na ang isang "sanga" ay maninirahan sa mga lupain ng Amerika.
**PJS, Genesis 50:25 (sa Bible appendix); 2 Nephi 3:3–5, 16**

**33 PROPESIYA**
Isang "piling tagakita" (Joseph Smith) ang magpapanumbalik ng kaalaman tungkol sa tipan ng Diyos kay Abraham.
**PJS, Genesis 50:25–33 (sa Bible appendix); 2 Nephi 3:6–15**

**34** Nagpakita si Jehova kay Moises, na natanggap ang priesthood mula kay Jethro. Nilisan ng mga anak ni Israel ang Egipto. (Tingnan sa propesiya 31.)
**Exodo 3:1–10; 13:17–22; Doktrina at mga Tipan 84:6**

**35** Sa Bundok ng Sinai nangako ang mga anak ni Israel na tutuparin nila ang tipang Abraham.
**Exodo 19:3–9; 24:3**

**36** Dahil sinira ng mga anak ni Israel ang kanilang pangako, tumanggap sila ng mas mababang batas na mga kautusang ukol sa laman.
**Exodo 32–34; Mga Taga Galacia 3:19–24; Doktrina at mga Tipan 84:19–26**


**1000 B.C.** | **700 B.C.** | **400 B.C.** | **100 B.C.**

39 | 40 41 42 43 44 | 45 | 46 | 47 | 48 | 49 | 50




**Haring David**

**Isaias** **











**Nehemias**




**PROPESIYA: ALEGORYA NI ZENOS** (MGA 1800–400 B.C.)
Ang sambahayan ni Israel ay tulad sa isang likas na punong olibo na nagsimulang mabulok, kaya inalagaan ito ng panginoon ng olibohan hanggang sa umusbong ang mga bagong sanga. Inalis niya ang mga sangang ito at inihugpong sa ibang mga puno sa kanyang ubasan. Pinungos niya ang masasamang sanga mula sa likas na puno at sinunog ang mga ito, at saka niya inihugpong sa puno ang mga sangang ligaw ng punong olibo.
**Jacob 5:3–14 (itutuloy sa bahagi 2)**



**Lehi** (mga Nephita at Lamanita)

**Ilang tao ng Arabia**

**Hilagang Kaharian** (tingnan sa I Mga Hari 12:2–20) | Hilagang Kaharian **PAGKALAT** (nawalang mga lipi ni Israel)

**Timugang Kaharian** | Timugang Kaharian **PAGKALAT**

**44 PROPESIYA**
Sa isang dakilang milenyo ang mundo ay babaguhin, at lahat ng sakit at kalungkutan ay mapapawi.
**Isaias 25:6–9; 33:20–24; 35; 61:2–5**

**45** Ang mga tao sa Hilagang Kaharian ay naikalat ng mga taga-Asiria dahil sa kanilang kasamaan. (Tingnan sa propesiya 40.)
**II Mga Hari 17:5–18**

**46 PROPESIYA**
Ilang Judio (na nalalabi) ang titipunin sa Jerusalem para maglingkod sa Panginoon.
**Jeremias 24:4–7**

**47** Pinagtibay ni Jehova ang tipang Abraham kay Lehi at sa kanyang pamilya. Nilisan nila ang Jerusalem at naging isang bansa sila sa mga lupain ng Amerika. (Tingnan sa mga propesiya 29, 32.)
**1 Nephi 1–2; 18**

**48** Tinanggihan ng mga tao sa Timugang Kaharian ang tipang Abraham at ikinalat sila ng mga taga-Babilonia. (Tingnan sa propesiya 40.)
**II Mga Hari 25:1–10**

**49** Ang ilan sa mga anak ni Israel na tinatawag na "mga Judio" ay bumalik sa Jerusalem, at muling itinayo ang templo. Pinayuhan ni Ezra ang mga tao na tuparin ang kanilang tipan sa Diyos. (Tingnan sa propesiya 46.)
**Nehemias 8–10**

**50** Itinatag ng mga Hasmonean (Maccabees) ang isang malayang estado ng mga Judio, na tinatawag na Judea, sa lupain ng Canaan.

** **Angkan ayon sa tradisyonal na paniniwala**








# "Ang Napakalawak na Imperyong Iyon"

## ANG PAG-UNLAD NG SIMBAHAN SA RUSSIA

*Ang mga Banal sa mga Huling Araw na Russian ay sumalig sa pundasyon ng propesiya para maitatag ang Simbahan sa kanilang bansa.*

**Ni James A. Miller**
Church History Department

Nasaksihan ng mga Banal sa mga Huling Araw sa Russia ang isang mahalagang pangyayari noong 2011 nang inorganisa sa Moscow ang unang stake sa kanilang bansa. Mahigit isang libong miyembro ng Simbahan, missionary, at kaibigan ang tuwang-tuwang nagtipon upang sang-ayunan ang kanilang mga bagong lider at nagpasalamat na maibibilang ang kabisera ng kanilang bansa sa mga stake ng Sion na laganap sa iba't ibang panig ng mundo. Tumindi ang pag-asam nang tawagin at sang-ayunan si Yakov Boyko bilang stake president kasama sina Vladimir Astashov at Viktor Kremenchuk bilang kanyang mga tagapayo.

Labis na katuwaan ang nadama ng buong kongregasyon nang ipakilala si Vyacheslav Protopopov bilang stake patriarch, ang unang katutubong Russian patriarch sa Russia. Nagtaasan ang mga kamay nang basahin ang kanyang pangalan para sa boto ng pagsang-ayon, at muntik nang magpalakpakan ang ilan sa galak. Sa unang pagkakataon, tinanggap ng mga Russian priesthood leader ang mga susi at awtoridad na tinatamasa ng mga Banal sa mga Huling Araw sa mga stake sa iba't ibang panig ng mundo. Nagsimula ang isang bagong kabanata sa kasaysayan ng Simbahan sa Russia nang ang mga Russian na mismo ang namuno sa Simbahan sa Moscow.

### Propesiya

Ang landas tungo sa mahalagang araw na ito sa kasaysayan ng Simbahan sa Russia ay mababakas pabalik sa mga unang araw ng Panunumbalik. Noong 1843 tinawag ni Propetang Joseph Smith sina Elder Orson Hyde ng Korum ng Labindalawang Apostol at George J. Adams na magmisyon sa Russia "para ipangaral ang kabuuan ng Ebanghelyo sa mga tao ng napakalawak na imperyong iyon, at kalakip [nito] ang ilan sa pinakamahahalagang bagay hinggil sa pag-unlad at pagtatayo ng kaharian ng Diyos sa mga huling araw, na hindi maipapaliwanag sa panahong ito."[1] Gayunman, ang Pagpaslang sa Propeta noong 1844 ay nakaantala sa mga planong tapusin ang misyon, at ang mga plano ng Propeta tungkol sa tadhana ng ebanghelyo sa "napakalawak na imperyong iyon" ay hindi natupad.[2]

### Paghahanda

Gayunpaman, sa 168 taong pagitan ng unang tawag sa misyon na iyon at ng paglikha ng unang stake sa Russia, tumulong ang mga Banal sa mga Huling Araw na iba't iba ang pinagmulan na maihanda ang daan upang maibahagi ang ebanghelyo sa mga taga-Russia. Noong 1895, dumating ang Swedish missionary na si August Höglund sa St. Petersburg para turuan si Johan Lindlöf, na sumulat sa Scandinavian mission at humingi ng mga missionary matapos malaman ang tungkol sa Simbahan sa kanyang bayang tinubuan na Finland. Dalawang araw matapos makilala si Elder Höglund at makausap ito hanggang gabi, hiniling ni Johan at ng kanyang asawang si Alma na mabinyagan sila. Noong Hunyo 11, 1895, sinamahan sila ni Elder Höglund sa pampang ng Neva River. Nang hindi sila makakita ng tahimik at tagong lugar na pagbibinyagan, lumuhod at nagdasal ang grupo para humingi ng tulong sa Panginoon. Himalang nagsimulang lisanin ng mga bangka at mga tao ang lugar. Pagkatapos ng binyag, sinabi ni Sister Lindlöf,

MGA PAGLALARAWAN NINA VLADIMIR EGOROV, BARBARA PRICE, MARINA KHARLAMOVA, AT MICHAEL VANROSEN, HINDI MAAARING KOPYAHIN; LARAWAN NG RED SQUARE MULA SA ISTOCKPHOTO/THINKSTOCK.



*Paglalarawan ng isang Russian artist ng panalangin sa paglalaan ni Elder Francis M. Lyman noong 1903 sa Summer Garden sa St. Petersburg.*

"Ang saya-saya ko! Alam kong pinatawad na ako ng Panginoon."[3] Sa gayon sina Johan at Alma ang naging unang mga convert na nabinyagan sa Russia.

Ilang taon pagkaraan, dahil nahikayat ng pagsapi ng mga Lindlöf at ng mga pagbabago sa lipunan na ipinlano ng pamahalaan ng Russia, pinasimulan ni Elder Francis M. Lyman (1840–1916) ng Korum ng Labindalawang Apostol ang mga planong magpadala ng mga missionary sa Russian Empire. Noong 1903, habang naglilingkod bilang pangulo ng European Mission, naglakbay sa Russian Empire si Elder Lyman at inilaan ang lupain para sa pangangaral ng ebanghelyo. Nag-alay siya ng mga panalangin sa St. Petersburg at sa Moscow noong Agosto 6 at 9, na hinihiling sa Panginoon na basbasan ang mga pinuno ng lupain at ang maraming tao ng imperyo, "na kung kaninong mga ugat ay masaganang nananalaytay ang dugo ni Israel."[4] Ipinagdasal din niya na "nawa ang puso ng mabubuti at tapat ay maghangad ng katotohanan, at magsumamo sa Panginoon na magsugo ng mga lingkod na puno ng karunungan at pananampalataya upang ipahayag ang Ebanghelyo sa Russian sa kanilang sariling wika."[5]

Ipinadala ni Elder Lyman ang missionary na si Mikhail Markov sa Riga, Latvia—na noon ay bahagi ng Russian Empire—at sumulat siya sa headquarters ng Simbahan na nagpapahayag ng kanyang pag-asam na tatawag kaagad ng mga missionary na ipadadala sa Russia. Gayunman, nadama ng mga pinuno ng Simbahan sa Salt Lake City na kailangan nilang pag-isipan ito nang mas mabuti bago magpadala ng mga missionary sa Russia, kung saan labag sa batas ang mangaral ng anuman na salungat sa kinaugalian sa Russia. Hindi nagtagal at nilisan ni Brother Markov ang Riga sa utos ng mga lokal na opisyal.[6] Kalaunan, ang mga tensyon sa lipunan at pulitika sa Russia, na lalo pang pinatindi ng Unang Digmaang Pandaigdig, ay humantong sa sunud-sunod na rebolusyon at isang digmaang sibil na naglumok sa Russia sa karahasan. Dahil sa pagkabuo ng Soviet Union at sa sumunod na Cold War, lalo pang naging imposibleng magpadala ng mga missionary sa Russia.

Gayunman, kahit sa panahon ng Soviet, patuloy na naghanda ang mga Banal sa mga Huling Araw para sa pangangaral ng ipinanumbalik na ebanghelyo sa Russia. Isa sa mga taong iyon si Andre Anastasion, isang dayuhan mula sa Odessa, Ukraine, na nagsimulang isalin ang Aklat ni Mormon sa wikang Russian matapos mabinyagan noong 1918. Matapos bumisita sa Moscow noong 1970, isinulat ni Andre, "Dalawang beses noong gabi tumayo ako sa Red Square at nagsumamo sa Panginoon na buksan ang daan para madala ang Ebanghelyo sa mga Russian, na nakita ko sa lahat ng dako na magkakasama, gusgusin, malungkot, yuko ang mga ulo."[7] Ang unang edisyon ng Aklat ni Mormon sa wikang Russian, batay halos sa pagsasalin ni Andre, ay inilathala noong 1981. Darating ang panahon na maraming Russian ang tatanggap sa mensahe ng Aklat ni Mormon, at magiging mga pioneer sa kanilang sariling lupain para tumulong na matupad ang mga inaasam at ipinagdarasal ng iba para sa kanila.

### Mga Pioneer

Noong 1989, dumalaw sina Yuri at Liudmila Terebenin ng St. Petersburg (na noon ay Leningrad) at ang anak nilang si Anna, sa mga kaibigan nila sa Budapest, Hungary. Inanyayahan sila ng isang kaibigan na Banal sa mga Huling Araw sa simbahan, kung saan nila nadama ang Espiritu at nagpasiya silang magpaturo sa mga missionary. Kalaunan ay nabinyagan sila. Kahit ang mga Terebenin lamang ang mga miyembro ng Simbahan sa St. Petersburg noong una, hindi sila nag-isa nang matagal. Ibinabahagi na noon ng mga miyembro ng Simbahan mula sa Finland ang ebanghelyo sa mga Russian, kabilang na si Anton Skripko, na naging unang Russian na nabinyagan sa Russia.

Noong panahong iyon, ang Russia ay dumaranas ng pagbabago sa pulitika, at ang mga Amerikanong nakatira at nagtatrabaho sa Moscow ay nagsimulang tulungan ang kanilang mga kaibigan at kakilalang Russian. Nakilala ni Dohn Thornton si Galina Goncharova noong 1989, at relihiyon ang naging paksa ng kanilang pag-uusap. Paggunita ni Brother Thornton kalaunan, "Nang ibigay ko [kay Galina] ang Aklat ni Mormon at ang polyeto tungkol kay Joseph Smith, di kapani-paniwala ang nangyari. [Parang]

lahat ng ilaw sa silid noong sandaling iyon ay nakatutok sa aklat. Pinuspos kami ng Espiritu at nagsimula [siyang] umiyak."[8] Sinabi sa kanya ni Galina na nadama niya na ang aklat ay nagmula sa Diyos. Nagsimula siyang magsimba at nabinyagan siya noong Hunyo 1990, at naging unang kasaping nabinyagan sa Moscow.

Nang sumapi sa Simbahan ang mga Russian mula sa St. Petersburg, Vyborg, Moscow, at iba pang lungsod, isang bagong kabanata ang nabuksan sa kasaysayan ng Simbahan sa Russia. Noong Abril 26, 1990, nag-alay ng panalangin ng muling paglalaan si Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawa para sa Russia sa St. Petersburg, na muling pinagtitibay ang paglalaang ginawa ni Elder Lyman halos isang siglo na ang nakalipas at hinihiling sa Panginoon na iparating ang mga pagpapala ng ebanghelyo sa mga tao.

Noon ding tagsibol ng 1990, dinala ni Tamara Efimova ng St. Petersburg ang mga missionary sa bahay niya matapos silang makilala sa bahay ng isang kaibigan. Alinlangan ang kanyang amang si Vyacheslav Efimov, noong una na makakaya siyang turuan ng mga binatang ito ng anumang bago tungkol sa Diyos. Gayunman, humanga siya sa kanilang mensahe ng ebanghelyo. Isinulat niya: "[Ito] ay nagbigay sa akin ng pagkakataong matanggap ang mga sagot sa aking sariling mga katanungan at, higit sa lahat, maunawaan na mahal ng Diyos ang bawat isa sa atin—tayo ay kanyang mga anak at binigyan niya tayo ng isang Tagapagligtas, ang kanyang Anak na si Jesucristo, at bawat isa sa atin ay mabubuhay na mag-uli."[9] Pagsapit ng Hunyo, nabinyagan sina Vyacheslav, Galina (kanyang asawa), at Tamara. Mula 1995 hanggang 1998, naglingkod si Brother Efimov bilang unang katutubong mission president sa Russia.

## Pag-unlad

Pinamunuan ng mga lider na may "karunungan at pananampalataya," bilang katuparan ng mga panalangin sa paglalaan ni Elder Lyman noong 1903, patuloy na lumago ang Simbahan matapos pumasok ang mga missionary sa Russia noong mga unang buwan ng 1990. Tinanggap ng matatapat na Russian ang responsibilidad na maglingkod sa kanilang mga kaibigan at kapitbahay. Habang itinatatag ang mga district sa maraming lungsod, tinuruan, binigyang-inspirasyon, at sinuportahan ng mga lider na tulad ni Fidrus Khasbiulin ang mga Banal. Si Brother Khasbiulin, na sumapi sa Simbahan noong 1994, ay naglingkod bilang unang branch president sa Rostov-na-Donu, mula 1995 hanggang 1997, nang tawagin siyang pangulo ng Rostov Russia District. Noong district president siya, binigyang-diin niya ang pagpapatatag sa mga pamilya at tinutukan ang paglilingkod sa mga kabataan, sa pagtulong sa kanila na maghandang magmisyon at makasal sa templo kalaunan.[10]

## Mga Templo

Hindi hinayaan ng mga Russian na Banal sa mga Huling Araw na makahadlang sa kanila ang kawalan ng templo sa sarili nilang bansa para makibahagi sa mga ordenansa sa bahay ng Panginoon. Sa loob ng mahigit 15 taon, ang pinakamalalapit na templo ay ang Stockholm Sweden Temple at ang Freiberg Germany Temple, bagama't patuloy na dumadalo ang mga miyembro sa Russian Far East sa Seoul Korea Temple. Hindi sila makapunta nang madalas sa templo dahil

### MGA PROPESIYA HINGGIL SA SIMBAHAN SA RUSSIA



**1930:** "Pinatototohanan ko na may libu-libong kadugo ni Israel sa lupaing yaon [Russia], at inihahanda ng Diyos ang daan para sa kanila." —Elder Melvin J. Ballard (1873–1939) ng Korum ng Labindalawang Apostol[15]



**1995:** "Nagpupulong kayo ngayon saanman maaari, ngunit maaabutan ninyo ang pagkakaroon ng mga chapel at stake. Makakakita kayo ng templo sa takdang-panahon ng Panginoon." —Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol[16]

**TIME LINE**

*1843: Tumawag ng mga missionary si Joseph Smith para dalhin ang ebanghelyo sa Russia. Ang pagpaslang sa kanya noong 1844 ay nakaantala sa mga planong ito.*



*1903: Inilaan ni Elder Francis M. Lyman ng Korum ng Labindalawang Apostol ang Russian Empire para sa pangangaral ng ebanghelyo.*


*1917: Ibinagsak ng mga Bolshevik ang Provisional Government kasunod ng pagbitiw sa tungkulin ng tsar, na nagpasiklab sa 1917–22 Russian Civil War.*




*1922: Pormal na inorganisa ang Soviet Union.*

MULA KALIWA: DETALYE MULA SA *PAGLALAAN NG RUSSIA*, NI EMIN ZULFUGAROV, HINDI MAAARING KOPYAHIN; *MELVIN J. BALLARD*, NI LEE GREENE RICHARDS; *ANG PAGSALAKAY SA WINTER PALACE, ST. PETERSBURG, OKTUBRE 1917*, NI VLADIMIR SEROV, MULA SA PHOTOS.COM/THINKSTOCK; LARAWAN NI PANGULONG BOYD K. PACKER NA KUHA NI JED CLARK







mahirap kumuha ng visa, malayo, at mahal ang pamasahe.

Noong Disyembre 1991, ang pamilya nina Andrei at Marina Semionov ng Vyborg ang naging unang pamilyang Russian na nabuklod sa templo. Sabi ni Brother Semionov, "Natatanging kagalakan ang dumating sa buhay namin matapos kaming mabuklod hanggang sa kawalang-hanggan sa Stockholm Sweden Temple."[11] Sa loob ng ilang taon sinamahan niya ang bawat grupo mula sa Russia na pumupunta sa templo sa Sweden.

Kalaunan, nagsimulang mag-organisa ng mga grupo ang mga mission leader para makapunta roon. Ang una sa grupong iyon mula sa Moscow ay nagbiyahe papuntang Stockholm noong Setyembre 1993. Ang mga pagpuntang ito sa templo ay naging tampok na bahagi ng katapatan ng mga miyembrong Russian sa iba't ibang dako ng bansa.

Unang pinuntahan ng pamilya Vershinin mula sa Nizhniy Novgorod ang Stockholm Sweden Temple noong 2000. Matapos magbiyahe patungong St. Petersburg, sumama sina Sergey, Vera, at ang kanilang anak na si Irina sa isang grupo ng mga Russian na Banal sa mga Huling Araw mula sa iba't ibang lungsod at nagbiyahe sakay ng bus at bangka para makarating sa templo. Sa templo, nakibahagi si Irina sa mga binyag para sa mga patay at nabuklod sa kanyang mga magulang. "Nagkaroon kami ng patotoo at maraming pagpapala sa biyahe na ito," paggunita niya. "Mumunting patotoo ang mga ito na natanggap ng bawat isa sa amin. Ngunit lahat ng ito ay tumulong at nagtulak sa amin na umunlad pa sa espirituwal."[12]

Sa huli, nagkaroon ng templong mas malapit sa Russia nang ilaan ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008) ang Helsinki Finland Temple noong 2006. Pagkatapos noong 2010, nagalak ang mga Banal sa mga Huling Araw sa buong Russia nang inilaan ni Pangulong Thomas S. Monson ang Kyiv Ukraine Temple, ang una sa dating Soviet Union, at dahil dito naging mas madali para sa matatapat na Russian na Banal sa mga Huling Araw na makatanggap ng mga pagpapala ng templo.

## Isang Simbahang Russian

Ang paglalaan ng templo sa Ukraine ay nagpalakas sa pag-asa ng mga miyembrong Russian na magiging matatag ang kinabukasan ng Simbahan sa kanilang bansa.





*1981: Inilathala ang Aklat ni Mormon sa wikang Russian.*



*1991: Pumunta ang Mormon Tabernacle Choir sa Soviet Union. Matapos ang kanilang konsiyerto, ipinahayag ng mga awtoridad sa Russia na tumanggap ng pambansang pagkilala ang Simbahan noong Mayo 28.*

*1991: Noong Disyembre opisyal na binuwag ang Soviet Union, at naging Russian Federation ang Russian Republic.*











***Tumutulong ang mga Banal sa mga Huling Araw na Russian, na nabuo bilang "Mormon Helping Hands," sa paglilinis ng bakuran ng isang paaralan at lawa malapit sa Moscow noong 2013.***

Matapos ang paglalaan, sinabi ni Vladimir Kabanovy na taga-Moscow na "patuloy na lalago ang Simbahan—nakikinita ko ang mga stake ng Sion dito [sa Russia]."[13] Wala pang isang taon kalaunan, nagkatotoo ang pangitaing iyon nang iorganisa ni Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol ang Moscow Russia Stake. Nang sumunod na taon, noong Setyembre 2012, inorganisa ni Elder Nelson ang pangalawang stake, sa St. Petersburg.

Bagama't ang mga sandaling ito ay kumakatawan sa mga ibinunga ng 20 taong pagbubunsod ng paglilingkod at pag-unlad ng mga Russian na Banal sa mga Huling Araw, simula lamang ito ng isang bagong kabanata sa kasaysayan ng Simbahan sa kanilang bansa. Matapos bumisita noong Hunyo 2012 sa mga Banal sa Europe East Area (na kinabibilangan ng Russia), nagpatotoo si Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol na ginagabayan ng Panginoon ang Kanyang gawain doon: "Naliligiran ng Kanyang Espiritu ang lugar na ito. Makikita natin ang mga bagay na hindi natin inakala kailanman."[14] Kapag ang mga pioneer na Banal sa mga Huling Araw sa Russia ay patuloy na naglingkod, ipinamuhay at tinanggap ang ebanghelyo ni Jesucristo, at nagtuon sa templo, maoorganisa ang iba pang mga stake at patuloy na uunlad ang Simbahan sa kanilang bansa. Marahil ay nakikita natin ang katuparan ng nakita ni Propetang Joseph Smith para sa kaharian ng Diyos sa mga huling araw sa napakalawak na imperyong ito. ■

**PAGDAMI NG MGA MIYEMBRO**


**1989:** 20
**1998:** 9,179
**2008:** 19,946
**2013:** 21,888




**ESTADISTIKA NG SIMBAHAN PARA SA RUSSIA ***

Mga Stake: 2
Mga District: 3
Mga Ward at Branch: 98
Mga Mission: 7
Pinakamalalapit na Templo: Kyiv Ukraine, Helsinki Finland, at Seoul Korea

** Hanggang nitong Hunyo 2013*



*2002: Noong Setyembre, si Pangulong Gordon B. Hinckley ang unang Pangulo ng Simbahan na bumisita sa Russia.*



*2008: Tinawag si Anatoly Reshetnikov bilang unang katutubong Russian Area Seventy.*

*2011: Noong Hunyo 5, inorganisa ang Moscow Russia Stake, ang unang stake sa Russia.*



*2012: Noong Setyembre 9, inorganisa ang St. Petersburg Russia Stake.*


**MGA TALA**


1. Joseph Smith, sa *History of the Church,* 6:41. Hindi malinaw kung anong "mahahalagang bagay" ang tinutukoy ng Propeta "na hindi maipapaliwanag sa panahong ito"; maaaring ang tinutukoy niya ay ang Russia mismo, ang misyon, o mensahe ng mga missionary.
2. Ipinasiya ni George J. Adams na hindi tanggapin ang pamumuno ni Brigham Young bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol pagkamatay ni Joseph Smith at nilisan ang Simbahan.
3. August Hoglund sa Scandinavian Mission President, Hulyo 9, 1895, Scandinavian Mission manuscript history, Church History Library, Salt Lake City, sinipi sa Kahlile Mehr, "Johan and Alma Lindlof: Early Saints in Russia," *Ensign,* Hulyo 1981, 23.
4. Joseph J. Cannon, "President Lyman's Travels and Ministry: Praying in St. Petersburg for the Land of Russia," *Millennial Star,* Ago. 20, 1903, 532.
5. Joseph J. Cannon, "President Lyman's Travels and Ministry: The Visit to Moscow, the City of Churches," *Millennial Star,* Ago. 27, 1903, 548.
6. Tingnan sa William Hale Kehr, "Mischa Markow: Missionary to the Balkans," *Ensign,* Hunyo 1980, 29.
7. Liham ni Andre Anastasion sa Kapulungan ng Labindalawang Apostol, Nob. 8, 1970, Church History Library, Salt Lake City.
8. Dohn Thornton, "The Beginnings of the Moscow Branch," sa *Papers and Photographs Relating to the Beginning of the Church in Moscow, Russia* (1990–92), Church History Library, Salt Lake City.
9. Vyacheslav Efimov, sa Gary L. Browning, *Russia and the Restored Gospel* (1997), 73.
10. Tingnan sa Allison Thorpe Pond, ipinasa-pasang kasaysayan ni Fidrus Khabrakhmanovich Khasbiulin, Ago. 18, 2010, Church History Library, Salt Lake City.
11. Andrei Semionov, sa Gary Browning, "Pioneering in Russia," *Liahona,* Abr. 1998, 36.
12. Mula sa interbyu kay Irina Borodina, Mar. 6, 2013.
13. Vladimir Kabanovy, sa Jason Swenson, "Russia's first stake a powerful symbol of country's growth," *Church News,* Hulyo 9, 2011, ldschurchnews.com.
14. D. Todd Christofferson, sa video sa "Spirit Attentive to Eastern European Pioneers," Prophets and Apostles Speak Today, lds.org/prophets-and-apostles/unto-all-the-world/spirit-attentive-to-eastern-europe-pioneers.
15. Melvin J. Ballard, sa Conference Report, Abr. 1930, 157.
16. Boyd K. Packer, ayon sa itinala ni Dennis B. Neuenschwander sa isang miting ng simbahan sa St. Petersburg, Nob. 18, 1995.



MGA PAGLALARAWAN NINA MARINA KHARLAMOVA, NATHAN CAMPBELL, CRAIG DIMOND, VLADIMIR EGOROV, SHAUN D. STAHLE, AT JASON SWENSEN; PAGLALARAWAN NG MATRYOSHKA DOLL MULA SA ISTOCKPHOTO/THINKSTOCK

# Pangangalaga SA ATING BAGONG BUHAY

**Ni Eve Hart**

Si Ryan Abraham ay nabinyagan sa Simbahan sa edad na 14 habang naninirahan sa bulubunduking lungsod malapit sa baybayin ng Cape Town, South Africa. "Ang pagsapi sa Simbahan ay malaking pagpapala—nakatulong ito sa akin bilang isang tinedyer na magplano sa mga taong





**ANG BINHI NG PANANAMPALATAYA**

"Isa sa mga layunin ng Simbahan ang pangalagaan at linangin ang binhi ng pananampalataya—ito man ay nasa lupa ng pagdududa at walang-katiyakan. Ang pananampalataya ay pag-asa sa mga bagay na hindi nakikita ngunit totoo [tingnan sa Alma 32:21].

"Kung gayon, mahal kong mga kapatid—mahal kong mga kaibigan—mangyaring pagdudahan muna ang inyong pagdududa bago ninyo pagdudahan ang inyong pananampalataya."

**Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Halina, Sumama sa Amin,"** ***Liahona*****, Nob. 2013, 21.**

iyon," paliwanag niya. "Ngunit nang sumapi ako sa Simbahan, nalaman ko na hindi mo lang binabago ang pinupuntahan mong simbahan; binabago mo rin ang buhay mo."

Ang paglalakbay ni Ryan ay parang paglalakbay ng iba pang mga sumapi: naniwala siya sa katotohanan ng ebanghelyo ngunit naharap sa mahirap na pagbabago ng kultura na may mga bagong inaasahan. "Kung minsan nagtatanong ako, 'Kaya ko ba talagang gawin ito?'" sabi ni Ryan. "Pero kapag ipinamuhay natin ang ating nalalaman, darating ang higit na kaalaman at kalakasan. Babaguhin ng Panginoon ang hindi natin kakayaning baguhin sa ating sarili."

Ang artikulong ito ay tinipong mga patotoo at karanasan ng mga nabinyagan. Sana'y makita ninyo sa pitong paksang ito ang panghihikayat na kailangan ninyo para manatiling aktibo sa Simbahan at mapangalagaan ang inyong bagong pananampalataya hanggang sa ito ay "magkaugat, nang iyon ay lumaki, at magbigay ng bunga" (Alma 32:37).

## Pagdaig sa mga Pagsubok

Kapag ipinamuhay natin ang liwanag ng ipinanumbalik na ebanghelyo, matitiis natin ang kaguluhan sa ating buhay at muli nating makakapiling ang Diyos. Hinihintay ng ating Ama sa Langit na masabi sa atin, "Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin" (Mateo 25:21). Iyan ang Kanyang pangako, at talagang tutuparin Niya ito kung gagawin natin ang ating bahagi.

**Elson Carlos Ferreira, nabinyagan sa Brazil noong 1982**

Tuwing madarama ninyo na parang kayo lang ang may mga paghihirap, tumigil kayo sandali at pag-isipan kung ano ang ginawa ni Cristo para sa inyo at kung paano Siya nagdusa para sa inyo. Lagi Siyang naririyan para tulungan tayong malaman kung sino tayo at ano ang dapat nating kahinatnan. Mas kilala Niya tayo kaysa kilala natin ang ating sarili.

**Mikiko O'Bannon, nabinyagan sa Japan noong 1993**

## Pagsisikap na Magawa ang Mahahalagang Bagay

Wala pa akong nagagawang anumang di-pangkaraniwan para manatiling tapat sa Simbahan. Hindi pa ako nakapaglakad nang 50 milya (80 km) para makarating sa sacrament meeting o naitapon sa nagniningas na hurno. Ngunit ang palagiang paggawa ng mga simpleng bagay—pagdalo sa mga miting ng Simbahan, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, pagdarasal, at pagtupad sa mga tungkulin—ay nakatulong sa akin na mapalago ang aking patotoo (tingnan sa Alma 37:6–7).

**Alcenir de Souza, nabinyagan sa Brazil noong 1991**

Nang una akong sumapi sa Simbahan sa edad na 19, tuwang-tuwa ako tungkol sa ebanghelyo, at ang pagbabasa ng aking mga banal na kasulatan araw-araw ay isang nakamamanghang pakikipagsapalaran.

Gayunman, pagkaraan ng ilang taon ng pagiging miyembro sa Simbahan, napagod ako sa pisikal at espirituwal. Pinilit kong makapagsimba tuwing Linggo, na halos walang natututuhan sa mga miting at sabik na makauwi para makaidlip ako sa araw ng Linggo.

Ang pakikipag-usap ko sa isang kaibigan ay nagbigay ng kaunting liwanag sa aking sitwasyon. Sinuri ko ang mga ginagawa ko na pang-espirituwal, at natanto ko na ang aking mga dalangin ay hindi na taos-puso, at ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan tuwing umaga ay isang gawain na lang—hindi isang kasiyahan. Natanto ko na kailangan kong dagdagan ng kaunting espirituwal na pangangalaga at pamumuhay ang araw-araw kong buhay.

Sinimulan kong magdasal tuwing umaga bago magbasa ng mga banal na kasulatan, na partikular na hinihiling na gabayan at patnubayan ako sa aking pag-aaral. Nagtatrabaho ako nang part-time at may 15-minuto akong pahinga sa umaga na ginamit ko sa pagbabasa ng ilang pahina ng *Ensign*—ang pagkain ng aking espiritu sa tanghali. Sa gabi nagbabasa ako ng mga aklat na nagbibigay-inspirasyon. Tuwing Linggo nagbabasa ako ng manwal na *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan*.

Sa bawat gabi kapag nahiga na ako, payapa ako dahil napawi ko ang aking espirituwal na kagutuman sa buong maghapon. Dahil nagpasiya akong sundin ang isang espirituwal na pamumuhay araw-araw, naging mas mabuting tao ako at lumago ang aking patotoo.

**Tess Hocking, nabinyagan sa California, USA, noong 1976**

MGA PAGLALARAWAN NI ASHLEY TEARE

## Pagpunta sa Templo

Mula nang malaman ko ang tungkol sa templo, ginusto ko talagang magpunta roon. Nalaman ko na ang templo ay isang lugar kung saan tayo maaaring magsagawa ng mga binyag para sa mga patay, mabuklod bilang pamilya, at gumawa ng mas matataas na tipan sa Ama sa Langit. Inihanda ko ang aking sarili at pinanatili kong karapat-dapat ang aking sarili para makapunta sa templo.

**Yashinta Wulandari, nabinyagan sa Indonesia noong 2012**

Matapos akong mabinyagan, nagplano kami ng nobyo kong si JP (na miyembro na ng Simbahan) na magpakasal, ngunit ipinagpaliban namin ang araw ng aming kasal dahil gusto kong magkaroon ng malaking pagdiriwang.

Noong Martes, Enero 12, 2010, pumasok kaming magkasintahan sa eskuwela para dumalo sa klase namin. Habang nakaupo ako sa harap ng computer ko at naghihintay na simulan ng propesor ang klase, nagsimulang yumanig ang gusali. Hindi ko tinangkang tumakbo palabas dahil nakakatakot ang pagyanig.

Tumayo ako sa isang sulok at pumikit, at nagdasal nang taimtim sa Ama sa Langit: "Bigyan po Ninyo ako ng pagkakataong makasal kay JP sa templo."

Ilang sandali pa, tumigil ang pagyanig at tiningnan ko ang paligid. Wala akong makita dahil maalikabok. Hindi ko maalala kung paano ako nakalabas ng silid, pero kalaunan ay nakita kong nasa labas na ako. May luha sa aking mga mata, sinimulan kong isigaw ang pangalan ni JP.

Di-nagtagal nakita ko ang kapatid na babae ni JP. "OK lang siya!" sigaw niya. "Tinutulungan niya ang ilang estudyanteng naipit sa ilalim ng mga guho."

Hindi ako mas espesyal kaysa ibang hindi nakalabas, pero alam kong sinagot ng Ama sa Langit ang aking panalangin. Ikinasal kami ni JP sa templo noong Abril 6, 2010, mahigit isang taon lang matapos akong mabinyagan at halos tatlong buwan pagkaraan ng lindol. Payapa at masayang araw iyon na hinding-hindi ko malilimutan. Wala kaming malaking party, pero iyon ang pinakamagandang bagay para sa akin.

**Marie Marjorie Labbe, nabinyagan sa Haiti noong 2009**





# Pagbabahagi ng Ebanghelyo

Bilang bagong miyembro ng Simbahan, gustung-gusto ko ang gawaing misyonero. Lahat ay maaaring maging missionary. Tuwing ibabahagi ninyo ang ebanghelyo sa isang tao, binabago nito ang kanyang buhay, pero pinalalakas din nito ang inyong patotoo. Nakikita ng mga tao ang liwanag sa inyong mga mata, at nanaisin nilang malaman kung bakit napakasaya ninyo. Ang paggawa ng gawaing misyonero ay hindi lamang nagbibigay ng pagkakataon sa mga tao na malaman ang tungkol sa Simbahan kundi tumutulong din sa kanila na madama ang Espiritu at magkaroon ng sariling espirituwal na karanasan.

**Elena Hunt, nabinyagan sa Arizona, USA, noong 2008**

Gustung-gusto ko ang gawaing misyonero! Tatlong buwan matapos akong mabinyagan, nagpunta ako sa Martinique para makasama ang aking pamilya sa bakasyon sa tag-init. Kinausap ko ang kapatid ko araw-araw tungkol sa Aklat ni Mormon at sa ebanghelyo.

Inanyayahan ko siyang magsimba sa unang Linggo, pero tumanggi siya. Sa ikalawang Linggo, sinundan niya ako sa simbahan. Sa pagtatapos ng mga miting, halos hindi siya kinakitaan ng interes, na para bang wala siyang naranasang anumang espesyal sa tatlong oras na iyon.

Kahit kinausap ko pa rin siya tungkol sa ebanghelyo nang sumunod na linggo, hindi ko siya inanyayahang magsimba sa pagkakataong iyon. Isang himala ang nangyari noong Sabado ng gabi: habang namamalantsa ako ng isusuot kong damit-pangsimba kinabukasan, napansin ko na gayon din ang ginagawa niya.

"Ano ang ginagawa mo?" tanong ko.

Sagot niya, "Sasama ako sa iyong magsimba bukas."

"Hindi kita pinipilit na sumama," sabi ko.

Pero sumagot siya, "Gusto kong sumama."

Patuloy siyang nagsimba tuwing Linggo pagkaraan niyon.

Nang makabalik na ako sa katimugang France, kung saan ako nag-aaral, sinabi sa akin ng kapatid ko sa telepono na bibinyagan na siya. Sinabi ko sa kanya na gusto kong naroon ako sa kanyang binyag pero ang pinakamahalaga ay na aktibo pa rin siya sa Simbahan pagbalik ko sa Martinique.

Isang taon pagkaraan, bumisita akong muli. Sa sacrament meeting, matibay na pinatotohanan ng kapatid ko ang katotohanan ng ebanghelyo. Napapaluha ako tuwing maiisip ko na ang kapatid ko, na kabahagi ko sa pinakamagagandang sandali ng buhay ko, ay makakabahagi ko rin sa ebanghelyo ng ating Panginoon (tingnan sa Alma 26:11–16).

**Ludovic Christophe Occolier, nabinyagan sa France noong 2004**

Para malaman ang iba pang paraan kung paano ninyo maibabahagi ang ebanghelyo sa inyong mga kaibigan at pamilya, isiping basahin ang mga sumusunod: Elder M. Russell Ballard, "Magtiwala Kayo sa Panginoon," *Liahona,* Nov. 2013, 43; Elder Neil L. Andersen, "Ito ay Isang Himala," *Liahona,* Mayo 2013, 77; Elder Dallin H. Oaks, "Pagbabahagi ng Ebanghelyo," *Liahona,* Ene. 2002, 7. Tingnan din sa www.lds.org/training/wwlt/2013/hastening.

**FAMILY HISTORIAN SA KAUNA-UNAHANG PAGKAKATAON?**

Maipaparating ninyo sa iba ang galak na nadama ninyo sa inyong binyag sa paggawa sa inyong family history at pagtulong sa inyong mga ninuno na lumapit kay Cristo. Ang FamilySearch.org ay isang napakagandang lugar para magsimula. Mabubuo ninyo ang inyong family tree sa pagdaragdag ng mga miyembro ng pamilya na may mga petsa ng kanilang kapanganakan at kamatayan. Matutulungan kayo ng mga family history consultant sa inyong ward o branch na hanapin ang inyong mga ninuno at ang impormasyon tungkol sa kanila, pati na ang mga sensus at sertipiko ng kasal. Kapag nakakolekta kayo ng impormasyon, maisasagawa ninyo at ng iba ang mga ordenansa sa templo para sa inyong yumaong mga kamag-anak.

# Paggawa ng Gawain sa Family History

Nang maturuan ako ng mga missionary, ipinagdasal kong malaman kung totoo ang ebanghelyo. Nilapitan ako ng mahal kong lolo sa isang panaginip at pinatotohanan ang katotohanan nito. Sa puntong ito, naunawaan ko ang aking banal na obligasyon sa aking mga ninuno. Ganito ang sabi ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan: "Nang mabinyagan kayo, umaasang tiningnan kayo ng inyong mga ninuno mula sa daigdig ng mga espiritu. Marahil matapos ang daan-daang taon, nagalak silang makita ang isa sa kanilang mga inapo na nakipagtipang hahanapin sila at palalayain sila. . . . Nakabigkis ang kanilang mga puso sa inyo. Nasa mga kamay ninyo ang kanilang pag-asa."[1]

**Steven E. Nabor, nabinyagan sa Utah, USA, noong 1979**

Nalungkot kami ng asawa kong si Laura nang mamatay ang aming panganay na anak, ang aming apat-na-buwang anak na si Cynthia Marie, dahil sa mga kumplikasyon sa spina bifida. Ang trahedya ay naging dahilan upang kami, na nagdadalamhati at bata pang mga magulang, ay maghanap ng paraan para makasamang muli ang aming anak balang-araw. Hindi pa kami miyembro ng Simbahan noon.


Isang umaga ibinuhos ni Laura ang kanyang hinaing sa Ama sa Langit, na nagsusumamo, "Mahal na Ama, nais kong makasamang muli ang aking anak balang-araw, pero hindi ko alam kung paano. Ipakita po Ninyo sa akin kung paano."

Sa sandaling iyon may kumatok sa pintuan namin. Binuksan iyon ni Laura na tumutulo pa rin ang luha sa kanyang mukha. Naroon at nakatayo ang dalawang missionary. Sa huli, kami ni Laura ay kapwa nagkaroon ng patotoo sa katotohanan ng Aklat ni Mormon at nabinyagan.

Gustong makatiyak ni Laura na nagkaroon ng pagkakataon ang lahat ng kapamilya namin na tanggapin ang ebanghelyo. Sa unang 15 taon matapos kaming mabinyagan, naghanda si Laura ng mga pangalan para sa templo, at magkasama naming dinala ang mga ito sa templo. Pagkaraan ng kaunting panahon lumala ang artritis ni Laura kaya dinala kong mag-isa ang mga pangalan sa templo.

Tatlong taon nang pumanaw si Laura matapos tiisin nang matagal ang artritis. Ang paghahanap ng paraan para makapiling ang aming anak ang nagpasimula sa aming gawain sa templo para sa libu-libong mahal naming mga ninuno. Dumanas kami ng maraming himala habang gumagawa ng pagsasaliksik sa family history at gawain sa templo (tingnan sa D at T 128:18, 22).

**Norman Pierce, nabinyagan kasama si Laura Pierce sa Louisiana, USA, noong 1965**



## Pakikibahagi sa mga Miting ng Simbahan

Ang pagdarasal sa simbahan, pagbibigay ng opinyon sa mga aralin, at pagsasalita sa sacrament meeting ay magpapala kapwa sa inyo at sa mga nakikinig. Kapag nagsalita kayo sa pangalan ni Jesucristo, gumagawa ang Banal na Espiritu sa pamamagitan ninyo. Hindi lamang nangungusap ang Ama sa langit sa pamamagitan ng mga banal na kasulatan at mga propeta at apostol kundi maging sa pamamagitan ninyo para sagutin ang mga tanong ng isang tao, palakasin ang isang tao sa kanyang mga kahinaan, o pawiin ang mga pagdududa ng isang tao.

Nang hilingin ng bishop na magpatotoo ako sa sacrament meeting matapos akong mabinyagan, nakadama ako ng takot at kakulangan. Hindi pa ako nakapagsalita sa harap ng isang kongregasyon.

"Talaga po bang kailangan ito?" tanong ko sa bishop.

"Oo!" sabi niya.

Sa sacrament meeting, pinatotohanan ko kung paano ako minamahal ng Ama sa Langit at paano Niya sinagot ang aking mga dalangin sa pagtulong sa akin na matagpuan ang ipinanumbalik na ebanghelyo. Nang tumayo ako sa pulpito, damang-dama ko ang Banal na Espiritu. Nadama ko na mapalad akong maging miyembro ng totoong Simbahan ni Cristo. Puspos ng kaligayahan at kapayapaan ang puso ko. Ginawang magandang karanasan ng Ama sa langit ang takot ko sa pagsasalita.

Nang sumunod na buwan nagkaroon ako ng pagkakataong magsalita sa sacrament meeting. Muli akong nakadama ng takot—sino ako para turuan yaong mga mas maraming alam tungkol sa ebanghelyo? Ngunit ipinagdasal kong tulungan ako ng Banal na Espiritu na magsalita. Muli kong nadama na inantig ako ng Espiritu, at ipinahiwatig sa akin na nasiyahan ang Ama sa Langit na nagpabinyag ako at na pinatawad na ang aking mga kasalanan.

Alam ko mula sa aking mga karanasan na ako ay natatanging anak ng Diyos at mahal Niya ako. Ang pagsasalita sa sacrament meeting ay mahalagang pagkakataon para mapaglingkuran ko ang Diyos sa pamamagitan ng pagpapatotoo na naipanumbalik na ni Jesucristo ang Kanyang Simbahan sa lupa.

**Pamella Sari, nabinyagan sa Indonesia noong 2012**

## Paglilingkod sa Simbahan

Ang tungkulin sa Simbahan ay nakatutulong sa inyo na matutuhan ang ebanghelyo at nagbibigay sa inyo ng responsibilidad na maghihikayat sa inyong magsimba at tutulungan kayong maglingkod sa iba, kahit nahihirapan kayo.

**Su'e Tervola, nabinyagan sa Hawaii, USA, noong 2008**

Ang visiting teaching at home teaching ay naglalaan ng mga pagkakataong madama at makita ang tunay na pagkahabag na tulad ng kay Cristo. Naglalaan ito ng mga karanasan sa pagpapakumbaba at pagmamahal na magpapabago sa inyo magpakailanman. Bilang mga anak ng Ama sa Langit, kailangan ang ating paglilingkod para mapalaganap ang kabaitan sa Kanyang buong ubasan.[2]

**Cheryl Allen, nabinyagan sa Michigan, USA, noong 1980**

Di-nagtagal matapos akong binyagan, tinawag ako ng branch president bilang Young Men president. Masayang makasama ang mga kabataan at tulungan silang matuto tungkol sa ebanghelyo. Habang nagtuturo ako, natututo ako. Ito ang una sa sunud-sunod na mga tungkuling natanggap ko. Sa bawat isa sa mga responsibilidad ko, nagalak ako at nasiyahan sa mga bagong hamon. Itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson: "Alalahanin na sinumang tinawag ng Panginoon ay binibigyan Niya ng kakayahan."[3] Kinailangan kong magtiwala at maniwala nang may pagpapakumbaba na magkakaroon ako ng kakayahan. At wala pa akong anim na buwan na miyembro, nagkaroon na ako ng malaking pagkakataong maging pamilyar sa mga programa sa Simbahan.

**Germano Lopes, nabinyagan sa Brazil noong 2004** ■

**MGA TALA**

1. Henry B. Eyring, "Pusong Magkakabigkis," *Liahona,* Mayo 2005, 80.
2. Tingnan sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 121–145; Thomas S. Monson, "Home Teaching—a Divine Service," *Ensign,* Nob. 1997, 46.
3. Thomas S. Monson, "Duty Calls," *Ensign,* Mayo 1996, 44.



**Ni Elder**
**Ronald A. Rasband**
Senior President
ng Pitumpu



# Pagkakaroon ng Espirituwal na Kapangyarihan sa mga Korum ng Priesthood

*Biniyayaan tayo ng Panginoon ng mga korum ng priesthood para maturuan tayo nang "ang [ating] mga puso ay magkakasama sa pagkakaisa at sa pag-ibig sa isa't isa."*

Ilang taon na ang nakalipas naglingkod si Elder Paul V. Johnson ng Pitumpu, kasama ang kanyang asawa, sa isang Area Presidency sa Chile. Isang araw ng Biyernes kinailangan niyang magbiyahe nang 900 milya (1,450 km) mula sa bahay nila sa Santiago para muling iorganisa ang stake presidency.

Pagdating niya sa kanyang paroroonan noong Biyernes ng gabi, may tumawag sa kanya na nagsabing nasa ospital ang kanyang asawa. Nang kausapin niya si Sister Johnson, ipinaliwanag nito na nahulog siya sa hagdan at nadurog ang buto sa kanyang tuhod [kneecap]. Matapos tiyakin sa kanya ni Sister Johnson na pinangangalagaan siya nang husto at sa Lunes o Martes pa siya ooperahan, hinikayat siya nitong tapusin ang kanyang tungkulin na muling iorganisa ang stake at mangulo sa stake conference.

Napanatag sa sinabi ni Sister Johnson, agad nag-email si Elder Johnson sa kanyang lider ng korum sa Salt Lake City para ireport ang sitwasyon. Pagkatapos ay nagplano siyang magpatuloy sa kanyang tungkulin. May aral na matututuhan sa ikinilos niya: una, inireport niya ang sitwasyon sa kanyang lider ng korum, at *pagkatapos* ay nagpatuloy siya sa kanyang tungkulin.

Inorganisa ang mga Korum ng Pitumpu sa paraang bawat miyembro ay may partikular na paglilingkod na gagawin sa iba, pati na ang magiliw na pangangalaga sa emeritus na mga miyembro ng korum. Dahil sa mga tungkulin sa iba't ibang panig ng mundo, karaniwan ay hindi maaaring bumisita nang personal ang mga miyembro ng korum; gayunman, nakikipag-ugnayan sila sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono, email, text, at iba pang elektronikong paraan. Bawat miyembro ay hinihilingang agad ipaalam sa kanyang lider ng korum ang anumang mahahalagang pagbabago sa sitwasyon ng mga pamilya, na siyang ginawa mismo ni Elder Johnson.

Sa kaso ni Elder Johnson, ang kanyang lider ng priesthood ay si Elder Claudio R. M. Costa, na noon ay naglilingkod bilang miyembro ng Panguluhan ng Pitumpu. Tinawagan ni Elder Costa si Elder Johnson kinabukasan habang kasalukuyang iniinterbyu ni Elder Johnson ang mga lokal na lider. Nadama ni Elder Costa na dapat umuwi si Elder Johnson ngunit pinakinggan niyang mabuti ang paliwanag ni Elder Johnson kung bakit niya nadama na maayos ang lagay ng kanyang asawa at maaari

MGA PAGLALARAWAN NINA WELDEN C. ANDERSEN, CODY BELL, AT LESLIE NILSSON, MALIBAN KUNG IBA ANG NAKASAAD



*Kapag isinali ang lahat ng miyembro ng korum ng Aaronic o Melchizedek Priesthood, magkakaroon ng lakas at diwa ng kapatiran.*

niyang tapusin ang muling pag-oorganisa sa stake. Sinabi ni Elder Costa kay Elder Johnson na magpatuloy habang aalamin naman niya ang kalagayan ni Sister Johnson.

Mga dalawang oras kalaunan tinawagan ni Elder Costa si Elder Johnson at sinabi rito na nakausap niya ang mga lider ng korum tungkol sa sitwasyon at na nadama nila na kailangan niyang puntahan si Sister Johnson. Ipinaalam kay Elder Johnson na may tiket na siya sa airport at na parating na si Elder Carlos H. Amado para tapusin ang muling pag-oorganisa sa stake presidency.

Pagdating ni Elder Johnson sa ospital, nalaman niya na matindi ang sakit na nadarama ng kanyang asawa. Nakaragdag sa paghihirap nito ang katotohanan na hindi siya marunong ng wikang sinasalita ng mga doktor at nars na nakapaligid sa kanya. Kailangan niya ang kanyang asawa. Ang inspiradong pag-aalala ng kanyang mga lider ng korum ang naghatid kay Elder Johnson sa tabi ng kanyang asawa.

"Napapangalagaan ako sa korum na ito," sabi ni Elder Johnson, "at malaki ang pananampalataya at sigla sa likod ng pangangalagang iyon. Talagang nadarama ko na bahagi ako ng korum. Palagay ko kung matawag ako sa presidency ng elders quorum, magiging mas mahusay na president ako dahil sa karanasan ko sa korum na ito."

Totoo iyan. Ang pagkakaisa at pagmamahal na nakikita ko sa aking mga kapatid ay maaaring magsilbing huwaran para sa lahat ng korum ng priesthood. Kung ang huwarang iyan ay tutularan, labis na pagpapalain ang mga korum at mga miyembro sa buong Simbahan.

## Ang Pinagmumulan ng Lakas ng Isang Korum

May malaking kapangyarihan sa mga korum ng Aaronic at Melchizedek Priesthood—o talagang mayroon! Ang kapangyarihang ito ay natatamo sa awtoridad na bigay ng Diyos na kumilos sa Kanyang pangalan at nailalakip sa patotoo, lakas, at lubos na katapatan ng bawat miyembro.

Ang resulta ay kamangha-mangha: ang mga miyembro ng korum at ang kanilang pamilya ay nagiging mas espirituwal, mas matatag, at mas epektibong mga disipulo ni Jesucristo. Nakita ko na ang pagtutulungang ito sa paghubog ng kahanga-hangang kapatiran na naiiba sa anumang makikita sa labas ng Simbahan ng Panginoon.

Naaalala ko ang isang kaalaman na ibinahaging minsan ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan. Sabi niya: "Natutuhan ko sa paglipas ng mga taon na wala sa dami ng maytaglay ng priesthood na naroon ang lakas ng korum. Ni hindi ito kusang nanggagaling sa edad at kahustuhan ng isip ng mga miyembro. Sa halip, ang katatagan ng korum ay higit na nagmumula sa kung gaano ganap na nagkakaisa sa kabutihan ang mga miyembro nito."[1]

Kapag nagkaisa sa kabutihan ang mga miyembro ng korum, ang mga kapangyarihan ng langit ay tuluy-tuloy na dadaloy sa kanilang buhay at makikita sa paglilingkod na ibinibigay nila sa isa't isa, sa kanilang pamilya, sa Simbahan, at sa mga komunidad kung saan sila nakatira.

Pitumpu't anim na taon na ang nakararaan, binigyang-kahulugan ni Elder Stephen L Richards, na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, ang korum bilang "una, isang klase; pangalawa, isang kapatiran; at pangatlo, isang pangkat na naglilingkod."[2] Ang klasikong kahulugang iyan ay mabisang ipinapakita ng mga Korum ng Pitumpu.

## Ang Korum Bilang Isang Klase

Bawat linggo nagkikita-kita ang mga miyembro ng Pitumpu na naninirahan sa Salt Lake City area sa isang miting ng korum sa headquarters ng Simbahan. Doon ay naghahalinhinan sila sa pagtuturo sa isa't isa tungkol sa doktrina ng Simbahan, mga gawain, at patakaran alinsunod sa ika-88 bahagi ng Doktrina at mga Tipan: "Magtalaga sa inyo ng isang guro, at huwag maging mga tagapagsalita ang lahat kaagad; sa halip magsalita nang isa-isa at makinig ang lahat sa kanyang sinasabi, upang kapag ang lahat ay nakapagsalita na ang lahat ay mapasigla ng lahat" (D at T 88:122).


Ang mga miting na ito ay mahahalagang karanasan na pinagkukunan ng inspirasyon at nagpapatatag sa kapatiran. Puspos ng diwa ng pagkakaibigan at damdamin ng pagtutulungan at pagmamahal ang mga miting na ito. Dahil hindi lahat ng miyembro ng Pitumpu ay maaaring dumalo, inirerekord ang mga miting at mapapanood sa internet ng mga miyembrong naglilingkod sa lugar na malayo sa headquarters ng Simbahan.

Inilarawan ng kapatid ko sa aking korum na si Elder Don R. Clarke ang mga miting na ito bilang "mga espirituwal na piging tungkol sa doktrina at pagsasabuhay nito." Nang maglingkod siya sa isang international Area Presidency, sinabi niya, "Inaasam naming mapanood [ang mga video] linggu-linggo sa aming Area Presidency meeting. May mga pagkakataon na ang paksang iyon mismo ang kailangan naming pag-usapan."

Salamat sa nakarekord na mga miting ng korum at sa pangangalagang nadarama ng Pitumpu at ng kanilang pamilya mula sa mga lider ng Simbahan at mga kapatid sa kanilang korum, "hindi namin nadama kailanman na napakalayo namin," sabi ni Elder Kevin R. Duncan. "Saanman kami naglilingkod sa mundo, hindi namin nadarama na nag-iisa kami."

Kapag isinali ang lahat ng miyembro ng isang korum ng Aaronic o Melchizedek Priesthood, nagkakaroon ng lakas at diwa ng kapatiran kapag tinuruan ng mga miyembro ng korum ang isa't isa at nagbahagi sila ng iba't ibang ideya. Maraming korum na may maraming guro, at isang magandang pamamaraan iyan.

Maaaring tularan ng mga lider ng korum sa buong Simbahan ang halimbawa ng Pitumpu. Para sa mga taong hindi makadadalo sa mga miting ng korum, maghanap ng mga paraan na maisama sila. Isipin na lang kung ano ang epekto ng isang tawag sa telepono sa isang high priest na hindi na makalabas ng bahay o nasa isang bahay-kalinga. Hindi ba niya pasasalamatan ang tawag ng isang brother sa kanyang korum na nagbabahagi ng tinalakay sa miting ng kanilang korum? Madaling mapapabilis ng teknolohiya ang pagbabahaging iyan.



***Para sa mga taong hindi makadadalo sa mga miting ng korum, maghanap ng mga paraan na maisama sila.***



## Ang Korum Bilang Isang Kapatiran

Ang mga miting ng korum ay maaari ding mapaganda ng mga adyenda na nakatuon sa mga bagay na talagang mahalaga. Napakadalas nilang pag-ukulan ng panahon ang quorum business at mga pabatid [announcement] na mas maganda sanang iukol sa pangangalaga at pagpapatatag ng kapatiran. Ang isang epektibong adyenda ng korum ay maaaring magtuon sa tatlong aspetong binanggit ni Elder Richards sa kanyang pakahulugan—pagtuturo sa klase, kapatiran, at paglilingkod.

Sa aming korum ibinabahagi namin ang mga katitikan [minutes] at pabatid sa pamamagitan ng email. Sa aming mga presidency meeting ang una sa aming adyenda ay ang kapakanan ng mga miyembro ng aming korum. Itinatanong namin kung sino ang nangangailangan. Binabanggit namin sa panalangin ang pangalan ng mga miyembro ng korum—sa kasalukuyan at na-release—kanilang mga anak, at kanilang mga apo. Madalas naming baguhin ang aming adyenda para matalakay kung ano ang magagawa namin para makatulong.



Kailangang bigyang-pansin ang quorum business at mga tungkulin sa paglilingkod, pero ang matatalinong lider ng korum ay di-gaanong nag-uukol ng oras sa mga petsa at pabatid (ipadala ang mga iyon sa email, o isulat ang mga ito sa isang handout) at mas nag-uukol ng oras sa doktrina, pagpapatatag ng kapatiran, at kung paano makatutulong ang korum sa iba.

Bilang mga kapatiran, walang kapantay ang mga korum ng priesthood sa mundo. Ilang taon na ang nakararaan ipinaliwanag ni Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, na "noong unang panahon kapag itinatalaga sa isang piling organisasyon ang isang tao, ang kanyang tungkulin, na laging nakasulat sa Latin, ay bumabalangkas sa responsibilidad ng organisasyon, nililiwanag kung sino dapat ang maging mga miyembro, at walang salang may mga salitang: *quorum vos unum,* na ibig sabihin ay 'kalooban naming magkaisa kayo.'"[3]

***Ang matatalinong lider ng korum ay mas nag-uukol ng oras sa doktrina, sa pagpapatatag ng kapatiran, at kung paano makatutulong ang korum sa iba.***



Walang mas nakapagpapaisa sa mga puso ng mga tao kaysa sa Espiritu ng Diyos. Sa ilalim ng impluwensya ng Espiritu, nahikayat ng kabutihan ng mga miyembro ng korum at ng pagmamalasakit sa isa't isa, ang mga korum ay maaaring pagkunan ng malaking espirituwal na kapangyarihan ng mga miyembro ng korum at ng kanilang mga pamilya, at maging ng mga taong pinaglilingkuran nila.

Bukod pa rito, mahalaga ang pakikipagugnayan at pakikisalamuha. Ang isang matatag na korum ay magtitipon paminsan-minsan sa mga aktibidad na nagbibigay ng mga oportunidad na makasalamuha ang mga miyembro ng korum at ang kanilang pamilya sa panatag at masayang paraan. Ang pakikisalamuha ay mahalagang bahagi ng pagpapatatag at pagpapanatili ng kapatiran.

### Ang Korum Bilang Isang Pangkat na Naglilingkod

Sa maraming paraan ang kapatiran sa mga korum ng priesthood ay nagpapalakas sa paglilingkod na ibinibigay ng mga korum. Ang mga korum ng priesthood, na nagtutulungan sa diwa ng kapatiran at pagmamahalan, ay makagagawa ng mga himala.

Muli kong naisip sina Elder Paul at Sister Jill Johnson. Nakaranas sila ng ilang mabibigat na pagsubok sa pamilya. May isang anak silang babae at isang bata pang apong lalaki na nakipaglaban sa kanser. Nakagawa ng mahimalang kaibhan ang mga panalangin at pag-aayuno ng mga miyembro ng korum ni Elder Johnson sa dalawang ito.

Ang Simbahan at mga komunidad kung saan may mga unit ng Simbahan ay pinagpapala nang maraming beses ng tapat na paglilingkod ng mga korum ng priesthood. Ang paglilingkod na iyon ay nagiging mabisa kapag nagkaisa ang lakas ng mga miyembro ng korum sa matwid na pagmamahal na tulad ng kay Cristo.

Madalas kong maobserbahan na dumarating ang lakas at pagmamahal kapag may sakripisyo, at malaki ang bahagi rito ng mga asawa ng Pitumpu. Ilang taon na ang nakalipas binisita ko sina Elder Claudio at Sister Margareth Costa nang maglingkod sila sa Bogotá, Colombia. Isang gabi pagkatapos ng hapunan nakipag-usap sa online video ang mga Costa sa ilan sa kanilang mga apo. Habang nagsasalin si Elder Costa para sa akin, nalaman ko na tinatawag ng mga apo si Sister Costa na "Computer Grandma." Sa pagtatapos ng pag-uusap, niyakap ng dalawang apo na edad dalawa at apat ang computer monitor, para yakapin si Sister Costa. Ipinaalam sa akin ni Sister Costa kalaunan na akala ng mga batang iyon ay nakatira sila ni Elder Costa sa loob ng computer.

Ang pagiging malayo sa mga anak at apo sa mahahalagang okasyon ay mahirap lalo na sa mga ina at lola. Gayunman, naglilingkod sila dahil mahal nila ang Panginoon at nadarama nila na talagang bahagi sila ng tungkulin ng kanilang asawa.

"Ang ating mga asawa ay nakakatulong sa makabuluhang paraan," pagpuna ni Elder Duncan. "Hindi lamang nila sinusuportahan ang kanilang asawa sa mabibigat na pasanin nila, kundi nakikipag-ugnayan din sila sa mga miyembro at lider sa iba't ibang panig ng mundo sa nakapagbibigay-inspirasyong paraan. Ang ating mga asawa ay mga tunay na halimbawa ng masayang paglalaan."

Ang ganyang uri ng pagkakaisa ng Pitumpu at kanilang mga asawa ay may malaking impluwensya. Naaalala ko na naatasan akong magpunta sa Japan at maglakbay sa mga lungsod na kasama sina Elder Yoon Hwan at Sister Bon Choi, na naglilingkod noon sa Asia North Area Presidency. Alam ko na may problema sa kanilang bansang Korea, at binanggit ko ito. Matapos ko siyang hikayatin nang kaunti, sinabi sa akin ni Sister Choi ang kabigatan ng problema. Pagkatapos ay may mga iminungkahi siya na talagang nakatulong nang malaki sa paghahanap ng solusyon.

Ipinaalala sa atin ni Pangulong Thomas S. Monson na, "Mga kapatid, kailangan ng daigdig ang inyong tulong. May mga paa na dapat mapatatag, kamay na dapat abutin, isipan na dapat mahikayat, puso na dapat mapasigla, at mga kaluluwa na dapat mailigtas. Ang pagpapala ng kawalang-hanggan ay naghihintay sa inyo. Pribilehiyo ninyo na hindi maging tagapanood kundi maging kabahagi sa entablado ng paglilingkod ng priesthood."[4]

Talagang ang tunay na kapatiran ay sukatan ng kabanalan. Kapag lalo tayong napapalapit sa huwarang iyan, lalo tayong nagiging banal. Lubos na nagkakaisa ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu Santo sa pagmamahal, espirituwal na kapangyarihan, at kaalaman kaya tinutukoy sa mga banal na kasulatan na Sila ay iisa (tingnan sa Juan 17:21–23; 2 Nephi 31:21; 3 Nephi 11:27, 36). Biniyayaan tayo ng Panginoon ng mga korum ng priesthood para maturuan tayo sa uri ng pagkakaisa na magiliw na inilarawan sa aklat ni Mosias: "na ang kanilang mga puso ay magkakasama sa pagkakaisa at sa pag-ibig sa isa't isa" (Mosias 18:21).

Dalangin ko na bawat lider ng korum at miyembro ay tutulong sa bawat miyembrong lalaki at aalamin ang mga pangangailangan niya at ng kanyang pamilya. Ang pagtatalaga ng isang partikular na araw ng Linggo bawat buwan para mapanalanging magdaos ng mga talakayan sa mga miting ng korum ay makatutulong sa pagsasagawa ng mahalagang gawaing ito. Kapag nalaman na ang mga pangangailangan, makakakita ng mga paraan ang mga miyembro ng korum para mapagpala ang mga buhay at mas saganang makabahagi sa mga kapangyarihan ng langit, sa gayon ay mag-iibayo ang espirituwal na kapangyarihan sa mga korum ng priesthood. ■

*Para sa iba pang mga ideya tungkol sa pagpapalakas ng inyong korum, tingnan sa Henry B. Eyring, "Talian ang Kanilang mga Sugat,"* Liahona, *Nob. 2013, 58.*

**MGA TALA**

1. Henry B. Eyring, "Korum ng Priesthood," *Liahona,* Nob. 2006, 43.
2. Stephen L Richards, sa Conference Report, Okt. 1938, 118.
3. Boyd K. Packer, "The Quorum," sa *A Royal Priesthood* (Melchizedek Priesthood personal study guide, 1975–76), 131.
4. Thomas S. Monson, "Sa Pagsaklolo," *Liahona,* Hulyo 2001, 57.



## ANG PITUMPU: ISANG PAMANA NG PAGLILINGKOD

Ang Pitumpu ay isang tungkulin sa priesthood na maging saksi ni Jesucristo at tulungan ang mga propeta ng Panginoon. Nang mabigatan sa pamumuno si Moises, sinabi ng Panginoon sa kanya na tipunin ang "pitong pung lalake sa mga matanda sa Israel, . . . at ako'y kukuha sa Espiritung sumasaiyo at aking isasalin sa kanila; at kanilang dadalhin ang pasan ng bayan na kasama mo" (Mga Bilang 11:16–17).

Kalaunan, sa Kanyang mortal na ministeryo, ang Tagapagligtas ay "naghalal ng pitongpu pa, at sila'y sinugong daladalawa, sa unahan ng kaniyang mukha" (Lucas 10:1).

Ngayon, ang Panginoon ay muling tumawag ng Pitumpu "na kikilos sa pangalan ng Panginoon, sa ilalim ng tagubilin ng Labindalawa . . . , sa pagtatayo ng simbahan at pamamahala sa lahat ng gawain . . . sa lahat ng bansa" (D at T 107:34). Sila ay pinamumunuan ng pitong pangulo. Itinuro ng Panginoon na maaaring tumawag ng maraming Pitumpu ayon sa mga pangangailangan ng Simbahan. (Tingnan sa D at T 107:93–96.)

KALIWA IBABA: PAGLALARAWAN NG STOCKBYTE/THINKSTOCK; KANAN: *NAGPAKITA SI JEHOVA KAY MOISES AT SA PITUMPUNG ELDER,* NI JERRY HARSTON

# ISA'T KALAHATING MINUTO SA GITNA NG ULAN

Habang lumalaki, ako ang batang hindi mo na kailangang alalahanin pa. Aktibo ako sa Simbahan buong buhay ko. Naging pangulo ako ng mga priesthood quorum ko at ng mga klase ko sa seminary. Sumama ako sa lahat ng kumperensya ng mga kabataan, temple trip, aktibidad sa Scouting, at Mutwal. Mayroon din akong patotoo sa ebanghelyo. Subalit nang maging miyembro ako ng aking priests quorum, nahirapan ako, bagama't walang nakaalam nito. Ako lang naman ang batang hindi mo na kailangang alalahanin pa.

Sa mga unang ilang linggo at buwang iyon sa korum ginawa ko ang lagi kong ginagawa noon: nagsimba ako, nagpunta sa mga aktibidad sa Mutwal, at Scouting. Gayunman, nahihirapan ang kalooban ko. Hindi ko nadama na bahagi ako ng grupo o na gusto akong makasama ng ibang mga binatilyo. Gustung-gusto kong madama na kabilang nila ako.

Sa paglipas ng panahon, nagkaroon ako ng mga tanong at pagdududa kung gusto ko nga bang maging bahagi ng korum. Ngunit nanatili akong aktibo, tahimik na naninimdim at umaasam na maipadama sa akin ng isang bagay o isang tao na tanggap nila ako.

Katatapos lang naming kumpunihin ni Itay ang unang kotse ko, isang magandang 1967 Ford Mustang. Paminsan-minsa'y nagtanong si Brother Stay, ang aking Young Men president, tungkol dito. Akala ko nagtatanong siya dahil interesado siya sa luma at magarang kotse—hindi sa isang binatilyo.

Kaunti lang ang alam ni Brother Stay tungkol sa mga kotse, pero naroon siya't nakatayo sa dilim, sa gitna ng ulan, nakatingin sa makina ng sasakyan na halos hindi na makita.



Nagbago ang lahat ng ito isang maulang gabi pagkatapos ng Mutwal. Dahil malakas ang ulan, inihatid kaming lahat ni Brother Stay sa bahay mula sa simbahan, at ako ang huli niyang inihatid. Nang makita niya ang aking asul na Mustang sa daanan, muli siyang nagtanong tungkol dito. Niyaya ko siyang tingnan ang makinang kinumpuni ko nang maraming oras.

Kaunti lang ang alam ni Brother Stay tungkol sa mga kotse, at naghihintay na sa kanya ang kanyang asawa't anak sa bahay nila. Pero naroon siya't nakatayo sa dilim, sa gitna ng ulan, nakatingin sa makina ng sasakyan na halos hindi na makita. Sa sandaling iyon natanto ko na hindi niya ginagawa iyon para makakita ng luma at magarang kotse—ginagawa niya iyon dahil nagmamalasakit siya sa akin.

Dahil sa isa't kalahating minutong iyon ng pagtayo sa gitna ng ulan, natagpuan ko ang kailangan ko. Sa wakas ay nadama kong tanggap nila ako. Nasagot ang taimtim kong mga dalangin.

Mula noon ay nakapasok na ako sa templo, nakapagmisyon, nakatapos sa kolehiyo, at nagsikap na tuparin ang aking mga tipan. Maaaring hindi na maalala ni Brother Stay ang sandaling iyon, pero hinding-hindi ko iyon malilimutan.

May mga paghihirap tayong lahat, ngunit lahat tayo ay makapag-uukol ng isa't kalahating minuto pa arawaraw para magpakita ng pagmamahal sa isa sa mga anak ng Diyos. Maaaring ito ang makagawa ng kaibhan—maging sa taong akala natin ay hindi na natin kailangang alalahanin pa. ■

Jason Bosen, Utah, USA

MGA PAGLALARAWAN NI BRADLEY CLARK

# ANG ATING LIWANAG SA KADILIMAN

Kailan lang ay nasunog ang bahay ng aming pamilya, at lahat kaming walo ay tumira sa isang mobile home na may tatlong silid sa harapan ng aming bakuran. Nagkaroon ng mga hamon at sigalutan ang aming pamilya.

Ang asawa ko ay hindi aktibo sa Simbahan noon. Ang dalawang binatilyo naming anak ay gumagawa ng mga pasiyang hahantong lamang sa kalungkutan. Kasabay nito, naglilingkod ako noon bilang Young Women president sa aming ward, at ang ilan sa mga dalagita ay nahihirapang labanan ang matitinding tukso. Ang ilan sa kanilang mga magulang ay may mga problema rin kaya hindi nila natutulungan ang mga anak nilang babae sa kritikal na panahong ito.

Alam kong kailangan ng mga dalagitang ito ang tulong ko upang makayanan nila ang mga pagsubok sa kanilang espirituwalidad. Alam kong kailangan ako ng anim na anak ko. Alam kong umasa sa lakas ko ang mabait kong asawa. Ngunit tila walang anuman sa aking paligid kundi pawang kadiliman, at nakadama ako ng kahungkagan, katamlayan, at kawalang kakayahan na akayin sa kaligtasan ang mga mahal ko sa buhay.

Isang hatinggabi habang inuugoy ko ang aming sanggol na anak sa katahimikan ng aming pansamantalang tahanan, naisip ko ang mga taong kailangan ako na maging malakas. Nadama ko ang laganap na kadiliman sa kanilang paligid. Sa aking dalamhati nagdasal ako nang buong puso na ipakita sa akin ng Ama sa Langit ang paraan para matulungan sila sa kabila ng aking mga kakulangan. Agad Siyang tumugon at ipinakita sa akin ang paraan.

Parang nakita ko ang sarili ko sa malaking cultural hall ng aming ward, na walang mga bintana. Hatinggabi na iyon, at walang mabanaag ni katiting na liwanag. Pagkatapos ay sinindihan ko ang isang maliit na birthday candle. Parang napakaliit nito, ngunit ang ningning ng katiting na liwanag na iyon ay sapat na upang pawiin ang kadiliman.

Iyon ang sagot sa akin! Ang *malaking* kadilimang nakapalibot sa atin sa mundo ay hindi talaga mahalaga. Ang liwanag ay walang hanggan at mas maningning kaysa kadiliman (tingnan sa II Mga Taga Corinto 4:6; Mosias 16:9; D at T 14:9). Kung mananatili tayong karapat-dapat sa palagiang patnubay ng Banal na Espiritu, ang ating mga kaluluwa ay mababanaagan ng sapat na liwanag na papawi sa anumang kadiliman, at aakit sa iba sa liwanag na nasa atin.

Ito lamang ang kailangan kong malaman. Pinalakas ako ng simpleng kaalamang ito sa nakalipas na 25 taon lakip ang kaalaman na sa pamamagitan ng tulong at patnubay ng Panginoon, magagawa—at maisasakatuparan—natin ang lahat ng kailangan Niyang ipagawa sa atin sa daigdig na ito na puno ng kadiliman. ■

Susan Wyman, Georgia, USA



Isang hatinggabi habang inuugoy ko ang aming sanggol na anak sa katahimikan ng aming pansamantalang tahanan, naisip ko ang mga taong kailangan ako na maging malakas.

# ANG MENSAHE SA AKIN NG AMA SA LANGIT

Noong ako ay bagong-kasal at bagong miyembro ng Simbahan, lumipat kaming mag-asawa sa England. Bagama't natuto ako ng kaunting Ingles sa paaralan, mahirap intindihin ang pagsasalita ko ng Ingles dahil malakas ang punto ko sa Japanese, at hirap akong intindihin ang puntong British.

Kaming mag-asawa ay mga miyembro ng Simbahan, ngunit hindi pa malakas ang aming pananalig nang magpakasal kami. Lagi kaming umuuwi pagkatapos ng sacrament meeting sa halip na manatili sa simbahan para sa iba pang mga miting. Ayaw naming tumanggap ng anumang tungkulin sa Simbahan.

Isang araw, para matulungan akong higit na makibahagi sa mga aktibidad ng Simbahan, tinawagan ako at tinanong ng isang lider ng Relief Society kung maaari akong magbahagi ng ilang bagay tungkol sa sarili ko sa susunod na weeknight Relief Society meeting. Sumang-ayon akong makibahagi, ngunit dahil limitado ang Ingles ko, hindi ko naintindihan na magdadala pala ako ng ilang bagay na ididispley.

Pagdating ko sa miting, agad kong natanto ang inaasahan nilang gawin ko. Tatlong mesa ang naroon na may mga mantel at bulaklak sa ibabaw. Mababasa sa isang karatula ang, "Kilalanin ang mga Sister." Ang isa sa mga mesa ay may nakasulat na "Sister Tuckett." Ngunit wala akong dalang mailalagay sa mesa ko. Sinikap kong itago ang mga luhang namumuo sa aking mga mata.

Malungkot na ako tuwing dadalo ako sa sacrament meeting dahil hindi ko lubos na naintindihan ang mga sinasabi roon. Madalas kong maisip, "Bakit ba ako narito?" Kaya pagdating ko sa Relief Society meeting na iyon at matanto ko ang pagkakamali ko, ipinasiya ko na hindi na ako dapat magsimba kahit kailan. Ginusto kong maglaho, pero kailangan kong sabihin sa lider ng Relief Society na hindi ako handa.

"Pasensya na po," sabi ko. "Hindi ko naintindihan, at wala akong anumang mailalagay sa mesa ko."

Tiningnan niya ako nang napakagiliw at sinabing, "Okey lang 'yon—natutuwa ako't narito ka." Pagkatapos ay niyakap niya ako.

Napanatag ako, at sinabi sa akin ng Espiritu na ang sinabi niya ay isang mensahe mula sa Ama sa Langit—na mahal Niya ako at natutuwa Siya na naroon ako. Hindi ako gaanong makaunawa ng Ingles, ngunit ipinaunawa sa akin ng Espiritu ang kanyang mensahe.

Dahil sa damdaming ito, agad nagbago ang aking pasiya. Sinabi ko sa sarili ko, "Kung ganoon ako kamahal ng Ama sa Langit at gusto Niyang magsimba ako, gagawin ko iyon, gaano man kahirap."

Mula noon, dumalo na kaming mag-asawa sa lahat ng miting ng Simbahan. Nagpasiya rin akong mag-aral ng Ingles. Unti-unti, mas naintindihan ko ang Ingles at natuto akong magsalita nito.

Nagpapasalamat ako sa sister na iyon na naghatid ng mensahe mula sa Ama sa Langit sa mahalagang bahaging iyon ng buhay ko. Ngayon, 15 taon pagkaraan, naglilingkod ako sa district Relief Society presidency sa isang English-speaking district sa Japan at nakatanggap ako ng training sa Simbahan para maging interpreter. ■

Terumi Tuckett (kasama si Jill Campbell), Japan

Nang yakapin ako ng Relief Society leader, napanatag ako.



# IPINAGTANGGOL KO ANG AKING PANANAMPALATAYA

Noong freshman ako sa kolehiyo, namulat ang aking mga mata sa katotohanan na ang buhay ko bilang estudyante ay hindi na protektadong gaya ng dati. Ni hindi na rin tanggap ang mga bagay na pinahahalagahan ko.

Nalaman ko na lalo akong napansin nang tumanggi akong sumama sa mga aktibidad na alam kong makapipinsala sa aking katawan o sa kaugnayan ko sa Ama sa Langit. Gayunman, natakot akong mapintasan sa pagiging miyembro ng Simbahan kaya't umiwas akong pag-usapan ito.

Isang araw sa isang klase ko sa hapon, tinalakay ng propesor kung paano lumalaki ang mga kabataan sa gitna ng namamayaning diskriminasyon. Isang babae sa likuran ko ang sumagot na naisip niya ang mga Mormon sa talakayang ito. Nabalisa ako dahil kapag pinag-uusapan ang Simbahan sa klase, karaniwan ay kasunod nito ang di-magagandang puna.

Habang inihahanda ko ang sarili ko sa mga pang-iinsulto, nagtanong ang propesor kung may mga Banal sa mga Huling Araw sa klase. Nagulat sa tanong, nilibot ko ng tingin ang buong silid at nakita kong gayon din ang ginagawa ng iba. Bago pa ako nakapagdalawang-isip, nakataas na ang kamay ko sa komportableng posisyon nito sa ibabaw ng mesa. Nakarinig ako ng mga bulungan sa buong silid.

"Isa," sabi ng guro. Umalingawngaw ang salitang iyon sa aking pandinig. Matapos ang mahabang katahimikan, hinilingan akong sagutin ang debate hinggil sa kung Kristiyano ba ang mga Banal sa mga Huling Araw. Pamilyar na sa akin ang tanong at handa akong sagutin ito.

"'Nangungusap [kami] tungkol kay Cristo, nagagalak [kami] kay Cristo, [at] nangangaral [kami] tungkol kay Cristo'" (2 Nephi 25:26), buong tiwala kong sagot. "Kami ay tunay na Kristiyano."

Tumigil ang bulungan, ngunit dama ko na nakatitig ang lahat sa akin. Akala ko madarama ko na nag-iisa ako. Sa halip, nadama ko na parang tinabihan ako ng Tagapagligtas sa upuan at hinawakan Niya ang kamay ko. Hindi na mahalaga ang iba, dahil napuspos ako ng kagalakang nagpalakas sa aking patotoo tungkol sa Kanya. Naipagtanggol ko ang aking pananampalataya.

Nagbahagi pa ako ng iba sa klase kung bakit Kristiyano ang mga Banal sa mga Huling Araw. Pagkatapos ay naisip ko noong magbahagi ng ebanghelyo si Pangulong Thomas S. Monson habang sakay siya ng bus. Mula sa karanasang ito hinikayat niya ang mga miyembro na "maging matapang tayo at handang manindigan sa paniniwala natin."[1] Habang iniisip ko ang kanyang mga salita, natanto ko na nagawa ko ang bagay na lubhang kinatatakutan kong gawin.


Hindi ko alam kung binago ng mga bagay na sinabi ko ang opinyon ng sinuman tungkol sa Simbahan, ngunit hindi tayo kailangang matakot na manindigan at magbahagi ng ebanghelyo—saanman tayo naroon. Kahit hindi natin pinagpapala ang iba, lagi nating mapapalakas ang ating patotoo at kaugnayan sa Ama sa Langit. ■

Karlina Peterson, Idaho, USA

**TALA**

1. Thomas S. Monson, "Tapang na Manindigang Mag-isa," *Liahona,* Nob. 2011, 67.

Bago pa ako nakapagdalawang-isip, nakataas na ang kamay ko sa komportableng posisyon nito sa ibabaw ng mesa. Nakarinig ako ng mga bulungan sa buong silid.



# MAGSALITA, MAKINIG, AT **MAGMAHAL**

**Nag-uusap ba kayong mabuti ng inyong asawa? Ang pag-unawa sa tatlong uring ito ng pag-uusap ay matutulungan kayong mapatibay ang pagsasama ninyong mag-asawa.**



Ni Mark Ogletree

Bilang marriage and family counselor, madalas kong kausapin ang mga mag-asawa upang tulungan silang ayusin o patatagin ang kanilang pagsasama. Sa isang pagkakataon, nakausap ko ang isang babae na ilang buwan pa lamang kasal sa kanyang asawa, at sinabi niya sa akin na malaki ang problema nila sa komunikasyon. Matapos kausapin ang lalaki, napansin ko na mahusay naman siyang makipag-usap—hindi nga lang sa kanyang asawa.

Natutuhan ko sa pagdaan ng mga taon na ang masaya at makabuluhang komunikasyon ay nakakaapekto kapwa sa puso at sa isipan. Kung makikipag-usap tayo nang mas mabuti—ibig sabihin ay nang mas malinaw at maikli ngunit makabuluhan—magkakaroon tayo ng mas malalim na ugnayan ng damdamin, malulutas ang mga pagtatalo, at tatatag ang pagsasama ng mag-asawa. Narito ang ilang paraan upang mapagbuti pa ng bawat isa sa atin ang komunikasyon sa ating pagsasama.

## Magkaroon ng Makabuluhang Pag-uusap

Sumulat si Dr. Douglas E. Brinley, isang miyembro ng Simbahan na marriage and parenting specialist, tungkol sa tatlong lebel ng komunikasyon sa mga relasyon: mababaw, personal, at nagpapatibay. Para magkaroon ng malalim na ugnayan ang mag-asawa, kailangan ay balanse ang tatlong ito.[1]

### *Mababaw na Pag-uusap*

Ang komunikasyong sakop ng mababaw na lebel ay nagpapabatid lang ng impormasyon at walang pagtatalo, at walang gaanong diskusyon. Bawat mag-asawa sa ilang pagkakataon ay nasa lebel na ito kapag pinag-uugma nila ang kanilang mga iskedyul, pinag-uusapan ang klima, o nagkokomento tungkol sa presyo ng gasolina. Bagama't mahalaga ang ganitong uri ng komunikasyon, hindi magiging malalim ang ugnayan at pagsasama ng bawat isa kung iyon na lang palagi ang pag-uusapan nila.

Ang mababaw na komunikasyon ay maaaring mapalitan ng malalim at makabuluhang mga pag-uusap. Kung iiwasan ng mag-asawa ang mas mabibigat na isyung dapat talakayin, hindi sila kailanman matututong lumutas ng problema o magkakaunawaan. Nagkakalapit ang mag-asawa kapag pinag-usapan nila ang mga bagay na mahalaga—hindi ang mga bagay na hindi mahalaga. Bilang therapist, marami na akong nakitang mag-asawa na nagsikap na ingatan ang kanilang pagsasama sa pamamagitan ng pananatili sa mababaw na lebel ng komunikasyon. Sa pag-iwas sa "lalong mahalagang bagay" (Mateo 23:23), nasira lang nila ang kanilang pagsasama.

### *Personal na Pag-uusap*

Sa personal na komunikasyon, ibinabahagi ninyo ang inyong mga interes, pangarap, pagnanais, paniniwala, at mithiin. Nasasabi rin ninyo ang inyong mga kinatatakutan at kakulangan. Ang pagsasabi ng lahat ng isyung ito sa paraan ni Cristo ay isang paraan para magkaunawaan ang mag-asawa at tumatag ang kanilang pagsasama. Itinuro ni Elder Marvin J. Ashton (1915–1994) ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang komunikasyon ay higit pa sa pagpapalitan ng mga salita. Ito ay *matalinong* pagpapalitan ng mga emosyon, damdamin, at alalahanin. Ito ay lubusang pagbabahagi ng sarili."[2]

Marahil ay narating na ninyo ang lebel na ito ng komunikasyon noong nagdedeyt kayo. Ito ang lebel na umiibig ang mga lalaki at babae sa isa't isa. Kapag patuloy kayong nagbahaginan ng mahalaga, madarama ninyong mag-asawa na kapwa ninyo pinahahalagahan, minamahal, at kailangan ang isa't isa. Kapag natutuhan ninyong pagtibayin ang ibinabahagi ng inyong asawa—na ipinapakita na mahalaga sa inyo ang sinasabi niya—hahantong kayo sa susunod na lebel ng komunikasyon.


### *Nagpapatibay*

Ang mag-asawa ay may sagradong responsibilidad na mangalaga at magpanatag sa isa't isa.[3] Isinulat ng mga marriage expert na sina Sandra Blakeslee at Judith S. Wallerstein: "Ang pagsasama ng mag-asawa na hindi nangangalaga at nakapapanatag ay maaaring magwakas dahil sa kakulangan sa pangangalaga sa emosyon."[4] Ang komunikasyong nagpapatibay ay nagpapasigla, nagpapahilom, nangangalaga, at pumupuri. Sa lebel na ito ng komunikasyon, pinupuri at binabati natin ang mga taong mahal natin. Halos lahat ng relasyon ay tatagal kung patitibayin ito nang husto.

Ang pagpapatibay ay nagsisimula sa pagpansin sa sinasabi ng inyong asawa at kinabibilangan ng pagpapahayag ng mga ideya at kaisipang nagpapasigla at nagpapahilom. Tingnan ang mabuti sa inyong asawa at sabihin ito sa kanya. Kung hindi maganda ang araw ng inyong asawa, mapapatibay ninyo siya sa pamamagitan ng pakikinig at pag-alo sa kanya. Maaari ninyong sabihing, "Nalulungkot ako at hindi maganda ang araw mo; ikuwento mo naman sa

PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER

Kapag pinapayuhan ko ang mga mag-asawa, nagdodrowing ako ng bilog sa whiteboard at pinagagawa ko sila ng pie chart batay sa kung ilang oras sila nagkakaroon ng mababaw, personal, at nagpapatibay na komunikasyon. Karamihan sa mag-asawang may problema sa pagsasama ay halos 50 porsiyento ng kanilang oras ang ginugugol sa mababaw na komunikasyon at wala pang 5 porsiyento ng kanilang oras sa komunikasyong nagpapatibay. Ang magandang balanse ay magkaroon ng 25 porsiyento ng komunikasyon sa mababaw na lebel, 50 porsiyento sa personal na lebel, at 25 porsiyento sa lebel na nagpapatibay.




akin ang nangyari" o "Ano ang magagawa ko para gumanda ang araw mo?" Marahil maaari mong sabihing, "Nauunawaan ko kung bakit hindi maganda ang araw mo, pero may tiwala ako sa iyong talino at ugali sa trabaho. Alam kong malulutas mo ang problemang iyan." Ang ganitong mga pahayag ay nagpapakita na may simpatiya ka sa pagkabagabag ng iyong asawa at nagmamalasakit ka sa kanya. Sa pagsasabing nauunawaan ninyo ang mga damdamin, pangamba, alalahanin, o problema ng inyong asawa, nagpapatibay kayo at nagpapahayag ng pagpapahalaga, pagmamahal, at paggalang.[5]

**Pag-aralang Makinig**

Ang pinakamagandang kasanayan sa komunikasyon ay ang maging mabuting tagapakinig. Ang isa sa pinakamagandang pagpapakita ng pagmamahal sa asawa ay ang talagang magpako ng tingin sa inyong asawa at makinig sa kanya—talagang makinig—anuman ang nais nating sabihin. Ang mapakinggan ay katulad din ng madama na kayo ay minamahal; katunayan, ang mapakinggan ay isa sa pinakamataas na uri ng paggalang at pagpapatibay. Kapag nakinig tayo, para nating sinasabi sa ating asawa, "Mahalaga ka sa akin, mahal kita, at mahalaga ang sinasabi mo."

Sa pagsasama ng mag-asawa ang mithiing makinig ay hindi dapat para kumuha ng impormasyon kundi para makaunawa. Para tunay na maunawaan ang inyong asawa tingnan ang isang isyu ayon sa pagkaunawa rito ng inyong asawa. Itinuro ni Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol na ang mga mag-asawa ay dapat "matutong makinig, at makinig para matuto sa isa't

isa."[6] Ang epektibong pakikinig ay tinutulungan tayong isantabi ang ating sariling kalooban at kahambugan at makipag-ugnayan nang masinsinan sa ating asawa.

Ipinayo ni Elder Joe J. Christensen, dating miyembro ng Pitumpu: "Maglaan ng oras na makinig sa inyong asawa; at gawin ito nang regular. Kausapin ang isa't isa at alamin kung mabuti kayong asawa."[7] Ang paglalaan ng oras na makapag-usap nang walang gambala ay makakatulong sa paglutas ng mga problema. Tiyaking maging positibo, kumilos na katulad ni Cristo, at iwasang sumabad kapag kinakausap kayo ng inyong asawa.

### Mga Pahiwatig ng mga Kilos

Ang isa pang aspeto ng komunikasyon na hindi natin napapansin kung minsan ay ang komunikasyong ipinahihiwatig ng inyong mga kilos. Ang sinasabi ninyo at kung paano ninyo ito sinasabi ay mahalaga, ngunit gayundin ang ipinahihiwatig ng inyong mga kilos. Nakatingin ba kayo sa mata ng inyong asawa kapag kinakausap niya kayo? Nakikita ba sa inyong mga mata na naiinis kayo kapag ikinukuwento niya na hindi maganda ang araw niya sa trabaho? Makikita ba sa inyong mukha ang interes at katapatan, o pagkainip at pagkainis? Ipinadarama ba ninyo ang inyong pagmamahal sa pamamagitan ng inyong kilos at galaw? Kung minsan ang isang yakap o ngiti ay magpapadama ng inyong pagmamahal nang higit kaysa mga salita. Anuman ang pinag-uusapan—tungkol man ito sa pinakabagong mga balita o sa mga ambisyon ninyo sa buhay—ang positibong pahiwatig ng inyong kilos ay muling magpapatibay at magpapatatag sa inyong pagsasama.

### Tularan ang Komunikasyong Gamit ng Tagapagligtas

Kapag makabuluhan ang mga paguusap ninyong mag-asawa, gabayan ang inyong mga kilos at pananalita sa pagsunod sa halimbawa ni Jesucristo. Ang Kanyang komunikasyon sa iba ay nagpakita ng pagmamahal, pagmamalasakit, at pag-aalala. Nagsalita Siya nang mahinahon at nagmahal nang dalisay. Nagpakita Siya ng habag at nagpatawad. Nakinig Siyang mabuti at nagpakita ng pagmamahal sa kapwa. Gayon din naman, kung gusto nating gumanda ang ating mga relasyon, kailangan tayong matutong magsalita sa mabuting paraan na nagpapasigla at nagpapatatag sa mga tao sa ating paligid.

Kapag kausap ko ang mga magasawa, madalas kong hilingin sa kanila na suriin ang kanilang komunikasyon at pagandahin ito. Nang sundin nila ang mga alituntunin ng makabuluhang pag-uusap sa kanilang mga relasyon, nakita kong nagbago at gumanda ang kanilang pagsasama. Ang pag-unawa sa inyong asawa, paglikha ng kapaligirang naghihikayat ng malayang komunikasyon at pagpapahayag, at pagpapakita ng giliw at paghanga ang mga susi sa mas matatag at mas masayang pagsasama ng mag-asawa. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*


**MGA TALA**

1. Tingnan sa Douglas E. Brinley at Mark D. Ogletree, *First Comes Love* (2002), 123–26.
2. Marvin J. Ashton, "Family Communications," *Ensign,* Mayo 1976, 52.
3. Tingnan sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129.
4. Sandra Blakeslee at Judith S. Wallerstein, *The Good Marriage: How and Why Love Lasts* (1995), 240.
5. Douglas E. Brinley, *Strengthening Your Marriage and Family* (1994), 153–54.
6. Russell M. Nelson, "Listen to Learn," *Ensign,* Mayo 1991, 23.
7. Joe J. Christensen, "Marriage and the Great Plan of Happiness," *Ensign,* Mayo 1995, 64.
8. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* (1999), 27–28.

### PAGPAPAGANDA NG INYONG RELASYON SA AMA SA LANGIT

Kapag ipinamuhay ninyo ang mga alituntuning ito ng komunikasyon sa pagsasama ninyong mag-asawa, maaari din ninyo itong gamitin sa relasyon ninyo sa Ama sa Langit. Maraming tao na mababaw ang lebel ng komunikasyon sa Diyos. Kung nagdarasal kayo dahil tungkulin ninyong gawin ito o paulit-ulit ang mga katagang ginagamit ninyo, mahihirapan kayong makipag-ugnayan sa Ama sa Langit at madarama ninyo na malayo Siya. Ang pakikipag-ugnayan sa Diyos ay iba sa simpleng pakikipag-usap sa Kanya. Itinuro ni Pangulong Joseph F. Smith (1838–1918): "Hindi natin kailangang magsumamo sa kanya nang may maraming salita. Hindi natin siya dapat panghinawain ng ating mahahabang panalangin. . . . Hayaang magmula sa puso ang panalangin, hindi sa mga salitang paulit-ulit, na hindi pinag-iisipan o walang damdamin sa paggamit ng yaong mga salita."[8] Inilalahad ba ninyo sa inyong Ama sa Langit ang mga paniniwala, damdamin, at hangaring nasa inyong kaibuturan? Ibinabahagi ba ninyo sa Kanya ang mga lihim na pangarap ng inyong puso? Mailuluhog ba ninyo ang nilalaman ng inyong puso sa Kanya? At pinakikinggan ba ninyo ang Kanyang mga sagot?

Ang mga salitang binibigkas nang taos-puso sa mapagpakumbabang panalangin ay magtutulot sa inyo na magkaroon ng mas malalim na pakikipag-ugnayan sa Ama sa Langit. Ang pakikinig at pagsunod sa Kanyang payo ay pagyayamanin at patatatagin ang relasyon ninyo. Kapag pinasalamatan ninyo ang partikular na mga pagpapala, ipinamuhay ang ebanghelyo, at naging higit na katulad kayo ni Jesucristo, maipapakita ninyo ang inyong pagmamahal sa Ama sa Langit.



**Ni Elder**
**Robert D. Hales**
Ng Korum ng
Labindalawang
Apostol



# MGA PAGPAPALA NG **TEMPLO**

*Ang mga nakapagliligtas na ordenansa sa templo ay mahalaga para sa—at sentro din ng—walang hanggang plano ng kaligayahan.*

Ang mga pagpapala ng endowment sa templo ay mahalaga sa bawat isa sa atin tulad ng ating binyag. Dahil dito dapat nating ihanda ang ating sarili na maging malinis para makapasok sa templo ng Diyos. Ang gawain sa templo ay oportunidad na maisagawa ang sariling endowment at mga tipan para sa mga buhay at maisagawa rin ang gayong mga ordenansa para matubos ang mga patay. Ito ang dahilan kaya tayo tinagubilinan sa mga banal na kasulatan na magtayo ng mga templo at ihanda ang ating buhay upang maging karapat-dapat na makibahagi sa mga sagradong ordenansa at tipan sa templo.

Itinuro sa atin ng mga banal na kasulatan na ang personal na pagkamarapat na hinihingi sa atin ng Panginoon para makapasok sa templo at gumawa ng mga sagradong tipan doon ay isa sa mga pinakadakilang pagpapalang matatamasa natin sa buhay na ito. Sa gayon, matapos pumasok sa mga tipan sa templo, ang pagtupad natin araw-araw sa mga tipan ay nagpapakita ng ating

pananampalataya, pagmamahal, debosyon, at espirituwal na pangakong susundin ang ating Ama sa Langit at Kanyang Anak na si Jesucristo, at naghahanda sa atin upang makasama Sila sa kawalang-hanggan. Ang mga nakapagliligtas na ordenansa sa templo ay mahalaga para sa—at sentro din ng—walang hanggang plano ng kaligayahan.

### Ang Banal na Templo

Kailangang magkaroon tayo ng patotoo at pagpipitagan sa templo bilang bahay ng Panginoon. Ang templo ay tunay na isang lugar kung saan kayo ay "nasa mundo ngunit hindi naiimpluwensyahan ng mga bagay na makamundo." Kapag may problema at mahalagang desisyon kayong gagawin na bumabagabag sa inyong isipan at kaluluwa, maaari ninyong idulog ang inyong mga alalahanin sa templo at tatanggap kayo ng espirituwal na paggabay.

Upang mapanatili ang kasagraduhan ng templo para mapanatili itong dalisay at maanyayahan ang Espiritu na pagpalain ang mga pumapasok sa banal na templo para sa kanilang mga ordenansa at tipan, itinuro sa atin na walang maruming bagay ang makakapasok sa templo. Ang pagpipitagan sa templo ay mahalaga sa pag-anyaya sa Espiritu na manahan sa loob niyon oras-oras sa araw-araw.

Noong bata pa ako, isinama ako ng tatay ko mula sa Long Island, New York, para libutin ang bakuran ng Salt Lake Temple, mahipo ang templo, at pag-usapan ang kahalagahan ng templo sa buhay ko. Sa pagkakataong iyon nagpasiya ako na balang-araw ay babalik ako para makapasok sa templo at tumanggap ng mga ordenansa roon.

Ang templo ay isang sagradong gusali, isang banal na lugar kung saan isinasagawa ang mahalaga at nakapagliligtas na mga seremonya at ordenansang maghahanda sa atin para sa kadakilaan. Mahalagang magtamo tayo ng totoong kaalaman na ang ating paghahanda na makapasok sa banal na bahay at pakikibahagi sa mga seremonya at tipang ito ay ilan sa pinakamahahalagang pangyayaring mararanasan natin sa buhay.

***Ang paghahanda nating makapasok sa banal na bahay at pakikibahagi sa mga seremonya at tipang ito ay ilan sa pinakamahahalagang pangyayaring mararanasan natin sa ating mortal na buhay.***

### Mga Pagpapala ng Templo sa Buong Kasaysayan

Sa buong kasaysayan, sa bawat dispensasyon, iniutos ng Panginoon sa mga propeta na dapat magtayo ng mga templo upang matanggap ng Kanyang mga tao ang mga ordenansa sa templo.

Ang Kirtland Temple ang unang templo sa mga huling araw na ito, at mahalaga ang ginagampanan nito sa panunumbalik ng mga susi ng priesthood. Nagpakita ang Tagapagligtas sa kaluwalhatian at tinanggap ang Kirtland Temple bilang Kanyang bahay. Sa pagkakataong iyon nagpakita sina Moises, Elias, at Elijah upang ibigay kay Joseph Smith ang mga susing hawak nila sa kani-kanyang dispensasyon. Ipinanumbalik ni Elijah ang mga susi ng kanyang dispensasyon gaya ng pangako ni Malakias para matamasa natin ang mga pagpapala ng templo sa ating buhay. (Tingnan sa D at T 110.)

Ang Nauvoo Temple ang unang templo kung saan isinagawa ang mga endowment at pagbubuklod, na napatunayang lalong nagpatatag sa mga pioneer nang makayanan nila ang hirap sa pagtawid sa kapatagan papuntang Sion sa Salt Lake Valley.

Nang ikulong si Joseph Smith sa Carthage, naging malinaw kung bakit napakahalaga sa kanya na matapos ang templo. Alam niya kung ano ang hihingin sa mga Banal at upang magkaroon ng lakas na pagtiisan ang mangyayari sa kanila sa hinaharap kailangan nilang mapagkalooban ng



KALIWA: PAGLALARAWAN NI CRAIG DIMOND; KANAN: *ANG PANGINOON AY NAGPAKITA SA KIRTLAND TEMPLE,* NI DEL PARSON

kapangyarihan—ang kapangyarihan ng priesthood.

Ang ating mga ninunong pioneer ay magkakasamang nabuklod bilang mga pamilya sa Nauvoo. Ang kanilang mga tipan sa Panginoon sa Nauvoo Temple ay naging proteksyon sa kanila sa paglalakbay nila pakanluran, gaya rin sa bawat isa sa atin ngayon at habang tayo ay nabubuhay. Ang mga ordenansa at tipan ng templo ay proteksyon para sa atin sa mga pagsubok at paghihirap sa ating panahon at sa anumang mangyayari sa atin sa hinaharap. Ito ay ating pamana. Ito ang nagsasabi kung sino tayo.

Para sa mga Banal noong araw, ang kanilang pakikibahagi sa mga ordenansa ng templo ay naging mahalaga sa kanilang patotoo nang maharap sila sa mga paghihirap, sa galit na mga mandurumog, nang paalisin sila sa kanilang komportableng mga tahanan sa Nauvoo, at sa mahaba at mahirap na paglalakbay nila kalaunan. Pinagkalooban sila ng kapangyarihan sa banal na templo. Ang mag-asawa ay ibinuklod sa isa't isa. Ang mga anak ay ibinuklod sa kanilang mga magulang. Marami ang namatayan ng mga kapamilya habang naglalakbay, ngunit alam nila na hindi iyon ang wakas nila. Sila ay ibinuklod sa templo para sa buong kawalang-hanggan.

***Ang mga ordenansa sa templo ay gumagabay sa atin patungo sa ating Tagapagligtas at pinagpapala tayo sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.***



PAGLISAN SA NAUVOO, NI GLEN S. HOPKINSON, HINDI MAARING KOPYAHIN; LARAWAN NG LOOB NG KANSAS CITY MISSOURI TEMPLE NA KUHA NI MATTHEW REIER


## Mga Ordenansa sa Templo—mga Endowment at Pagbubuklod

Ang mga templo ang pinakamagandang lugar sa pagkatuto sa lahat ng iba pang mga lugar na alam ng tao, nagbibigay sa atin ng kaalaman at karunungan tungkol sa Paglikha ng mundo. Ang mga paghuhugas at pagpapahid ng langis ang nagsasabi sa atin kung sino tayo. Ang mga tagubilin sa endowment ay nagbibigay ng patnubay kung paano tayo dapat mamuhay sa mundong ito (tingnan sa D at T 97:13–14).

Ang pangunahing layunin ng templo ay maglaan ng mga kailangang ordenansa para sa ating kadakilaan sa kahariang selestiyal. Ang mga ordenansa sa templo ay gumagabay sa atin patungo sa ating Tagapagligtas at pinagpapala tayo sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Ang kahulugan ng katagang *endowment* ay "kaloob." Ang ordenansa ay binubuo ng magkakasunod na mga tagubilin kung paano tayo dapat mamuhay at ng mga tipang ginagawa natin para mamuhay nang matwid sa pamamagitan ng pagsunod sa ating Tagapagligtas.

Ang isa pang mahalagang ordenansa ay ang mabuklod nang walang hanggan sa selestiyal na kasal. Ang tipang ito ay nagtutulot sa mga anak na mabuklod sa kanilang mga magulang at sa mga anak na isinilang sa tipan upang maging bahagi ng isang walang hanggang pamilya.

Itinuturo sa atin ng Doktrina at mga Tipan: "Anumang bagay na iyong ibuklod sa lupa ay bubuklurin sa langit; at anumang bagay na iyong itali sa lupa, sa aking pangalan at sa pamamagitan ng aking salita, wika ng Panginoon, ito ay nakataling walang hanggan sa mga kalangitan; at kanino mang mga kasalanan ang iyong patawarin sa lupa ay patatawarin [na]ng



walang hanggan sa mga kalangitan; at kanino mang kasalanan ang hindi mo patawarin sa lupa ay hindi patatawarin sa langit" (D at T 132:46).

Kapag nakaluhod sa altar ang isang mag-asawa, bilang tagapagbuklod alam kong gumaganap ako bilang kinatawan ng Panginoon. Alam ko na ang ibinuklod sa lupa ay talagang ibinuklod sa langit—hindi na mapaghihiwalay kailanman kung ang mga ibinuklod ay mananatiling tapat at magtitiis hanggang wakas.

Ang mga salamin sa magkabilang dingding sa silid-bukluran sa templo ay inanggulo upang maipakita ang walang-hanggang mga imahe. Ang pagtingin sa mga salaming ito sa isang panig ng silid ay kumakatawan sa mga kawalang-hanggan ng panahon na nilakbay natin upang pumarito sa mundo. Kapag tumingin tayo sa kabilang panig ng silid, nakatingin tayo sa tila walang-katapusang mga imahe na sumasagisag sa mga kawalang-hanggan kapag nilisan natin ang buhay na ito. Ang silid-bukluran mismo ay kumakatawan sa ating mortal na buhay dito sa lupa. Ang aral na dapat matutuhan sa karanasang ito sa templo ay na nakagawa tayo ng mga tamang desisyon na pumarito sa lupa at maranasan ang mortalidad at na ang paraan ng pamumuhay natin sa maikling panahong ito ang magpapasiya kung paano tayo mamumuhay sa buong kawalang-hanggan na darating.

Kayo ay naghahandang humarap sa mga pagsubok sa mortal na buhay. Boluntaryo tayong pumarito sa mundong ito mula sa kinaroroonan ng Diyos Ama na may kalayaan, batid na tayo ay makararanas ng "pagsalungat sa lahat ng bagay" (2 Nephi 2:11). Ang layunin natin (tingnan sa 1 Nephi 15:14) ay isuot ang buong baluti ng Diyos at paglabanan ang "nag-aapoy na sibat ng kaaway" (D at T 3:8) gamit ang ating espada ng Espiritu at kalasag ng pananampalataya (tingnan sa D at T 27:15–18), magtiis hanggang wakas, at maging karapat-dapat na tumayo at mamuhay sa piling ng Diyos Ama at ng Kanyang Anak na si Jesucristo, sa buong kawalang-hanggan—upang makamtan ang tinatawag na buhay na walang hanggan.

Nagpapatotoo ako na ang Diyos ay buhay; na si Jesus ang Cristo; at na ipinanumbalik ni Joseph Smith, ang Propeta ng ating dispensasyon, ang mga pagpapala ng priesthood na magtutulot sa atin na makibahagi sa mga pagpapala ng templo. ■

*Mula sa isang mensahe sa debosyonal, "Temple Blessings," na ibinigay sa Brigham Young University noong Nobyembre 15, 2005. Para sa buong teksto sa Ingles, magpunta sa speeches.byu edu.*

***Ang mga ordenansa at tipan ng templo ay proteksyon para sa atin sa mga pagsubok at paghihirap sa ating panahon at sa anumang mangyayari sa atin sa hinaharap.***


# "Napakalayo ng templo kaya't hindi ako madalas makapunta roon. Paano magiging mas malaking bahagi ng buhay ko ngayon ang templo?"

Kung gagawin mo ang lahat ng makakaya mo upang makapunta nang madalas sa templo, masisiyahan ang Panginoon sa iyong mga pagsisikap. Kapag hindi ka makapunta sa templo, maraming bagay kang magagawa para maging mas malaking bahagi ng iyong buhay ang templo:

- **Mamuhay nang karapat-dapat upang makapasok sa templo.** Ang ibig sabihin ng mamuhay ayon sa mga pamantayang kailangan para makapasok sa bahay ng Panginoon ay lagi tayong handang makapiling Siya.
- **Planuhing matanggap ang sarili mong endowment at makasal sa templo.** Ang pagtatakda ng mithiing matanggap ang mahahalagang ordenansang ito ay pananatilihin kang nakatuon sa templo.
- **Manamit nang disente.** Tutulong itong maihanda ka sa pagtanggap ng sarili mong endowment.
- **Pag-aralan ang mga talata sa banal na kasulatan tungkol sa templo** (halimbawa, Exodo 26–29; Levitico 8; D at T 97; 109; 110; 124:25–42; Moises 2–5). Ang *Liahona* ng Oktubre 2010 ay tungkol din sa templo.
- **Alamin ang tungkol sa iyong mga ninuno** (bisitahin ang FamilySearch.org) at tiyakin na naisagawa ang mga ordenansa sa templo para sa kanila.
- **Tanungin ang iba kung ano ang kahulugan ng templo sa kanila** at ibahagi ang iyong patotoo na ang templo ay totoong bahay ng Panginoon.
- **Tumulong na maging tulad ng templo ang iyong tahanan:** "Magtayo ng isang bahay, maging isang bahay ng panalangin, isang bahay ng pag-aayuno, isang bahay ng pananampalataya, isang bahay ng pag-aaral, isang bahay ng kaluwalhatian, isang bahay ng kaayusan, isang bahay ng Diyos" (D at T 109:8).

Mapanalangin kang pumili ng isa o dalawa sa mga ideyang ito na susubukan mong gawin sa buwang ito. Tutulungan ka nitong madama ang Espiritu at matuto pa tungkol sa templo.

### Isipin Kung Paano Pinagpapala ng mga Templo ang Iyong Buhay



Kung babalewalain natin ang mga templo, malayo ang mga ito sa ating puso. Kailangan nating isipin ang mga pagpapalang maidudulot sa atin ng templo at pumunta roon kung kailan maaari. Kahit ilang beses sa isang taon ka lang makapunta, magagawa mong mas makabuluhan ang mga ito sa pamamagitan ng pagdadala ng mga pangalan ng kapamilya o pag-aayuno. Ang Diwa sa bahay ng Panginoon ay espesyal—nais mong maging makabuluhan ang pagpunta mo roon.

*Benjamin S., edad 18, Utah, USA*

### Manatiling Dalisay at Karapat-dapat



Ang templo ay naghahatid ng kaligayahan sa buhay ko ngayon. Kapag pumupunta ako sa templo, marami pa akong nalalaman tungkol sa ating Ama sa Langit at kay Jesucristo. Ang pagpunta ko sa templo ay nagpapalakas at nagpapadalisay sa aking espirituwalidad. Mas nauunawaan ko ang layunin natin sa buhay. Ang templo ay nagbibigay sa akin ng tapang na makayanan ang mga pagsubok at malabanan ang mga tukso at nagbibigay sa akin ng lakas na madaig ang aking mga kahinaan. Ang templo ang tanging lugar kung saan tayo mabubuklod nang sama-sama bilang walang-hanggang pamilya, kaya't maghahanda ako para makapasok ako sa templo at manatiling dalisay at karapat-dapat.

*Mickaella B., edad 16, Pilipinas*

### Panatilihin ang Diwa ng Templo

Pitong oras ang biyahe papuntang Frankfurt Germany Temple, kaya dalawang beses lang kami nagpupunta ng aking pamilya sa isang taon at lumalagi



*Ang mga sagot ay nilayong makatulong at magbigay ng pananaw, hindi bilang mga opisyal na pahayag ng doktrina ng Simbahan.*

kami roon nang isang linggo tuwina. Ngunit kapag may iba pang pagkakataong makapunta, sinasamantala ko ito dahil alam ko na magiging malaking pagpapala ito. Pinananatili ko ang diwa ng templo sa pamamagitan ng pagbabasa ng aking mga banal na kasulatan araw-araw. Ginagamit ko ang aking temple recommend bilang bookmark. Tuwing nakikita ko ang aking recommend, tinatanong ko ang aking sarili upang matiyak na karapat-dapat akong dumalo sa templo. Pinalalakas ako nito at tinutulungan akong madama ang Espiritu. Kahit malayo ang templo sa bahay namin, mapagsisikapan ko pa ring mamuhay na parang papasok ako roon araw-araw.

*Lise G., edad 17, France*

### Ihanda ang Iyong Sarili



Ang pagpunta sa templo nang dalawa o tatlong beses sa isang taon ay mainam, basta't ginagawa natin ito nang may tapat at dalisay na puso. Mahihikayat natin ang ating mga lider ng Simbahan na magplano ng mga temple trip. Kapag hindi tayo makasama, sikapin nating ihanda ang ating sarili para pagdating ng panahon, makapunta tayo nang may labis na kagalakan. Abala tayo sa ating buhay, ngunit nangako ang mga propeta na kung pupunta tayo sa bahay ng Panginoon, pagpapalain tayo.

*Krista L., edad 16, Paraguay*

### Magdispley ng Larawan ng Templo

Subukang ikuwadro ang paborito mong larawan ng templo na may mga salitang "Papasok ako rito balang-araw!" Ilagay ito sa kuwarto mo para makita mo ito araw-araw. Ilista ang mga bagay na gagawin mo at hindi mo gagawin para maging karapat-dapat kang pumasok sa templo. Ilagay ang listahan sa tabi ng larawan.

*Christian J., edad 13, Idaho, USA*

### Basahin sa Journal Mo ang mga Nakaraang Pagpunta Mo sa Templo

Isulat mo sa journal ang pagpunta mo sa templo at saka mo basahin ang mga pahinang ito pag-uwi mo. Tutulungan ka nitong maalala ang nadama mo roon. Lalong mahalaga na isulat ang natanggap na personal na paghahayag. Nang magpunta ako sa templo, sinikap kong pakinggang mabuti ang Espiritu dahil lagi Siyang handang tumulong na matuto tayo. Tuwing nakikinig ako, may natutuklasan akong mga bagong katotohanan tungkol kay Jesucristo at sa Ama sa Langit at maging sa gawain sa templo. Kapag nagtuon ako sa mga bagay na espirituwal habang nasa templo, lalo ko itong pinahahalagahan at nagiging napakamakabuluhan ng templo sa buhay ko.


*Ol'ga Z., edad 18, Belarus*

### Gumawa ng Family History



Palagay ko kapag gumawa ka ng family history, parang nakapunta ka na rin sa templo kahit wala ka sa templo. Maibibigay mo ang mga pangalang nahanap mo sa iyong kapamilya o sa ward para madala sa templo. Kung gagawa ka ng family history at pananatilihin mong banal ang inyong tahanan, magiging malapit ka sa templo kahit ilang milya pa ang layo mo rito.

*Katelyn B., edad 13, Utah, USA*



### MAGING KARAPAT-DAPAT SA TEMPLO

"Nawa'y lagi tayong maging marapat na magkaroon ng temple recommend. Nawa'y maging isa iyon sa mga layunin natin sa buhay, na palagian at regular tayong makaharap sa ating lider ng priesthood at ipahayag ang ating pagkamarapat upang makamtan ang katibayang ito na sang-ayon ang Panginoon sa uri ng ating pamumuhay at matagpuan tayong karapat-dapat na pumasok sa Kanyang banal na bahay.

". . . Kung lagi tayong karapat-dapat sa recommend na iyon at tapat nating masasagot ang mga tanong sa pagiging marapat, nasa landas na tayo patungo sa pinakadakilang kaloob na naibigay sa atin ng Panginoon. Nawa'y pagpalain tayo ng Panginoon na matatag nating ipasiya na laging maging karapat-dapat sa templo."

**Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawang Apostol, "My First Temple Recommend," *New Era,* Abr. 2013, 4.**

Para sa iba pang impormasyon tungkol sa paksang ito, tingnan sa "Mga Pagpapala ng Templo" ni Elder Robert D. Hales sa isyung ito sa pahina 52.

## SUSUNOD NA TANONG

"Pumanaw ang isang mahal kong kaibigan kamakailan. Paano ko makakayanan ang kalungkutan?"

Ipadala ang iyong sagot at, kung nais mo, isang retrato na high-resolution bago sumapit ang Marso 15, 2014, sa liahona.lds.org, sa pamamagitan ng e-mail sa liahona@ldschurch.org, o sa pamamagitan ng koreo (tingnan ang address sa pahina 3).

Ang mga sagot ay maaaring i-edit para paikliin o linawin pa ito.

Ang sumusunod na impormasyon at pahintulot ay dapat isama sa iyong e-mail o liham: (1) buong pangalan, (2) kapanganakan, (3) ward o branch, (4) stake o district, (5) nakasulat na pahintulot mo, at, kung wala ka pang edad 18, ang nakasulat na pahintulot ng iyong mga magulang (tinatanggap ang e-mail) na ilathala ang iyong sagot at larawan.

# TAPAT AT MAPAGMAHAL NA PAGLILINGKOD



*Ang paglilingkod na katulad ni Cristo ay nag-aanyaya ng Espiritu Santo at nangangako ng kapayapaan.*

Nasaksihan ko ang kagalakan sa dalisay at di-makasariling paglilingkod na ipinakita sa mga larawang ito ng isang batang lalaki na nagngangalang Elijah na ibinibigay ang kanyang kamiseta sa isang bagong kaibigang nakilala niya sa isang liblib na nayon ng Africa. Nakita ni Elijah ang agarang pangangailangan, at kumilos siya. Tulad ng batang si Elijah, may pagkakataon tayong paglingkuran ang iba sa maraming paraan. Maaaring hindi natin kailangang ibigay sa iba ang mga kamisetang suot natin, ngunit kung nakikinig tayo sa mga panghihikayat ng Espiritu Santo, malalaman natin kung sino ang paglilingkuran at paano tutulungan ang mga nangangailangan.

"Ang paglilingkod ay kasingkahulugan ng pagsunod sa mga utos ng Diyos," at kumakatawan ito sa ating pagmamahal sa Panginoon.[1] Itinuro ng Tagapagligtas, "Kung mahal ninyo ako kayo ay maglilingkod sa akin at susunod sa lahat ng aking kautusan" (D at T 42:29); "ibigin ninyo ang Panginoon ninyong Diyos nang buo ninyong puso, nang buo ninyong kapangyarihan, pag-iisip, at lakas; at sa pangalan ni Jesucristo paglingkuran ninyo siya" (D at T 59:5). Sa binyag nakipagtipan tayong maglilingkod tayo sa Diyos at susundin natin ang Kanyang mga kautusan (tingnan sa Mosias 18:10). Bilang mga disipulo ni Cristo, lagi tayong nagsisikap na makibahagi sa Kanyang gawain, at kasama riyan ang paglilingkod.

### Paglilingkod: Pagkilos ayon sa Ebanghelyo

Ang paglilingkod ay pagkilos ayon sa ebanghelyo ni Jesucristo, at kitangkita ito sa isang kuwentong gustunggusto ko tungkol kay Brigham Young. Nang malaman na daan-daang handcart pioneer ang hindi makaalis sa kapatagan dahil sa mahirap na sitwasyon, nagturo siya nang may kapangyarihan sa simpleng sermong ito sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 1856: "Ibibigay ko na ngayon [sa] mga tao na ito [ang] paksa at mensahe para sa mga Elder na magsasalita. . . . Ang mensahe ay ito. . . . Marami sa ating mga lalaki at babae na may hila-hilang kariton ang nasa mga kapatagan, at marahil marami sa kanila ay mga 700 milya ang layo mula sa lugar na ito, at dapat na sila'y madala rito, kailangang magpadala tayo ng tulong sa kanila. Ang mensahe ay, 'dalhin sila rito.' . . .

"Iyan ang aking relihiyon; iyan ang pag-uudyok ng Espiritu Santo na sumaakin. Iyan ay ang iligtas ang mga tao. . . .

"Tinatawagan ko ang mga Obispo

KALIWA: MGA LARAWANG KUHA NI REEVE A. NIELD; KANAN: MGA PAGLALARAWAN NINA SIDNEY HATADA, CHRISTINA SMITH, AT WHITNEY TUTT; BACKGROUND NG ISTOCKPHOTO/THINKSTOCK



**Ni Carol F. McConkie**
Unang Tagapayo sa Young Women General Presidency

sa araw na ito. Hindi na ako maghihintay pa ng bukas, o ni sa susunod na araw, para sa 60 malalakas na [buriko] at 12 o 15 bagon. Ayokong magpadala ng mga kapong baka. Ang nais ko ay mahuhusay na kabayo at [buriko]. Mayroon tayo nito sa [T]eritoryong ito, at kailangang makakuha tayo ng mga ito. Idagdag pa ninyo ang 12 tonelada ng harina at 40 magagaling na tagapagpaandar ng mga bagon, maliban pa sa mga yaong magpapatakbo sa mga hayop. . . .

"Sasabihin ko sa inyo na ang lahat ng inyong pananampalataya, relihiyon, at pagpapahayag ng relihiyon, ay hindi kailanman makapagliligtas ng kahit isang kaluluwa sa inyo sa Kahariang Selestiyal ng ating Diyos, maliban kung isasagawa ninyo ang gayong mga alituntunin tulad ng itinuturo ko ngayon sa inyo. Humayo kayo at dalhin ang mga taong iyon na nasa mga kapatagan."[2]

*"Iligtas ang mga tao"*—iyan ang utos. Kapag naglilingkod tayo sa iba, abala tayo sa gawain ng kaligtasan. Tulad ng itinuro ni Haring Benjamin, "Kung kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos" (Mosias 2:17).

## Mga Pagkakataon sa Buong Paligid

Hindi na natin kailangang lumayo para makahanap ng mga pagkakataong maglingkod. Itinuro ng ating buhay na propetang si Pangulong Thomas S. Monson: "Napaliligiran tayo ng mga taong nangangailangan ng ating pansin, ating paghikayat, ating suporta, pag-alo, kabaitan—sila man ay mga kapamilya, kaibigan, kakilala, o dayuhan. Tayo ang mga kamay ng Panginoon dito sa lupa, na inutusang maglingkod at tulungan ang Kanyang mga anak. Umaasa Siya sa bawat isa sa atin."[3]

Kailangan tayo ng ating Ama sa Langit upang mapaginhawa ang iba sa kanilang espirituwal at temporal na pangangailangan (tingnan sa Mosias 4:26). "Ang pinakamalaking paglilingkod na magagawa natin sa iba sa buhay na ito . . . ay ang ilapit sila kay Cristo sa pamamagitan ng pananampalataya at pagsisisi."[4] Nagpapakita tayo ng halimbawa ng pamumuhay ayon sa mga pamantayan ng ebanghelyo. Ibinabahagi natin ang mensahe ng ebanghelyo ni Jesucristo. Gumagawa tayo ng family history at dinadala natin ang mga pangalan sa templo para ating mga ninuno. Kadalasan, maliit at mahabaging mga paglilingkod na tulad ng simpleng pagngiti, magiliw na pagbati, mainit na yakap, o maikling liham ng pasasalamat ang tanging kailangan para mapasigla ang puso at mapalakas ang kaluluwa. Sa ibang mga pagkakataon, maaaring kailanganin ang malaking sakripisyo ng panahon at lakas.

Ngunit sa bawat pagkakataon, ang tapat at mapagmahal na paglilingkod na katulad ni Cristo ay nag-aanyaya ng patnubay ng Espiritu Santo at nangangako sa bawat isa sa atin ng "kapayapaan sa daigdig na ito, at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating" (D at T 59:23). ■







**MGA TALA**

1. Bruce R. McConkie, *Mormon Doctrine,* 2nd ed. (1966), 706.
2. Brigham Young, "Remarks," *Deseret News,* Okt. 15, 1856, 252.
3. Thomas S. Monson, "Ano ang Nagawa Ko Ngayon para sa Isang Tao?" *Liahona,* Nob. 2009, 85–86.
4. D. Todd Christofferson, "Pagtubos," *Liahona,* Mayo 2013, 110.




# PAMAMAHAGI NG mga Home-Return Kit




**Ni Olivet Gasang**

Bumuhos ang ulan nang umihip ang malamig na hangin. Nakita kong nabunot ang mga puno at nawala ang lahat ng dahon nito. Nawalan ng kuryente sa ilang lugar dahil sa nasirang mga linya ng kuryente. Ang tagpo sa aking harapan ay parang kinatatakutan na ngayon. Lahat ay natangay ng malakas na hangin. Gutom ang mga tao at naghahanap ng makakanlungan.

Napuspos ng hangaring maglingkod ang puso ko. Nagpunta ang pamilya ko at iba pang mga miyembro ng Simbahan sa isang maralitang komunidad kung saan libu-libong kabahayan ang nawasak at libu-libo ring tao ang namatay. Naroon kami para magbigay ng relief goods sa mga biktima.

Nang una kaming dumating, nakita ko ang lungkot sa mukha ng mga tao. Natanto ko kung gaano kami kapalad na hindi nasira ang mga bahay namin.

Umuulan pa noon nang magsimula kaming mamigay ng mga relief pack sa maputik at walang bubong na gym, ngunit hindi iyon mahalaga sa amin. Ang mga relief pack—mga set ng mga plastic tray, kaldero, pinggan, kutsara, tinidor, baso, at inuminan—ay tinawag naming "mga home-return kit." Nang iabot namin ng pamilya ko ang mga relief pack sa mga tao, magiliw nila kaming nginitian at pinasalamatan.

Ang walang-katumbas na pasasalamat ng mga tao ay nagpasigla sa akin, at nadama ko ang impluwensya ng Espiritu. Nakita sa kanilang mga ngiti ang pag-asa at na hindi tayo iiwan ng Ama sa Langit at ni Jesucristo kailanman at lagi Nilang pagliliwanagin ang ating madidilim na panahon.

Alam ko na kung paglilingkuran at mamahalin natin ang isa't isa, magtatamo tayo ng walang-hanggang mga pagpapala at magmamana ng mga katangian ni Cristo. Ang mga pagpapala ng paglilingkod ay hindi laging dumarating kaagad, ngunit darating ang mga ito kung patuloy tayong maglilingkod sa iba nang taos-puso. Alam ko na "kung kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos" (Mosias 2:17). ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Mindanao, Pilipinas.*

PAGLALARAWAN NI JULIE YELLOW; MGA LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NI OLIVET GASANG



**ISANG KASANGKAPAN SA MGA KAMAY NG DIYOS**

"Karaniwang tinutugunan ng Ama sa Langit ang mga pangangailangan ng iba sa pamamagitan ninyo. . . . Habang inilalaan ninyo ang inyong sarili sa paglilingkod sa iba, . . . makadarama kayo ng kaligayahan na nagmumula lamang sa paglilingkod. . . . Madaragdagan ang inyong mga kakayahan, at magiging kasangkapan kayo sa mga kamay ng Diyos para pagpalain ang buhay ng Kanyang mga anak."

***Para sa Lakas ng mga Kabataan* (buklet, 2011), 32–33.**



**Ni Elder L. Tom Perry**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# PAANO **PUNUIN ANG INYONG AKLAT NG BUHAY**

Narito ako upang magtanong sa inyo tungkol sa mga walang-hanggang alaalang nililikha ninyo sa inyong buhay. Sinusundan ba ito ng mga salitang "Sana ginawa ko iyon," o masasabi ba ninyong, "Natutuwa ako't ginawa ko iyon"?

Sa paggunita sa nakaraan, kung makakapili tayo ng isang alituntunin na lalong makakaragdag sa mga alaalang "Natutuwa ako't ginawa ko iyon," ano kaya iyon? Iyon ay ang alituntunin ng pagsunod.[1]

Lahat tayo ay sumusulat araw-araw sa ating aklat ng buhay. Paminsan-minsan ay sinusuri natin ang isinusulat natin doon. Anong uri ng mga alaala ang mag-uumapaw sa inyong isipan kapag sinuri ninyo ang mga isinulat ninyo? Ilang pahina ang maglalaman ng "Sana ginawa ko iyon"? May nakasulat ba roon tungkol sa pagpapaliban at kabiguang samantalahin ang mga natatanging pagkakataon? May makikita ba kayong nakasulat na kawalan ng malasakit sa pamilya, mga kaibigan, o maging sa mga hindi kakilala? May nakasulat ba roon tungkol sa pagsisisi dahil sa nagawang kasamaan at pagsuway?

Mabuti na lang, bawat araw ay may malinis at maputing pahina kung saan ang mga isinulat na "Sana ginawa ko iyon" ay magagawang "Natutuwa ako't ginawa ko iyon" sa pamamagitan ng pagkilala, taos-pusong pagsisisi, at pagsasauli. Ang mga nadamang kalungkutan sa mga nagawa noon o lumagpas na mga pagkakataon ay mahihigitan ng mga alaalang puno ng katuwaan, sigla, at kagalakan sa buhay.

Kapag sinuri ninyo ang mga alaalang isinulat ninyo sa inyong aklat ng buhay, makikita ba ninyo ang mga bagay na ipinagbilin ng Panginoon sa pagiging masunurin sa Kanyang mga batas? Mayroon kaya roong mga sertipiko ng binyag, ordinasyon sa Aaronic at Melchizedek Priesthood para sa mga kabataang lalaki at mga sertipiko ng Pagkilala sa Pagdadalaga para sa mga kabataang babae, at, mangyari pa, isang liham ng marangal na release mula sa full-time mission? Mayroon kaya roong mga current temple recommend, resibo sa ikapu, sertipiko ng kasal na isinagawa sa banal na templo, at pagtanggap sa mga tungkulin sa priesthood at auxiliary?


Ang payo ko sa inyo ay punuin ang inyong alaala at inyong aklat ng buhay ng pinakamaraming aktibidad na "Natutuwa ako't ginawa ko iyon" na maisuisulat ninyo (tingnan sa Mosias 2:41).

Maging tapat at magkaroon ng disiplina na maghangad ng magagandang karanasang hahantong sa kalayaan at buhay na walang hanggan. Pinatototohanan ko sa inyo na ang Diyos ay buhay. Sa pagsunod sa Kanyang batas, masusumpungan natin ang tunay na kaligayahan dito sa mundo at mga walang-hanggang pagkakataon sa buhay na darating. ■

*Mula sa Church Educational System fireside na ibinigay noong Nobyembre 1, 1992.*

**TALA**

1. Tingnan sa mga kuwento tungkol kina Nakababatang Alma (Mosias 27; Alma 29, 36), Adan at Eva (Moises 5:4–11), Samuel at Saul (I Samuel 15:9–11, 13–14, 20–24), at Nephi (1 Nephi 3–5). Tingnan din sa D at T 130:20–21.



PAGLALARAWAN NI JOHN LUKE




# Bakit MAHALAGA ang Pagpili

**Ni Mindy Raye Friedman**
Mga Magasin ng Simbahan

Araw-araw ay may gagawin kayong mga pagpili. Ang ilan sa mga pagpiling iyon ay walang gaanong kinalaman sa inyong walang-hanggang kaligtasan ("Anong kulay ng kamiseta ang isusuot ko?"), at ang ilan sa mga ito ay napakahalaga sa inyong walang-hanggang kaligtasan ("Susuwayin ko ba ang utos na ito?"). Kung minsan ay maiisip ninyo, "Talaga bang mahalaga ang aking mga pagpili?" O maaaring maisip pa ninyo, "Kung walang nakakaalam sa ginagawa ko, talaga bang may naaapektuhan sa mga desisyon ko?" Ang sagot ay oo! *Talagang* mahalaga ang mga desisyon.

## Bakit Mahalaga ang mga Ito

Para maunawaan kung bakit mahalaga ang inyong mga pagpili, balikan natin ang buhay bago tayo isinilang. Nang ilahad ng Ama sa Langit ang Kanyang plano ng kaligtasan, hindi lahat ay sumang-ayon. Tumutol si Lucifer sa plano at "naghangad na wasakin ang kalayaan ng tao" (Moises 4:3). Dahil dito, siya ay naging si Satanas at siya at yaong mga sumunod sa kanya ay pinalayas sa langit at pinagkaitan ng pagkakataong umunlad sa pamamagitan ng pagparito sa mortalidad. Ang kalayaan ay napakahalaga sa plano ng Diyos kaya pinalayas sa langit ang mga naghangad na wasakin ito!

Ang plano ng Ama sa Langit ay nagbibigay sa atin ng pagkakataong pumili para sa ating sarili dahil iyan lamang ang paraan para tayo matuto, umunlad, at maging higit na katulad Niya. Ang isa sa mga layunin ng buhay ay ang matutong gamitin nang matalino ang ating kalayaan. Ngunit hindi tayo binigyan ng kalayaan para

lang gawin ang gusto natin. Itinuturo sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*, "Habang narito sa lupa, sinusubukan kayo upang makita kung gagamitin ninyo ang inyong karapatang pumili para ipakita ang pagmamahal ninyo sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga kautusan."[1] Ang pagpili ng sundin ang mga kautusan ay nagpapakita sa Diyos na mahal natin Siya at handa tayong sumunod sa Kanya. Ang mga pagpiling ginagawa natin—pati na ang ating saloobin sa paggawa ng mga desisyong iyon—ay malaking bahagi ng pagsubok sa mortalidad.


### Pagpili ng Mabuti

Paulit-ulit kayong naturuan na ang pagpiling suwayin ang mga utos ng Diyos ay may masamang ibinubunga. Ngunit naisip ba ninyo na totoo rin iyan sa pagpili ng mabuti? Itinuturo sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*: "Bagama't malaya kayong piliin ang gusto ninyong gawin, wala kayong layang piliin ang mga resulta nito. *Mabuti* man o masama, kusang darating ang mga resulta ng mga pagpiling ginagawa ninyo."[2]

Kaya ano ang mga bunga ng pagpili ng mabuti? Marahil ay makakagawa kayo ng mahabang listahan ng mga pagpapalang nagmumula sa pagpili ng mabuti. Ang isang magandang lugar na mahahanapan ng mga pagpapalang ito ay sa mga banal na kasulatan at sa inyong buklet na *Para sa Lakas ng mga Kabataan*. Halimbawa: "Kung susundin mo ang aking mga kautusan at magtitiis hanggang wakas ikaw ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan" (D at T 14:7); "Ang paggalang sa Sabbath ay lalong magpapalapit sa inyo sa Panginoon at sa inyong pamilya"[3]; o "Kapag sinunod ninyo ang [Word of Wisdom], mananatili kayong ligtas sa mga nakapipinsalang pagkalulong at makokontrol ninyo ang inyong buhay."[4] Tila malalaking pagpapala ang mga iyon, at mas marami pa kayong makikita.

Sinabi ng Panginoon na tayo ay "nararapat na maging sabik sa paggawa ng mabuting bagay, at gumawa ng maraming bagay sa [ating] sariling kalooban," at nangako Siya na maaari nating "isakatuparan ang maraming kabutihan" kapag ginawa natin iyon (D at T 58:27). Kaya hindi lang natin dapat iwasan ang masasamang bagay kundi aktibo rin nating hangaring gawin ang mabubuting bagay.

Kung minsan ay lubha tayong nag-aalala tungkol sa lahat ng bagay na *hindi* natin nararapat gawin kaya nalilimutan natin na ang pagsunod ay kinabibilangan din ng paggawa ng mga bagay na *nararapat* nating gawin. Marahil ay nauunawaan ninyo na ang pagpiling labagin ang mga kautusan ay may masamang epekto sa inyong buhay, ngunit nauunawaan din ba ninyo



**MGA DESISYON ANG NAGTATAKDA NG KAPALARAN**

"Responsibilidad ng bawat isa sa atin ang pumili. Maitatanong ninyo, 'Talaga bang mahalaga ang mga desisyon?' Sinasabi ko sa inyo na ang mga desisyon ang nagtatakda ng kapalaran. Hindi kayo makagagawa ng walang hanggang desisyon nang hindi ito nagkakaroon ng epekto sa walang hanggan."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Mga Landas Tungo sa Pagiging Perpekto," *Liahona*, Hulyo 2002, 112.**

MGA PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS

MGA KABATAAN

MGA ARALING PANG-LINGGO
*Paksa sa Buwang Ito:*
**Ang Plano ng Kaligtasan**

## SUMALI SA USAPAN

### Mga Bagay na Pag-iisipan para sa Araw ng Linggo

- Ano ang papel na ginagampanan ng kalayaan sa plano ng kaligtasan?
- Paano naaapektuhan ng inyong mabubuting pasiya ang inyong buhay at ang buhay ng iba?
- Paano makakatulong sa inyo ang maliliit na desisyon para makamtan ang inyong mas malalaking mithiin?

### Mga Bagay na Maaari Ninyong Gawin

- Ilista ang mga mithiing gusto ninyong makamtan ngayon at sa hinaharap.
- Tingnan ang inyong listahan ng mga mithiin kapag magpapasiya kayo.
- Ibahagi ang inyong mga karanasan sa simbahan, sa bahay, o online sa youth.lds.org.

na ang pagpiling gumawa ng mabubuting bagay ay may mabuting epekto sa inyong buhay at sa buhay ng iba?

### Mamuhay nang May Layunin


Kaya paano ninyo matitiyak na mabuti ang pinipili ninyo? Una, isipin kung ano ang gusto ninyo sa inyong buhay. Gusto ba ninyo ng buhay na walang hanggan? Gusto ba ninyong mabuklod sa templo? Gusto ba ninyong maglingkod sa full-time mission? Gusto ba ninyong magtapos sa kolehiyo at magkaroon ng magandang trabaho? Kung gayon, paano ninyo ito matatamo? Tulad ng mga tagapagtayo na kailangan ng isang plano para makagawa ng skycraper, kailangan ninyo ng isang plano para maging matwid ang inyong pamumuhay.

Isulat ang ilan sa inyong mga mithiin at kung paano ninyo planong makamtan ito. Ilagay ang listahang iyan kung saan ninyo ito makikita nang madalas. Pagkatapos kapag kailangan ninyo talagang pumili, maaari ninyong isipin ang inyong listahan para matiyak na hindi ninyo ipagpapalit ang *pinakagusto* ninyo sa isang bagay na gusto ninyo *ngayon*. Ang pagtatakda ng mga mithiin ay ginagawa ring sadya at kusa ang inyong mga pagpili sa halip na pabigla-bigla, kaagad-agad, o batay sa mga sitwasyon.

Paano talaga ito naisasagawa? Sabihin natin na isa sa inyong mga mithiin ang maglingkod sa full-time mission. At tuwing umaga mapipili ninyong gumising nang maaga para sa early-morning seminary o matulog nang isang oras pa. Alin sa mga pagpipiliang iyon ang tutulong sa inyo na maabot ang inyong mithiin? O siguro mithiin ninyong mabasa ang buong Aklat ni Mormon bago matapos ang school year. Pagkatapos, kapag nakauwi na kayo mula sa paaralan o bago matulog, mapipili ninyo kung magbabasa kayo ng mga banal na kasulatan o gagawa ng ibang aktibidad, tulad ng panonood ng paborito ninyong palabas sa TV. Ano ang pipiliin ninyo? Ang mga pagpiling gaya nito ay nasa harapan ninyo araw-araw. Ang pagsasaisip sa inyong mga mithiin ay tutulong sa inyo na gumawa ng mga desisyong aakay sa inyo sa mga bagay na talagang gusto ninyo. ■

**MGA TALA**

1. *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (buklet, 2011), 2.
2. *Para sa Lakas ng mga Kabataan,* 2; idinagdag ang pagbibigay-diin.
3. *Para sa Lakas ng mga Kabataan,* 31.
4. *Para sa Lakas ng mga Kabataan,* 25.



### MAGDESISYON NANG MAAGA

"Noong dalagita pa ako, nalaman ko na may mga desisyon na isang beses lang gagawin. Gumawa ako ng listahan ng mga bagay na *lagi* kong gagawin at mga bagay na *hindi kailanman* gagawin sa maliit na kuwaderno. Kabilang dito ang susundin ang Word of Wisdom, magdarasal araw-araw, magbabayad ng aking ikapu, at palaging magsisimba. Ginawa ko na noon ang mga desisyong ito, kaya't nang dumating ang oras na kailangan kong magdesisyon, alam ko na ang gagawin ko dahil nakapagdesisyon na ako noon pa man. Nang sabihin ng mga kaibigan ko sa high school, 'Hindi masamang uminom kung isang beses lang,' natawa ako at sinabi kong, 'nagdesisyon ako noong 12 anyos ako na hindi ko gagawin iyan.' Ang maagang pagdedesisyon ay tutulong sa inyo na maging tagapangalaga ng kabanalan. Umaasa ako na maglilista kayo ng mga bagay na *lagi* ninyong gagawin at mga bagay na *hindi kailanman* ninyo gagawin. Pagkatapos ay sundin ang inyong listahan."

**Elaine S. Dalton, dating Young Women general president, "Mga Tagapangalaga ng Kabanalan,"** ***Liahona,*** **Mayo 2011, 123.**




LARAWANG KUHA NG BUSATH PHOTOGRAPHY



# MAKIPAGDEYT O HUWAG MAKIPAGDEYT

**Ni Savannah M. Smithson**

Sa eskuwelahan namin marami sa mga estudyante ang may kasintahan na. Sa unang araw ko sa eskuwelahan bilang eighth grader, nakilala ko ang isang tao na Paul ang pangalan. Magkasundo kami. Mabait na kaibigan si Paul.

Kinabukasan pagkatapos ng klase niyaya niya akong magdeyt. Sinabi kong hindi ako puwede, at itinanong niya kung bakit. Sinabi ko sa kanya na miyembro ako ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at hindi kami dapat makipagdeyt hangga't wala pa kaming 16 na taong gulang. Itinanong ni Paul kung bakit, at nalaman ko na hindi ko talaga alam ang dahilan.

Nang gabing iyon umuwi ako at pinag-isipan ko ang tanong ni Paul. Nagsaliksik ako sa LDS.org at nagbasa ng mga banal na kasulatan. May nakita akong pahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008): "Ginawa tayong kaakit-akit ng Panginoon sa isa't isa dahil sa dakilang layunin. Ngunit ang pagkaakit na ito mismo ang nagiging mitsa maliban na ito'y makontrol. . . . Ito ang dahilan kung bakit ipinapayo ng Simbahan na huwag [makipagdeyt] sa murang gulang."[1]

Binasa ko rin ang *Para sa Lakas ng mga Kabataan*. Sinasabi rito na ang pakikipagdeyt ay "matutulungan kayo . . . na matutong makihalubilong mabuti, makipagkaibigan, magkaroon ng makabuluhang kasayahan, at sa huli ay makahanap ng makakasama sa kawalang-hanggan."[2]

Kinabukasan ipinakita ko kay Paul ang buklet na *Para sa Lakas ng mga Kabataan*. Nakita ng ibang mga tao na binabasa ito ni Paul, at tinulungan ako ng mga kaibigan kong LDS na sagutin ang mga tanong ng mga kaklase ko. Masaya ako na may naisagot ako sa tanong ni Paul.

Sinasabi sa *Para sa Lakas ng Kabataan* na ang pakikipagdeyt bago sumapit sa edad na 16 at ang seryosong pakikipagrelasyon nang napakabata pa ay maaaring humantong sa imoralidad at maglilimita sa bilang ng mga taong makikilala natin. Sinasabi rin sa akin ng nanay ko na hindi tayo dapat makipagdeyt nang wala pang 16 na taong gulang dahil hadlang ito sa pag-aaral at mga pagkakataon na maaaring mahalaga sa tagumpay sa hinaharap. Nakita kong nalungkot ang mga kaibigan ko nang makipaghiwalay sila sa kanilang kasintahan sa edad na 13.

Natutuwa akong malaman sa sarili ko kung bakit hindi tayo dapat makipagdeyt bago sumapit sa edad na 16 at masagot ang tanong ni Paul nang hindi sinasaktan ang kanyang damdamin. Nagkaroon ako ng mabuting kaibigan, at umaasa ako na matagal kaming magiging magkaibigan. Nagpapasalamat ako na binigyan tayo ng Panginoon ng mga kaibigan at ng pagkakataong makipagdeyt sa tamang edad upang balang araw ay makahanap tayo ng tapat na kabiyak sa kawalang-hanggan. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Nevada, USA.*


**MGA TALA**

1. "Payo at Panalangin ng Isang Propeta para sa Kabataan," *Liahona,* Abr. 2001, 38.
2. *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (buklet, 2011), 4.

PAGLALARAWAN NI BEN SIMONSEN

# Ang Pag-aani

**Ni Elder Koichi Aoyagi**
Ng Pitumpu



*"Ang Espiritu Santo . . . ang magbibigay-alam sa inyo ng lahat ng bagay na nararapat ninyong gawin" (2 Nephi 32:5).*

Noong bata pa ako sa Japan, ginusto kong matuto ng English. Pero mahal magpaturo ng English, at wala akong sapat na pambayad.

Isang araw nakakita ako ng dalawang kabataang lalaki na namimigay ng mga flyer para sa libreng pag-aaral ng English. Mga missionary sila ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Agad akong nagpalista sa English class nila.

May nadama akong kakaiba sa mga missionary. Masayahin sila at maganda ang pananaw. Tinanong ko sila tungkol sa kanilang simbahan, at naantig ang puso ko. Hindi ko ito naunawaan noon, pero Espiritu pala ang nadama ko. Hindi nagtagal ay ginusto kong magpabinyag.

Ayaw ng mga magulang ko na magpabinyag ako sa isang simbahang iba sa kanila. Pero pumunta sa bahay namin ang mga missionary at magiliw na kinausap ang mga magulang ko. Inantig ng Espiritu ang puso ng aking mga magulang, at pinayagan nila akong mabinyagan.


Isang araw ng Linggo sa buwan ng Oktubre, inatasan akong magbigay ng mahalagang bahagi sa isang programa sa simbahan. Pero noong Oktubre kinailangang magpakasipag ng buong pamilya ko para maani ang palay sa palayan ng aking ama. Kasama na roon ang pagtatrabaho sa araw ng Sabbath.

Nagdasal ako sa Ama sa Langit, at may ipinasok na ideya ang Espiritu sa aking isipan. Puwede kong sikaping tapusin ang pag-aani bago sumapit ang Linggo. Gigising ako nang maaga at magtatrabaho tuwing umaga bago pumasok sa eskuwela. At tuwing hapon paglabas ng eskuwela ay magtatrabaho ako hanggang dumilim.

Pero pagsapit ng Sabado ng gabi kalahati pa lang ang naaani. Natulog akong dismayado dahil hindi ko nakamtan ang mithiin ko. Linggo ng umaga gumising ako nang maaga para pumunta sa palayan. Pumunta sa kuwarto ko ang aking ama at, habang magiliw na nakangiti, tinanong ako kung bakit hindi ako magsisimba. Puspos ng galak ang puso ko. Makakasimba ako at mapapanatili kong banal ang araw ng Sabbath!

Nagpapasalamat akong malaman na kapag nakinig tayo sa tinig ng Panginoon at sumunod sa Kanya, lagi Niya tayong pagpapalain at gagabayan. ■

PAGLALARAWAN NI DAVID MALAN



# Mahal KAYO ng Ama sa Langit

Ni Pangulong
Thomas S. Monson

Mahal kayo ng Ama sa Langit—bawat isa sa inyo. Ang pagmamahal na iyan ay hindi nagbabago.

Nariyan ito para sa inyo kapag kayo ay malungkot o masaya, pinanghihinaan ng loob o umaasa.

Hindi ito naiimpluwensyahan ng inyong hitsura o mga ari-arian.

Hindi ito nababago ng inyong mga talento at kakayahan. Basta nariyan lang ito.

Ang pag-ibig ng Diyos ay nariyan para sa inyo marapat man kayong mahalin o hindi. Basta nariyan lang ito palagi. ■

PAGLALARAWAN NI JIM MADSEN

Mula sa "Hindi Tayo Kailanman Nag-iisa," *Liahona,* Nob. 2013, 124.

# Pinakamabuting Pamilya Magpakailanman



*Hindi na isinasali ng ibang mga batang babae si Olivia sa usapan. Makakatulong ba ang isang balde ng pintura?*

**Ni Olivia Corey**

Batay sa tunay na buhay

*"Dito ako'y may mag-anak. Kami'y nagmamahalan" ("Mag-Anak ay Magsasamang walang Hanggan,"* Aklat ng mga Awit Pambata, *98).*

Yumuko si Olivia habang nakikinig sa tuwang-tuwang mga bulungan ng mga batang babae na naka-upo sa likuran niya sa bus.

"Ang saya ko kasi sabi ng nanay mo pu-wede kang pumunta sa amin! Dala mo ba ang mga lalaruin natin?"

"Dala ko. Pinagdala rin ako ni Inay ng isang supot ng popcorn!"

Napasimangot si Olivia habang nag-babasa ng aklat. Hindi ba nila alam na naririnig ko sila? Ayaw niya talagang marinig na nag-paplano ng anuman ang dalawang kaibigan niya nang hindi siya kasama.

Sina Stephanie, Rebecca at Olivia ay matagal nang magkakaibigan.

PAGLALARAWAN NI ROGER MOTZKUS

Dati-rati ay magkakasama sila sa lahat ng aktibidad. Pero nang magpasukan ulit sa eskuwela, nalaman nina Stephanie at Rebecca na pareho sila ng guro, samantalang nasa ibang klase naman si Olivia! Naalala ni Olivia ang lungkot na nadama niya habang tuwang-tuwang pinag-uusapan ng dalawa na magtatabi sila ng usupan sa klase at sabay na kakain sa tanghalian. Nadama rin niya ang lungkot na iyon ngayon.

Huminto ang bus sa harap ng bahay ni Rebecca. Malungkot na sinilip ni Olivia sa bintana ang pagbaba ng bus ng mga bata at pagtakbo nila sa papunta sa bakuran sa harapan.

Nang makarating ang bus sa bababaan ni Olivia, halos hindi niya mapigilang lumuha. Nagmamadali siyang pumasok sa bahay.

"Kumusta sa eskuwela?" tanong ni Inay.

Nagsimulang umiyak si Olivia. "Hindi po masaya! Hindi na po ako gaanong kinakausap nina Rebecca at Stephanie, samantalang dapat ay matalik kaming magkakaibigan kailanman!" paghibik niya.

"Nakakalungkot nga iyan, Olivia. Mahirap talaga kapag nagsimulang magbago ang pagkakaibigan," sabi ni Inay. Tumigil siya sandali. "Naaalala mo ba nang pumunta tayo sa templo para mabuklod?" tanong niya, habang nakaturo sa larawang nakasabit sa dingding. Tumingin si Olivia at nakita ang kanyang pamilya na nakangiti sa harapan ng templo. Mas bata pa siya noon, pero naaalala pa niya na kasama niya ang kanyang mga magulang at Ate Jane sa magandang sealing room.

"Alam mo ba kung bakit tayo nagsikap nang husto na makapaghandang magpunta sa templo?"

"Dahil gusto po nating maging isang pamilya magpakailanman?" sagot ni Olivia.

"Mismo. Kahit hindi na kayo matalik na magkakaibigan nina Rebecca at Stephanie magpakailanman, kaibigan mo pa rin ang pamilya mo magpakailanman."

"Opo nga," sabi ni Olivia. "Pero iba po iyon."

"Alam kong nasasaktan ka," sabi ni Inay, "pero masaya ako at nakauwi ka na. May ipapagawa ako sa inyo ni Jane."

Hindi makapaniwala si Olivia sa narinig. Sa halip na paglubagin ang loob niya, binigyan pa siya ni Inay ng gagawin!

"Magsuot ka ng lumang damit at puntahan mo ako sa beranda sa likod. Papuntahin mo rin si Jane."

Umakyat si Olivia na mas malakas ang dabog kaysa rati, at nagsuot ng damit-pantrabaho.

Nang nakabihis at nakalabas na ang mga bata, nakita nila si Inay na naglalakad mula sa kamalig. May dala itong isang berdeng balde, ilang brotsa, at nakabalumbon na plastik. Pagdating nito sa beranda, inilatag nito ang plastik at binigyan ng tig-isang brotsa ang dalawang bata.

"May papipinturahan po kayo sa amin?" nag-aalinlangang tanong ni Olivia. Karaniwa'y si Itay ang gumagawa ng gayong mga proyekto.

"Oo," sabi ni Inay. "Gusto ko pinturado na ang pinto sa likuran bago maghapunan." Pagkatapos ay tumalikod na ito at pumasok sa bahay.

Nagkatinginan nang matagal ang mga batang babae at saka ngumisi. Masaya ito. Isinawsaw nila ang kanilang brotsa sa makinis at berdeng pintura at nagtrabaho na. Nagustuhan ni Olivia ang trabahong ito—parang hindi man lang sila nagtrabaho. Ipinakita sa kanya ni Jane kung paano magpintura nang diretso at pantay. Hindi nagtagal ay nagtatawanan at nagkukuwentuhan na ang dalawa. Naalala ni Olivia ang lahat ng masasayang sandaling pinagsamahan nila ni Jane. Masaya siya na laging nariyan ang kapatid niya bilang kaibigan.

Makalipas ang ilang oras puno na sila ng mga tilamsik ng berdeng pintura at kapwa malaki ang ngiti. Maingat na binuksan ni Olivia ang makintab at berdeng pinto at isinungaw ang kanyang ulo sa loob. "Inay, tapos na po kami sa pinto," malakas niyang sabi. "Tingnan po ninyo kung gaano kaganda!" ■



"Nagtatatag tayo ng malalim at mapagmahal na ugnayan ng pamilya sa pamamagitan ng paggawa ng mga simpleng bagay [nang sama-sama]."

**Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Sa mga Bagay na Pinakamahalaga, *Liahona,* Nob. 2010, 21.**



# Bakit napakahalagang maglingkod sa iba?

**Ni Elder M. Russell Ballard**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

*Ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ay mga natatanging saksi ni Jesucristo.*

Sa maraming pagkakataon ay sinasagot ng Ama sa Langit ang mga panalangin ng ibang tao sa pamamagitan natin—sa pamamagitan ko at ninyo.

Itinuro ni Jesucristo na dapat nating mahalin ang Diyos at mahalin at pangalagaan ang ating kapwa.

Kung ginagawa nating lahat ang simple at araw-araw na paglilingkod, mapapabuti at mapangangalagaan natin ang mundo sa pamamagitan ng pag-asa at pag-ibig.



Manalangin sa Ama sa Langit tuwing umaga para matukoy ang mga pagkakataong maglingkod. Saka humayo sa buong maghapon at maghanap ng matutulungan.

Mula sa "Maging Sabik sa Paggawa," *Liahona,* Nob. 2012, 29–31.

PAGLALARAWAN NI ADAM KOFORD


# ANG ATING PAHINA



***Ang Panalangin ni Joseph Smith sa Kagubatan,* ni Carolina M., edad 7, Brazil**



***Ang Punungkahoy ng Buhay,* ni Raquel C., edad 7, Bolivia**





Mithiin kong magpunta sa templo upang mabuklod at magkaroon ng walang-hanggang pamilya. Gusto ko ring magmisyon. Sa 1 Nephi 6:5, sinabi ni Nephi na isinusulat niya ang mga bagay na nakasisiya sa Diyos at hindi sa sanlibutan. Gusto ko ring gawin ang mga bagay na kasiya-siya sa Diyos at hindi sa mundo. Alam ko na tinutulungan tayo ng Diyos, at alam Niya ang kailangan natin.

**Lis D., edad 11, Argentina**



***Si Jonas ay isang Propeta,* ni Brigham C., edad 5, Mexico**



***Arka ni Noe,* ni Ivanhoe C., edad 9, Mexico**



Sa wakas ay dumating din ang araw na pinakahi-hintay ko. Ako ang huling nabinyagan sa pamilya ko dahil ako ang pinakabata. Bininyagan ako ng tatay ko dahil taglay niya ang priesthood; siya rin ang bishop. Ngayon ay miyembro na ako ng Simbahan ni Jesucristo.

**Jonathan L., edad 8, Ecuador**



Ang tiyo ko ay full-time missionary sa Guatemala, at talagang nangungulila ako sa kanya. Pero nalaman ko na naglilingkod siya sa Ama sa Langit, at paglaki ko, gusto kong magmisyon katulad niya. Kaya nga gusto ko ang awitin sa Primary na "Sana Ako'y Makapagmisyon."

**Manuel L., edad 5, El Salvador**

# Privet, drooks!* Ako si Arina mula sa Russia




**Mula sa interbyu ni Amie Jane Leavitt**

Gusto ba ninyong magpatotoo sa iba? Siguro nagpapatotoo kayo sa simbahan. O siguro nagpapatotoo kayo sa inyong pamilya, kaibigan, at guro sa pagmamagitan ng pagpapakita ng mabuting halimbawa. Ito si Arina mula sa Kazan, Russia, at siya ay pitong taong gulang. Gusto niyang magpakilala pa sa inyo nang kaunti at ipaalam sa inyo ang maraming paraan kung paano niya nalaman na totoo ang Simbahan. ■




***Bago ako matulog, nagbabasa kami ng nanay ko ng mga banal na kasulatan. Ang paborito kong kuwento ay sa 1 Nephi noong umalis si Lehi sa Jerusalem kasama ang kanyang pamilya. Ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan, pagdarasal, at pagpapatotoo ay tinutulungan akong maghanda na mabinyagan.***



** “Hi, mga kaibigan!” sa wikang Russian.*

MGA LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NG PAMILYA NI ARINA; BACKGROUND NG ISTOCKPHOTO/THINKSTOCK; PAGLALARAWAN NI VAL CHADWICK BAGLEY





*Mahilig akong magtanghal sa entablado. Siguro namana ko ito sa nanay ko, dahil isa siyang propesyonal na opera singer. Mahilig akong kumanta at tumugtog ng biyolin.*



*Marami akong pagkakataong kausapin ang iba tungkol sa ebanghelyo. Niyayaya ko ang mga kaibigan ko na sumama sa akin sa Primary. Kanina lang, itinuro ko sa aking lola-sa-tuhod kung paano namin binabasbasan ang pagkain. Ngayon ay sama-sama na kaming nagbabasbas sa pagkain.*



*Masaya ang buhay ko sa Russia. Kapag mainit sa labas, lumalangoy kami ni Inay sa Volga River at naglalakad-lakad sa parke malapit sa bahay namin. Kapag malamig ang panahon, gusto naming mag-ice skate. Gusto rin naming panoorin ang pagtatanghal ng mga hayop sa circus at ang mga puppet sa doll theater.*

## TEMPLO'Y IBIG MAKITA



*Kahit minsan sa isang taon, nagbibiyahe kami ng nanay ko papuntang Kyiv Ukraine temple. Sumasakay kami ng tren para makarating doon, at karaniwan ay dalawang araw kaming nagbibiyahe. Natutuwa kaming tingnan ang maraming lungsod at bukiring dinaraanan namin. Gustung-gusto kong pumunta sa templo.*



*Ang watawat ng Russia*

## HANDA NA SIYANG UMALIS!

*Ang bag ni Arina ay punung-puno ng ilan sa mga paborito niyang bagay. Alin sa mga bagay na ito ang ilalagay ninyo sa inyong bag?*



Alamin ang iba pa tungkol sa tema ng Primary sa buwang ito!

# May Plano ang Ama sa Langit para sa Kanyang mga Anak

Naaamoy ni Oliver ang brownies na hinuhurno ni Lola sa oven, at may pagpipitagan sa bahay nina Lolo't Lola. Buong araw na inabangan ni Oliver ang espesyal na family home evening na ito.

"Ang lesson natin ay tungkol sa plano ng kaligayahan na ginawa ng Ama sa Langit para sa ating lahat," sabi ni Lolo. "Ngayong gabi ang kusina ang kakatawan sa langit, kung saan tayo nanahan sa piling ng Ama sa Langit bago tayo pumarito para manirahan sa lupa," wika niya.

"Naroon po ba ako noon, Lolo?" tanong ni Archie. Inilibot ni Oliver ang kanyang tingin sa buong silid sa kanyang Lolo at Lola, Inay at Itay, at nakababatang mga kapatid na sina Archie at Ethan.

"Oo," sabi ni Lolo. "Naroon tayong lahat. At nang ilahad sa atin ng Ama sa Langit ang Kanyang plano na lumikha ng isang daigdig at magsugo ng Tagapagligtas para sa atin, napakasaya natin kaya naghiyawan tayo sa galak."

Nagtawanan at nagtatalon sina Archie at Ethan.

"Sino sa pamilya natin ang unang lumisan sa langit at pumarito sa lupa?" tanong ni Lolo.

"Kayo po," sabi ni Oliver.

Umalis si Lolo sa kusina. Sumunod na umalis si Lola. Pagkatapos ay isa-isang sumama sa kanila sa kuwarto ang bawat miyembro ng pamilya ni Oliver.

"Ang kuwartong ito ang kakatawan sa mundo," sabi ni Lolo. "Ano ang ilan sa mga bagay na magagawa natin dito na tutulong sa atin na makabalik sa Ama sa Langit?" tanong niya.

"Magpabinyag," sabi ni Oliver.

"Magpunta sa templo," sabi ni Inay.

"Piliin ang tama," sabi Archie.

Tumango si Lola at ngumiti. Pagkatapos ay sinabi niya na kailangan nang lisanin ang lupa at bumalik sa Ama sa Langit.

"Ako muna," sabi ni Lolo.

"Naku Lolo, huwag po kayong umalis!" sabi ni Ethan.

"Huwag kang mag-alala," sabi ni Lolo. "Ang pag-alis sa lupa ay bahagi ng plano ng kaligayahan ng Ama sa Langit. Hindi magtatagal at magkakasama-sama tayong muli."

Isa-isang nagbalikan sa kusina ang lahat. "Nakabalik na tayo sa langit!" sabi ni Itay nang yumakap sa kanya sina Archie at Ethan.

Natuwa rin si Oliver na makita ang kanyang pamilya na para bang matagal siyang nawalay sa kanila. Patakbo niyang niyakap ang kanyang mga kapatid at Inay at Itay. Naunawaan na niya ngayon kung bakit tinawag ito ni Lolo na plano ng *kaligayahan* ng Ama sa Langit. ■

## Awit at Banal na Kasulatan

- "Susundin Ko ang Plano ng Diyos" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 86–87)
- Moises 1:39

## Mga Ideya na Pag-uusapan ng Pamilya

Maaari kayong maghalinhinan sa pagbanggit ng ilan sa mahahalagang bagay na *nagawa na* ng mga miyembro ng inyong pamilya upang sundin ang plano ng Ama sa Langit—tulad ng pagdarasal, pagpapabinyag, pagtanggap ng priesthood, pagpunta sa templo, at pagpili ng tama. Maaari ninyong bigyan ng pagkakataon ang mga miyembro ng pamilya na ipahayag ang kaligayahang nadama nila sa mga espesyal na sandaling iyon. Pagkatapos ay maaari kayong bumanggit ng ilang mahahalagang bagay na *gagawin sa hinaharap* ng inyong pamilya at magpatotoo tungkol sa kaligayahang madarama kapag patuloy ninyong susundin ang kahanga-hangang plano ng Ama sa Langit.

PAGLALARAWAN NI BRAD TEARE

| |
|---|
| 3 Nephi 17:20 |
| 2 Nephi 32:9 |
| Doktrina at mga Tipan 124:34 |
| 2 Nephi 32:5 |
| Doktrina at mga Tipan 1:32 |
| Doktrina at mga Tipan 33:11 |
| Doktrina at mga Tipan 59:9 |
| Juan 5:39 |
| Doktrina at mga Tipan 110:7, 9 |

## Susundin Ko ang Plano ng Diyos

Gupitin ang mga scripture slip at ilagay nang pabaligtad sa ibabaw ng mesa. Maghalinhinan sa pagdukot ng isang slip at paghanap sa banal na kasulatan. Pagkatapos ay idikit ito sa tabi ng salitang nasa hagdanan na tumutulong sa atin na makabalik sa Ama sa Langit.



# Palaging Sasamahan Ka



Kung ang lakad mo
ay kaiba, sa 'yo'y
umiiwas sila.



Ngunit
'di ako!

MGA PAGLALARAWAN NI ELISE BLACK

Kung kakaiba'ng pagbigkas mo, mayro'ng natatawa sa 'yo.





Ngunit 'di ako!
Palaging sasamahan
ka. Ipapakitang
mahal ka.

‘Di namili si Jesus.
Lahat minahal
nang lubos.



Gayon din
ako! ■





*Mula sa “Palaging Sasamahan Ka,”* Aklat ng mga Awit Pambata, *78–79.*

# Tulungan si Ellie na Hanapin si Jacob

Gustong sumunod ni Ellie kay Jesus sa pamamagitan ng pagmamahal sa lahat ng tao. Ngayon gusto niyang makipaglaro sa kaibigan niyang si Jacob. Tulungan si Ellie na makahanap ng mga laruan sa daan na mapaglalaruan nila ni Jacob.



# MGA PALATANDAAN

Ni Jerry Peak



Karaniwan ay sa highway ako dumadaan papuntang trabaho. Iyon ang pinakamabilis at pinakamadaling paraan para makarating doon. Sinisikap kong makaalis nang maaga para hindi ako abutan ng pagsikip ng daloy ng trapiko, kung kailan bumabagal ang takbo ng mga sasakyan at posibleng magkaroon ng mga aksidente.

Gayunman, isang umaga ay nahuli ako ng alis ng bahay at naabutan ako ng pagsikip ng trapiko. Nang makalabas ako sa highway, naisip ko ang pag-aaral ko ng banal na kasulatan nang umagang iyon. Naramdaman ko na masyado akong nakatuon sa mga makamundong bagay at hindi sapat ang pagtuon ko sa mga espirituwal na bagay. Habang nagmamaneho ako papasok sa trabaho, inisip ko kung paano ako mas makapagtutuon sa mga espirituwal na bagay sa buong maghapon.

Pagkatapos ay napansin ko ang isang mensahe sa isa sa malalaking electronic sign sa highway na nagbababala sa mga drayber tungkol sa mga aksidente o kundisyon ng daan. Nang malapit na ako, nabasa ko, "Banggaan sa Mesa Drive—hinarangan ang center lane." Ayaw ko nang mahirapan pang umalis sa highway, kaya inisip ko kung gaano katagal ako maaaring manatili sa highway bago ko *kailanganing* lumabas.

*Inisip ko kung ilang beses ko isinantabi ang aking espirituwal na kaligtasan dahil nakatuon ako sa mga makamundong bagay.*

Pagkatapos ay may isa pa akong naisip: kung hindi ko papansinin ang babala, ilalagay ko ba ang sarili ko sa panganib? Binabalewala ko ba ang babala dahil lang sa ayaw kong maabala ang iskedyul ko? Malinaw na gusto kong balewalain ang mga babala sa pisikal na kaligtasan ko; gaano kadalas ko ba isinantabi ang mga pahiwatig para sa espirituwal na kaligtasan ko?

Habang pinag-iisipan ko kung paano makinig nang mas mabuti sa Espiritu, natanto ko na marahil ay nagpapadala ng maraming mensahe sa akin ang Ama sa Langit sa buong maghapon. Inisip ko kung ilang beses ko napalampas ang Kanyang mga mensahe dahil hindi ako nakinig sa mga espirituwal na pahiwatig. Nangako ako na mas gawin ang nararapat.

Tiningnan ko ang daloy ng trapiko, lumipat ako ng lane, at lumabas ako sa sumunod na exit. Sa pagdaan sa tabing kalsada para makarating sa trabaho, naiwasan ko ang lahat ng peligro at panganib ng pananatili sa highway habang nililinis ang pinangyarihan ng aksidente.

Alam kong sapat ang pagmamahal sa akin ng Panginoon para padalhan ako ng Kanyang mga mensahe. Kailangan ko lang maging sensitibo sa mga espirituwal na pahiwatig na ipinadarama Niya sa akin. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Arizona, USA.*




PAGLALARAWAN NI ROBERT T. BARRETT

## SPENCER W. KIMBALL

Minahal ni **Spencer W. Kimball** ang mga inapo ng mga Lamanita. Ang **basket** at ang **background pattern** ay kumakatawan sa pagmamahal niya sa kanilang kultura. Nang maglingkod siya bilang Pangulo ng Simbahan, naglimbag ang Simbahan ng mga bagong edisyon ng mga **mga banal na kasulatan.** Tumanggap din siya ng paghahayag na lahat ng karapat-dapat na lalaki ay maaaring magtaglay ng **priesthood.** Mahigit dalawampung templo ang inilaan o muling inilaan noong siya ang pangulo, kabilang na ang **Jordan River Utah Temple.**

# Kabilang Din sa Isyung Ito

## PARA SA MGA YOUNG ADULT



p. 48

### MAGSALITA, MAKINIG AT **MAGMAHAL**

Nag-uusap ba kayong mabuti ng inyong asawa? Ang pag-unawa sa tatlong uring ito ng pag-uusap ay matutulungan kayong patatagin ang inyong relasyon.

## PARA SA MGA KABATAAN




### MGA PAGPAPALA NG **TEMPLO**

Kapag may problema at mahalagang desisyon kayong gagawin na bumabagabag sa inyong isipan at kaluluwa, maidudulog ninyo ang inyong mga alalahanin sa templo at tatanggap kayo ng espirituwal na paggabay.

p. 52

## PARA SA MGA BATA



p. 66

### Ang Pag-aani

Isang ideya ang ipinasok ng Espiritu sa aking isipan: Pwede kong sikaping tapusin ang pag-ani bago mag-Linggo.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02109 82893 4